1st

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Naiisa-isa ang mga bagay na may kinalaman sa pamumuhay na panlipunan

II. Paksang-aralin:

Pangkat ng Tao sa Lipunan

Sanggunian: PELC Yunit I A.1 A.2
Kagamitan: Graphic Organizer na ipinakikita ang 3 pangkat ng lipunan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. ***Pagganyak***

Magpakita ng larawan ng mag-anak at ang gawain ng bawat kasapi. Magkuwento tungkol sa sariling mag-anak. Sinu-sino ang bumubuo sa mag-anak at ang tungkulin nito.

B. Panlinang na Gawain:

1. ***Paglalahad:***
   Magpakita ng larawan ng:
   a. mag-anak na mayaman
   b. mag-anak na katamtaman ang buhay
   c. mag-anak na kapos sa pangangailangan
   - Ilarawan ang bawat isa paghambingin din ang mga ito.

2. ***Pagbibigay hinuha:***
   Paano kaya pinangkat ang mga unang Pilipino? Sinu-sino ang bumubuo sa bawat pangkat?

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat*** (Gamitin ang Graphic Organizer)

Iisa ang balankas ng lipunan ng mga unang Pilipino sa tatlong pulo n gating bansa. Ito ang mga sumusunod:



IV. Pagtataya:

Punan ang _____ ng tamang sagot:

1. Ang pinakamababang pangkat ng tao sa Visayas ay ang _____.
2. Pinakamakapangyarihan sa lipunan ang _____.
3. Itinuturing na katamtaman ang katayuan ng pangkat ng _____.

V. Kasunduan:

Sumulat ng sanaysay. Pumili ng isa sa mga sumusunod.

- ❖ Ang Lahat ay Pantay-Pantay
- ❖ Pantay na Pagkakataon: Tungo sa Pagkakaisa

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Natatalakay ang bahaging ginagampanan ng pangkat ng tao sa lipunan

II. Paksang-aralin:

Pangkat ng Tao sa Lipunan

Sanggunian: PELC Yunit I A.1 A.2
Kagamitan: larawan ng mag-anak na mayaman, katamtaman ang pamumuhay at mahirap

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. ***Pagganyak***

   Magpakita ng larawan ng mag-anak at ang gawain ng bawat kasapi. Magkuwento tungkol sa sariling mag-anak. Sinu-sino ang bumubuo sa mag-anak at ang tungkulin nito.

B. Panlinang na Gawain:

1. ***Paglalahad:***
   Magpakita ng larawan ng:
   a. mag-anak na mayaman
   b. mag-anak na katamtaman ang buhay
   c. mag-anak na kapos sa pangangailangan
   - Ilarawan ang bawat isa paghambingin din ang mga ito.

2. ***Pag-uulat/Pagtalakay/Pagpapatunay***
   a. Sinu-sino sa Luzon, Visayas, Mindanao
   b. Paghambingin ang bawat pangkat.
   c. Anu-ano ang gawain ng bawat isa?
   d. Ano ang kaugnayan ng pagkakapangkat ng tao sa kasalukuyan.

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat***

Tatlong Pangkat ng Lipunan ng Unang Pilipino

A. Luzon
   1. Datu
   2. Maharlika/Timawa
   3. Alipin

B. Visayas
   1. Datu
   2. Timawa
   3. Oripun o Alipin

C. Mindanao
   1. Mala-i-bangsa o maharlika
   2. Mabubai-bangsa o matagtao
   3. Alipin

IV. Pagtataya:

Ipapili ang tamang sagot.

1. Nakabasag ng mamahaling baso ang katulong ninyo sa bahay. Ano ang gagawin mo?
   a. Sisigawa siya
   b. Kagagalitan ko siya.
   c. Pababayaran ko ito sa kaniya
   d. Sasabihin kong mag-iingat siya sa susunod.
2. Nakababata sa iyo an glider ninyo sa klase. May ipinagagawa siya sa iyo. Ano ang gagawin mo?
   a. Hindi ko siya susundin

b. Wala akong pakialam sa kaniya.

c. Susunod ako pero galit ako sa kaniya.

d. Susundin ko siya dahil lider ko siya.

V. Kasunduan:

Sumulat ng sanaysay. Pumili ng isa sa mga sumusunod.

- ❖ Ang Lahat ay Pantay-Pantay
- ❖ Pantay na Pagkakataon: Tungo sa Pagkakaisa

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- Napaghahambing ang pagkakapangkat ng tao noon at ang pagkakakpangkat ng tao ngayon

II. Paksang-aralin:

Pangkat ng Tao sa Lipunan

Sanggunian: PELC Yunit I A.1 A.2
Kagamitan: larawan ng 3 pangkat ng tao noon at ngayon

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. ***Pagganyak***

   Magpakita ng larawan ng 3 pangkat ng tao noon at ngayon.

B. Panlinang na Gawain:

1. ***Paglalahad:***
   Magpakita ng larawan ng 3 pangkat ng tao noon at ngayon.Ilarawan ang bawat isa Paghambingin ang mga ito.

2. ***Pag-uulat/Pagtalakay/Pagpapatunay***
   a. Sinu-sino sa Luzon, Visayas, Mindanao
   b. Paghambingin ang bawat pangkat.
   c. Anu-ano ang gawain ng bawat isa?
   d. Ano ang kaugnayan ng pagkakapangkat ng tao sa kasalukuyan.

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Pagpapalawak ng aralin***

a. Pangkatin ang mga bata sa 3 pangkat. Bawat pangkat ay kumakatawan sa pangkat ng tao. Ipakita sa dula-dulaan ang kanilang katangian at katungkulan.

IV. Pagtataya:

Punan ang patlang ng tamang sagot:

Ang karaniwang pagkakapangkat ng tao noong panahon ng ating mga ninuno ay 1. _____, 2. _____ at 3. _____.

V. Kasunduan:

Kung nabubuhay ka noon at nabibilang sa pinakamataas na pangkat, paano mo pinakakikitunguhan ang sinumang nabibilang sa ibang pangkat.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nasasabi ang mga karapatan ng mga babae noon.

II. Paksang-aralin:

Sanggunian: PELC Yunit I A.3
Kagamitan: - larawan ng mga babae na gumaganap ng iba't ibang gawain at tungkulin

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Basahin ang isinulat na salaysay
3. Hulaan mo kung sino ako:

   Ako ay pangkat ng tao noong unang panahon na ang tungkulin ay magpatayo ng bahay, gumaod ng bangka, sumalakay sa teritoryo ng kalaban, at sa iba pang Gawain para sa datu.

4. Pagganyak:

   Magpakita ng larawan ng babaing bumuboto o binibigyan ng upuan sa sasakyan.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Ano ang ipinakikita ng mga larawan at mga kalagayan?
2. Pagbibigay-hinuha
   Ngayon lamang ba pinahahalagahan ang raga babae sa lipunan? Bakit?
3. Pagbasa ng teksto
4. Pagtalakay/Pagpapatunay
   a. Patunayan na may mataas na pagtingin sa mga babae noon pa mang unang panahon.
   b. Maglahad ng mga pagkakataon na ipinakikita ang pagpapahalaga sa mga babae.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:
   Magsagawa ng role playing tungkol sa pagpapahalagang maaaring ipakita sa sumusunod:
   a. sa sasakyan
   b. sa pagtawid sa daan
   c. sa pakikitungo sa mga katulong sa bahay

IV. Pagtataya:

Piliin ang titik ng tamang sagot:

1. May mataas nang pagtingin sa mga babae ang mga unang Pilipino. Alin ang <u>hindi</u> nagpapatunay sa pangungusap na ito?

   a. Lumalakad ang mga lalake nang nauuna sa mga babae.

   b. May batas patribu na nag mga babae ay kapantay ng mga lalake

   c. Naglilingkod muna ang lalake sa pamilya ng babae bago sila ikasal.

   d. Maaaring magmana ng pagkadatu ang anak na babae kung ang datu ay walang anak na lalake.

2. Alin ang hindi karapatan ng mga babae noon?

   a. Maaari silang maghanapbuhay

   b. Maaari silang pumili ng puno ng barangay.

   c. Maaari silang magmana ng ari-arian

   d. Maaari silang makipagkalakalan sa mga dayuhan.

V. Kasunduan:

Sumipi ng balita tungkol sa ilang matagumpay na babae rito at sa ibang bansa.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Natatalakay ang mga paraan ng pagpapahalaga ng mga unang Pilipino sa mga kababaihan.

II. Paksang-aralin:

Sanggunian: PELC Yunit I A.3
Kagamitan: - Flower Webbing na ipinakikita ang paraan ng paggalang sa mga kababaihan.

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Basahin ang isinulat na salaysay
3. Hulaan mo kung sino ako:

   Nakalulungkot sabihing ako ang pinakakaawa-awang alipin sapagkat wala akong ari-arian, wala akong sariling bahay, at pag-aari ako ng datu.

4. Pagganyak:

   Magkuwento ng isang kalagayang ipinakikitang iginagalang ng lalaki ang babae sa isang pagtitipon, sa restawran, at sa iba pang pagkakataon

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Ano ang ipinakikita ng mga larawan at mga kalagayan?
2. Pagbibigay-hinuha
   Ngayon lamang ba pinahahalagahan ang raga babae sa lipunan? Bakit?
3. Pagbasa ng teksto
4. Pagtalakay/Pagpapatunay
   a. Anu-ano ang mga kaugalian noon ukol sa panliligaw at panunuyo ng lalake sa mga


dalaga?

b. Paghambingin ang katayuan ng babae sa lipunan noon at ngayon.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat/Gamitin ang Flower Webbing

Noon pa man, pinahahalagahan na sa Pilipinas ang katayuan ng mga babae. Pantay na karapatan ang ibinibigay ng barangay sa mga babae.



IV. Pagtataya:

Alin sa mga sumusunod na kaugalian ang naglalarawan ng pagpapahalaga sa kababaihan? Lagyan ito ng tsek (✔)

_____ 1. pag-iigib ng tubig

_____ 2. nagbibigay ng pera, ginto, at ari-arian

_____ 3. pagpaparusa sa kanyang kamalian

_____ 4. pagkukumpuni sa sirang kasangkapan

_____ 5. pinauuna sa pagpasok sa pintuan ang babae.

V. Kasunduan:

Gumupit ng larawan na nagpapakita ng paggalang sa mga kababaihan sa sumusunod na kalagayan:

(a) sa mga sasakyan

(b) sa pagtawid sa daan

(c) sa pakikitungo sa mga katulong at hindi kamag-anak.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nakikilala ang katutubong paraan ng pagbasa at pagsulat ng mga unang Pilipino

II. Paksang-aralin:

Sistemang Edukasyon
Sanggunian: PELC Yunit I A.4
Kagamitan: - Abakadang Pilipino

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aral

Pag-aralan ang mga gawain nakatala sa ibaba. Piliin sa mga ito ang nagpapakita ng paggalang sa katayuan ng mga babae. Lagyan ng ✔ ang hanay na napili mo.

Nagpapakita ba ito ng Paggalang sa mga Babae?	Oo	Hindi	Hindi Alam
1. Pinauuna ng lalake sa pagpasok sa pinto.			
2. Tinutulungan sa pagbuhat ng mabigat na bagay.			
3. Sinasaktan kung nagkamali.			

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad:
   Ano ang sistema ng edukasyon sa kasalukuyan?
2. Basahin ang teksto.
3. Pagtalakay at pagpapatunay
   a. Ano ang sistema ng edukasyon noong unang panahon?
   b. Sino ang nagsaliksik sa paraan ng pagsulat ng unang Pilipino?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

Walang pormal na pag-aaral noong panahon ng ating ninuno, subalit sinasabing mataas ang antas ng kaalaman ng mga tao. Sa mga babae, itinuturo ng mga magulang ang kasanayang magluto, manahi, maghabi, magalaga ng hayop at magtanim. Ang pagtuturo sa kalalakihan ay binubuo ng kasanayang maglayag, at lumaban nang mahusay gaya ng paghawak ng armas.

IV. Pagtataya:

Isulat ang I kung ang pangungusap ay wasto. Isulat ang M kung ito'y mali at palitan ang salitang may guhit upang maging wasto ang pangungusap.

1. Pormal ang sistema ng edukasyon noong unang panahon.
2. Kahawig ng sistemang pagsulat sa Timog-Silangang Asya ang sistema ng pagsulat ng mga unang Pilipino.
3. Binubuo ng labing-anim na titik ang unang alpabetong Pilipino.

V. Kasunduan:

Integrasyon ng EPP

Gumawa ng "schedule" ng gawain sa pang-araw-araw. Ipakita ang oras ng pag-aaral.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Naihahambing ang sistema ng edukasyon ng mga unang Pilipino sa sistema ng edukasyon ngayon.

II. Paksang-aralin:

Sistemang Edukasyon
Sanggunian: PELC Yunit I A.4
Kagamitan: - Abakadang Pilipino, larawan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Pagganyak

   Isulat sa pisara ang bagong abakadang Pilipino at ang ilang titik sa unang alpabeto.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad:
   Ano ang sistema ng edukasyon sa kasalukuyan?
2. Basahin ang teksto.
3. Pagtalakay at pagpapatunay
   a. Ano ang sistema ng edukasyon noong unang panahon?
   b. Sino ang nagsaliksik sa paraan ng pagsulat ng unang Pilipino?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Pagpapalawak ng Aralin:

   a. Ipahayag sa bawat isa ang kanilang pagpapahalaga sa edukasyon.
   Halimbawa:
   - Mag-aaral akong mabuti upang maging doctor.

- Pagbubutihin ko ang pag-aaral upang ako’y maging mahusay na guro.

IV. Pagtataya:

Ihambing ang sistema ng edukasyon noon at sistema ng edukasyon ngayon. Sumulat ng dalawang talata tungkol dito.

V. Kasunduan:

Integrasyon ng EPP

Gumawa ng "schedule" ng gawain sa pang-araw-araw. Ipakita ang oras ng pag-aaral.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- Nailalarawan ang paraan ng pagsamba ng mga unang Pilipino.

II. Paksang-aralin:

Ang Relihiyon ng mga Unang Pilipino

Sanggunian: PELC Yunit I A.5
Pamana V Txt. pp. 33-35
Kagamitan: larawan ng bul-01, banga

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aral

   Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

   a. Ano ang paraan ng pagsulat ng mga Maranao?

   b. Ano ang patunay na nag mga Pilipino noong una pa mang panahon ay may paraan na ng pagsulat?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Ipaliwanag ang kahulugan ng arkeologo.
2. Pagbibigay hinuha
   Ano ang kaugnayan ng mga nahukay ng mga arkeologo sa pananampalataya ng mga unang Pilipino?
3. Pagtalakay
   a. Pangkatin ang klase ng tatlo.
   b. Pumili n glider ng bawat pangkat.
   c. Patnubayan sila pangkatang Gawain.
   d. Pag-aalaala ng pamantayan sa pag-uulat.
   e. Pag-uulat ng bawat pangkat.
   f. Pagtalakay sa ulat

   Mga mungkahing tanong sa pagtalakay:
   <u>Paraan ng pagsasamba</u>
   - Sino ang kinikilalang lumikha ng daigdig?
   - Bukod kay Bathala, sinu-sino pa ang Diyos at Diyosa ng ating mga mundo?
   - Ipaliwanag ang paraan ng pagsamba ng mga Pilipino noon at ngayon?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   Ang paraan ng paniniwala at pagsamba ng mga unang Pilipino.

   1. Sinasamba nila ang dakilang lumikha ng daigdig, tao at pamahalaan.
   2. May ibat-ibang katawagan ang mga diyos at diyosa.
   3. Para sa kanila, puno ng ispiritu ang kapaligiran at ang mga ito ay kapangyarihan.
   4. Malaki ang pagpapahalaga ng mga unang Pilipino sa mga patay.
   5. Naniniwala ang mga unang Pilipino sa mga hula at pangitain.

IV. Pagtataya:

Isulat ang tinutukoy:

May ibat-ibang katawagan ang mga ninuno natin sa ating dakilang lumikha. Tinatawag itong:

1. _____ ng mga Tagalog
2. _____ ng mga Bisaya.
3. _____ ng mga Zambal.
4. _____ ng mga Bikolano.
5. _____ ng mga Ilokano at Ifugao.

V. Kasunduan:

Magtala ng mga paniniwala at pamahiin na nagiging patnubay natin sa pang-araw-araw nating pamumuhay.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- Natatalakay ang pagpapahalaga ng mga unang Pilipino sa mga ninuno at mga patay.

II. Paksang-aralin:

Ang Relihiyon ng mga Unang Pilipino

Sanggunian: PELC Yunit I A.5
Pamana V Txt. pp. 33-35
Kagamitan: mga taong nagpupunta sa sementeryo

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral

   Paano nailalarawan ang paraan ng pagsamba ng mga unang Pilipino.
3. Pagganyak

   Ipakita ang larawan ng mga taong nagpupunta sa sementeryo

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Ipaliwanag ang kahulugan ng arkeologo.
2. Pagbibigay hinuha
   Ano ang kaugnayan ng mga nahukay ng mga arkeologo sa pananampalataya ng mga unang Pilipino?
3. Pagtalakay
   a. Pangkatin ang klase ng tatlo.
   b. Pumili n glider ng bawat pangkat.
   c. Patnubayan sila pangkatang Gawain.
   d. Pag-aalaala ng pamantayan sa pag-uulat.

e. Pag-uulat ng bawat pangkat.
f. Pagtalakay sa ulat

Mga mungkahing tanong sa pagtalakay:

Pagpapahalaga ng mga Patay

- Paano pinahahalagahan ng ating mga ninuno ang mga patay?
- Patunayan na pinahahalagahan ng mga ninuno ang kanilang namatay na mahal sa buhay.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

Ang paraan ng paniniwala at pagsamba ng mga unang Pilipino.

1. Sinasamba nila ang dakilang lumikha ng daigdig, tao at pamahalaan.
2. May ibat-ibang katawagan ang mga diyos at diyosa.
3. Para sa kanila, puno ng ispiritu ang kapaligiran at ang mga ito ay kapangyarihan.
4. Malaki ang pagpapahalaga ng mga unang Pilipino sa mga patay.
5. Naniniwala ang mga unang Pilipino sa mga hula at pangitain.

IV. Pagtataya:

Isulat ang tinutukoy:

Bukod kay bathala may sinamba ring mga diyos ang mga unang Pilipino. Kilala nila si:

1. _____ bilang diyos ng pagsasaka.
2. _____ bilang diyos ng pag-aani.
3. _____ bilang diyos ng bahaghari.
4. _____ bilang diyos ng kamatayan.
5. Naniniwala rin ang mga unang Pilipino sa mga ispiritung tinatawag nilang _____ o diwata.

V. Kasunduan:

Magdala ng mga iginuhit o ginupit na larawan na nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga patay noon at ngayon.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- Naiuugnay ang uri ng pananampalataya ng mga unang Pilipino sa pananampalataya ng mga Pilipino ngayon.

II. Paksang-aralin:

Ang Relihiyon ng mga Unang Pilipino

Sanggunian: PELC Yunit I A.5
Pamana V Txt. pp. 33-35
Kagamitan: mga larawan ng iba't ibang pook sambahan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral

   Paano pinahahalagahan ng mga unang Pilipino sa mga ninuno at mga patay.
3. Pagganyak

   Ipakita ang mga larawan at pag-usapan ang mga ito.

   Itanong:

   Saan sa palagay ninyo ito galling at paano kaya ito nakuha?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Ipaliwanag ang kahulugan ng arkeologo.
2. Pagbibigay hinuha
   Ano ang kaugnayan ng mga nahukay ng mga arkeologo sa pananampalataya ng mga

unang Pilipino?

3. Pagtalakay
   a. Pangkatin ang klase ng tatlo.
   b. Pumili n glider ng bawat pangkat.
   c. Patnubayan sila pangkatang Gawain.
   d. Pag-aalaala ng pamantayan sa pag-uulat.
   e. Pag-uulat ng bawat pangkat.
   f. Pagtalakay sa ulat

   Mga mungkahing tanong sa pagtalakay:

   Mga Paniniwala

   - Ano ang pinaniniwalaan ng mga Pilipino.
   - May kaugnayan ba ang mga paniniwala at pamahiin ng mga unang Pilipino sa pamumuhay natin sa kasalukuyan? Ipaliwanag

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   Ang paraan ng paniniwala at pagsamba ng mga unang Pilipino.

   1. Sinasamba nila ang dakilang lumikha ng daigdig, tao at pamahalaan.
   2. May ibat-ibang katawagan ang mga diyos at diyosa.
   3. Para sa kanila, puno ng ispiritu ang kapaligiran at ang mga ito ay kapangyarihan.
   4. Malaki ang pagpapahalaga ng mga unang Pilipino sa mga patay.
   5. Naniniwala ang mga unang Pilipino sa mga hula at pangitain.

IV. Pagtataya:

Ipabasa ang mga pangungusap sa kahon at ipasagot ang tanong sa ibaba nito.

Sinamba ng mga ninuno ang bundok, flog at punungkahoy. Sinamba nila ang anumang malapit sa kanila. Batid nila ang kahalagahan at kaugnayan ng kapaligiran sa kanilang buhay.

1. Ano ang ipinakikita nito?
   a. Magalang ang mga ninuno.
   b. Maraming likas na yaman ang bansa.
   c. Maganda ang kalikasan at kapaligiran.
   d. Sinamba ng mga ninuno ang kapaligiran.

V. Kasunduan:

Magtala ng mga paniniwala at pamahiin na nagiging patnubay natin sa pang-araw-araw nating pamumuhay.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nahihinuha kung paano lumaganap sa ibang bahagi ng bansa ang relihiyong Islam.

II. Paksang-aralin:

Ang Relihiyong Islam.

Sanggunian: PELC Yunit I A.6, 7 p.1
Kagamitan: mapa ng Pilipinas, larawan ng mosque, plaskard, larawan ng Muslim

Pagpapahalaga: Pagiging sensitibo sa mga pangyayari sa kapaligiran

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aral

   Magkaroon ng dugtungtanungan ukol sa nakaraang aralin.
   Hal. a. Tawag sa diyos ng mga Bicolano.
   b. Tawag sa diyos ng mga Zambal.
   c. Tawag sa diyos ng pagsasaka.
3. Pagganyak

   Itanong kung anu-ano ang relihiyon ng mga bata. Ipakita ang larawan ng isang Muslim.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Ipaliwanag ang kahulugan ng arkeologo.
2. Pagbibigay-hinuha
   Hayaang magbigay sila ng kanilang nalalaman ukol sa relihiyong Islam at Paganismo.
3. Pagpapangkat
4. Pangkatang Paggawa
5. Pagtalakay/Pagpapatunay

a. Ano ang Koran?
b. Anu-ano ang anim na pangunahing-aral ng Islam?
c. Anu-ano ang limang pangunahing tungkulin ng mga Muslim?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

Gamitin ang flower webbing.

Ang Islam ay isang salitang Arabe na nangangahulugan ng "kapayapaan". Ito ay itinatag ng isang propeta, si Mohammed, at ang kanilang diyos ay si Allah. Muslim ang tawag sa taga-sunod ng Islam na may mga aral at tungkuling sinusunod na nakasaad sa kanilang banal na aklat, ang Koran.

2. Pagpapalawak ng Aralin

1. Gumawa ng na nagpapakita ng paghahambing ng relihiyong Islam, Paganismo at Kristiyanismo.
    1. Paganismo
    2. Islam
    3. Kristiyanismo

2. Pagpapahalaga/Integrasyon EKAWP

Paano natin maipakikita ang paggalang sa mga taong iba ang pananampalataya kaysa sa atin.

IV. Pagtataya:

1. May mga palagay ang mga iskolar tungkol sa pagdating ng Islam sa Pilipinas. Alin sa sumusunod na palagay ang inaakala mong naging dahilan ng pagdating at paglaganap ng Islam sa Pilipinas? Pangatwiranan ang napiling sagot.
    a. Kagagawan ng mga punong lokal.
    b. Dala ng mga Muslim na misyonero at mangangalakal.
    c. Pagiging bahagi ng Pilipinas sa pandaigdig na kalakalan.
2. Alin sa sumusunod na tungkulin ng Muslim ang nagpapakita ng pagdamay sa kapwa?
    a. paglalakbay sa Mecca
    b. pagdarasal nang limang beses maghapon
    c. pagpapahayag ng pagtitiwala kay Allah

V. Kasunduan:

Pag-aaralang muli ang pagdating at paglaganap ng Islam sa ating bansa. Humandang ipaliwanag ito na gagamitin ang mapa ng Pilipinas.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Natatalakay ng uri ng pamamahala ng mga unang Pilipino
- ❖ Nailalarawan ang pamahalaang barangay.

II. Paksang-aralin:

Ang Pamahalaan ng mga Unang Pilipino
Ang Barangay

Sanggunian: PELC Yunit I B.1, 1.1
Kagamitan: - pinakamalaking larawan ng barangay

- datu at ilang usapang naglalarawan ng kanyang tungkulin at kapangyarihan

- plaskard

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aral

   Kumuha ng isang plaskard at bigyan katuturan ito.

3. Pagganyak

   - Anong barangay kayo nakatira? Anu-ano ang mga karatig barangay natin? Saan kaya nanggaling ang salitang barangay?
   - Ipakita at pag-usapan ang larawan ng balangay.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad

   Magkaroon ng kunwakunwariang pag-anyaya ng kapitan ng barangay na maaaring ganapin ng pinakamarunong ng klase. Maglalahad siya ng kahalagahan ng barangay, gayundin ang pamunuan at tungkulin ng bawat isa.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

Noong unang panahon, wala pang tinatawag na pamahalaang pambansa. Ang ating kapuluan ay nahahati sa daan-daang balangay, nang lumao'y naging barangay na ang bawat isa ay may pagsasarili.

Ang salitang barangay ay nagmula sa salitang Malayo na balangay o balanghai. Nangangahulugang ito'y "bangka". Ang bangka ay isang sasakyan sa tubig na ginamit ng ating ninuno sa pagtungo sa iba't ibang pook.

IV. Pagtataya:

Sagutin sa lalong madaling paraan:

1. Ilarawan ang barangay noon at ngayon.

2. Patnubayan na ang datu ay makapangyarihan.

V. Kasunduan:

Sa sariling pangungusap, isalaysay ang pinagmulan ng salitang barangay.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nailalarawan ang pamahalaang sultanato

II. Paksang-aralin:

Ang Sultanato

Sanggunian: PELC Yunit I B.1, 1.2, 1.3
Kagamitan: larawan ng mapa ng Pilipinas, arawan ng sultan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aral

   Ipakita ang kapangyarihan ng datu sa pamamagitan ng duladulaan.

3. Pagganyak

   Ipakita ang larawan ng sultan. Kilala ba ninyo ang nasa larawan? Ano ang kanyang kaanyuan?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Saan natin maaaring ihambing ang pamahalaan?
2. Pagbibigay-hinuha
   - ❖ Aling relihiyon maiuugnay ang pamahalaang sultanato?
   - ❖ Saang mga pook sa bansa may ganitong pamahalaan noon?
3. Basahin ang Teksto
4. Pag-usapan ang Binasa
   - Kailan itinatag ang pamahalaang sultanato sa Sulu?
   - Sino si Sayyid Abu Bakar?
5. Pangkatin ang klase sa tatlo. Ang mga paksa ay:
   a. Sultanato sa Sulu

b. Sultanato sa Maguindanao
c. Sistemang Pulitikal ng Maranao

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   a. Bago pa dumating ang mga Espanyol o Kastila ay may sarili nang paraan ng pamamahala ang ating mga ninuno. Ito ang pamahalaang barangay.
   b. Ipinakilala sa atin ng mga Arabe ang pamahalaang sultanato.

2. Pagpapahalaga

   Ano ang dapat gawin ng bawat kasapi ng pangkat upang mayari agad ang Gawain ng pankat?

IV. Pagtataya:

Pillin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang balanghai?

   a. sasakyang panlupa
   b. sasakang pandagat
   c. sasakyang panghimpapawid
   d. sasakyang panlupa at pandagat

2. Taga-saan ang unang taong gumamit ng balanghai?

   a. Timog Africa
   b. Timog Europa
   c. Timog Amerika
   d. Timog-Silangang Asya

V. Kasunduan:

Ano ang pamahalaan? Ilarawan ang pamahalang sultanato?

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Naihahambing ang pamahalaang sulatanato sa pamahalaang barangay.

II. Paksang-aralin:

Ang Sultanato

Sanggunian: PELC Yunit I B.1, 1.2, 1.3
Kagamitan: larawan ng mapa ng Pilipinas, arawan ng sultan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aral

   Ipaliwanag ang tungkulin at kapangyarihan ng sultan.

3. Pagganyak

   Patunayan na may mabuting pagsasamahan ang sultan at mga tagasunod.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Saan natin maaaring ihambing ang pamahalaan?
2. Pagbibigay-hinuha
   - ❖ Sa palagay ninyo, mayroon pa bang ganitong uri ng pamahalaan ngayon?
3. Basahin ang Teksto
4. Pag-usapan ang Binasa
   - Ano ang kahulugan ng Paduka Masasahari Maulana?
   - Ilang taong tumagal ang Sultanato sa Sulu?
5. Pangkatin ang klase sa tatlo. Ang mga paksa ay:
   a. Sultanato sa Sulu
   b. Sultanato sa Maguindanao
   c. Sistemang Pulitikal ng Maranao

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   May pagkakatulad at pagkakaiba ang dalawang uring ito ng pamahalaan – ang barangay at sultanato. Gayunpaman, Malaya ang kanilang pamahalaan ng mga unang Pilipino.

2. Pagpapalawak ng Aralin

   Paghambingin ang pamahalaang sulatanato at pamahalaang barangay.

Pamahalaan	Pinuno	Gawain ng mga Pinuno
a. Barangay		
b. Sultanato		

IV. Pagtataya:

Pillin ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang pinuno ng pamahalaang barangay?

   a. sulatan c. raja meda

   b. datu d. kapitan

2. Kailan itinatag ang pamahalaang sultanato?

   a. 1460 c. 1450

   b. 1420 d. 1430

V. Kasunduan:

Ano sa palagay mo ang higit na karapat-dapat ang pamahalaang sultanato o pamahalaang barangay? Bakit?

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Natatalakay ang kahalagahan ng batas sa pag-uugnayan ng mga Pilipino.

II. Paksang-aralin:

Ugnayan ng mga Unang Pilipino

Sanggunian: PELC Yunit I B.2 p.1
Kagamitan:

- larawan ng nag-uugnayan sa mga lugar na ito sa sine-sinehan.
- Plascard
- Pocket chart
- Concept Mapping – Ang Pamahalaan ng mga Unang Pilipino

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral

   Kumuha ng isang plaskard at bigyan kahulugan ito:

   Hal. 1. pangampong
   2. agena
   3. inged
   4. kadi
   5. pandita

3. Pagganyak

   Ipakita ang mga larawang nakatala sa mga kagamitan. Pag-usapan ito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Ipakita ang ginawang concept mapping ukol sa pamahalaan ng mga unang Pilipino (nakasulat sa chart)
2. Pagbibigay-hinuha
   Magbigay hinuha sa klase ng uri ng ugnayan noong unang panahon. Ikuwento kung bakit nagtatag ng kalipunan ng mga barangay ang mga ninuno.
3. Basahin ang Teksto
4. Pagtalakay/Pagpapatunay
   - Ano ang dalawang dahilan ng pagkatatag ng kalipunan ng barangay?
   - Anu-ano ang kalipunan ng barangay na natatag?
   - Saan nababatay ang uri ng ugnayan ng barangay?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   Nag-uugnyan ang mga pinuno at kasapi ng barangay noong unang panahon.

   Ilahad muli ang concept mapping at bashing muli ito.

2. Pagpapahalaga

   Anong magandang ugali ang ipinakikita ng magandang pag-uugnayn ng mga kalipunan ng barangay?

IV. Ebalwasyon:

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Alin ang dalawang dahilan kung bakit naitatag ng mga unang Pilipino ang kalipunan ng mga barangay?

   a. pag-iwas sa paglalabanan
   b. pagbubuo ng mga pangkat
   c. pag-iisandibdib ng lakambini at lakan
   d. pangangalaga sa isa't isa laban sa mga kaaway
3. Paano nakatutulong ang batas sa paguugnayan ng mga unang Pilipino?
   a. Nagkakaroon ng labanan
   b. Nagkakaroon ng pag-uunawaan
   c. Nagkakaroon ng bagong pamunuan
   d. Nagkakaroon ng pag-iisang dibdib

V. Kasunduan:

Sumulat ng isang talata ukol sa inyong magagawa upang makatulong sa kaunlaran ng iyong barangay.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Naibibigay ang kahalagahan ng pinagkukunang-yaman sa hanapbuhay ng mga unang Pilipino.

II. Paksang-aralin:

Ang Likas na Yaman at ang Hanapbuhay ng mga Tao
Sanggunian: Batayang Aklat, pp. 42-44 Manwal ng Guro, 24-26, PELC Yunit I C.1 p. 1
Kagamitan mga larawan ng iba't ibang gawain tulad ng paghahabi, paglalala, pagsasaka, paggawa ng bangka, paggawa ng banga at palayok, pangingisda, pangangaso

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral: Ipaliwanag kung paano nakikipag-ugnayan ang unang Pilipino.
3. Pagganyak: Talakayin ang uri ng panahanan ng ating mga ninuno.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Ipakita ang iba’t-ibang mga hanapbuhay o industriyang pantahanan (nakasulat sa tsart)
2. Pagbibigay-hinuha
   Saan maaaring magmula ang mga hanapbuhay na ito?
3. Basahin ang Teksto
4. Pagtalakay/Pagpapatunay
   - Patunayan na mayaman ang ating bansa sa mga likas na yaman.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat
   - Ang ating bansa ay mayaman na siyang pinagkukunan ng mga pangangailangan ng mga tao.
2. Pagpapalawak ng Aralin

- Maglaro ng “Ano ang Naitutulong KO?”
  Hal. Ilog ako. Anong hanapbuhay ang maaari kong idulot sa mga naninirahan sa pampang ko o malapit dito?

3. Pagppahalaga
   Ang ating bansa ay mayaman sa likas na yaman. Pero bakit marami pa rin ang nagugutom at naghihirap?

IV. Ebalwasyon:

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa sumunod ang hindi hanapbuhay ng mga unang Pilipino?

   a. pangingisda
   b. pagsasaka
   c. paggawa ng palayok
   d. pagtatrabaho sa pabrika

2. Alin ang nagpapakita ng pangangailangan ng likas na yaman?

   a. pagputol ng mga punongkahoy
   b. paghuli ng maliliit na isda
   c. pagtatanim ng mga punongkahoy
   d. paghuli ng mga hayop

V. Kasunduan:

Gumawa ng islogan ukol sa wastong pangangalaga ng ating likas na yaman.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Naibibigay ang kahalagahan ng pinagkukunang-yaman sa hanapbuhay ng mga unang Pilipino.

II. Paksang-aralin:

Ang Likas na Yaman at ang Hanapbuhay ng mga Tao
Sanggunian: Batayang Aklat, pp. 42-44 Manwal ng Guro, 24-26, PELC Yunit I C.1 p. 1
Kagamitan mga larawan ng iba't ibang gawain tulad ng paghahabi, paglalala, pagsasaka, paggawa ng bangka, paggawa ng banga at palayok, pangingisda, pangangaso

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral:

   Ipaliwanag kung paano nakatutulong ang mga likas na yaman sa kabuhayan ng mga unang Pilipino
3. Pagganyak

   Ilarawan ang uri ng panahanan ng mga unang Pilipino

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Ipakita ang iba’t-ibang mga hanapbuhay o industriyang pantahanan (nakasulat sa tsart)
2. Pagbibigay-hinuha: Saan maaaring magmula ang mga hanapbuhay na ito?
3. Basahin ang Teksto
4. Pagtalakay/Pagpapatunay: Saan-saan sila karaniwang nakatira?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat

- Ang ating bansa ay mayaman na siyang pinagkukunan ng mga pangangailangan ng mga tao.

2. Pagpapalawak ng Aralin
   - Kung patuloy na mauubos ang mga likas na yaman sa paligid. Ano ang maaaring mangyari sa atin? Ano ang nararapat gawin sa mga likas na yaman?
3. Pagppahalaga

   Ang ating bansa ay mayaman sa likas na yaman. Pero bakit marami pa rin ang nagugutom at naghihirap?

IV. Ebalwasyon:

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa sumunod ang hindi hanapbuhay ng mga unang Pilipino?

   a. pangingisda
   b. pagsasaka
   c. paggawa ng palayok
   d. pagtatrabaho sa pabrika

2. Alin ang nagpapakita ng pangangailangan ng likas na yaman?

   a. pagputol ng mga punongkahoy
   b. paghuli ng maliliit na isda
   c. pagtatanim ng mga punongkahoy
   d. paghuli ng mga hayop

V. Kasunduan:

Gumawa ng isang paghahambing sa uri ng mga hanapbuhay noon at hanapbuhay ngayon.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Naihahambing ang mga uri ng hanapbuhay sa mga hanapbuhay ngayon.

II. Paksang-aralin:

Ang Likas na Yaman at ang Hanapbuhay ng mga Tao
Sanggunian: Batayang Aklat, pp. 42-44 Manwal ng Guro, 24-26, PELC Yunit I C.1 p. 1
Kagamitan mga larawan ng iba't ibang gawain tulad ng paghahabi, paglalala, pagsasaka, paggawa ng bangka, paggawa ng banga at palayok, pangingisda, pangangaso

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral:

   Ipaliwanag kung paano nakatutulong ang mga likas na yaman sa kabuhayan ng mga unang Pilipino

3. Pagganyak

   - Ilarawan ang uri ng panahanan ng mga unang Pilipino.
   - Paano sila umaangkop sa kanilang kapaligiran?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Saan-saang lalawigan o pook karaniwang nakikita o higit na kilala ang mga hanapbuhay ng mga unang Pilipino?
2. Pagbibigay-hinuha: Saan maaaring magmula ang mga hanapbuhay na ito?
3. Basahin ang Teksto
4. Pagtalakay/Pagpapatunay: Saan-saan sila karaniwang nakatira?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat

- Ang kanilang hanapbuhay ay naaayon sa kanilang kapaligiran.

2. Pagpapalawak ng Aralin
   - Kung patuloy na mauubos ang mga likas na yaman sa paligid. Ano ang maaaring mangyari sa atin? Ano ang nararapat gawin sa mga likas na yaman?
3. Pagppahalaga

   Ang ating bansa ay mayaman sa likas na yaman. Pero bakit marami pa rin ang nagugutom at naghihirap?

IV. Ebalwasyon:

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Nangingisda ang mga unang Pilipino sa ilog at dagat. Nagtatanim din sila ng palay at iba pang halaman sa kapatagan. Ano ang ipinahahayag nito?

   a. pangingisda
   b. pagsasaka
   c. paggawa ng palayok
   d. pagtatrabaho sa pabrika

2. Alin ang nagpapakita ng pangangailangan ng likas na yaman?

   a. pagputol ng mga punongkahoy
   b. paghuli ng maliliit na isda
   c. pagtatanim ng mga punongkahoy
   d. paghuli ng mga hayop

V. Kasunduan:

Gumawa ng isang paghahambing sa uri ng mga hanapbuhay noon at hanapbuhay ngayon.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nailalarawan ang teknolohiyang ginamit ng mga unang Pilipino sa Panahon ng Bato at sa Panahon ng Metal.

II. Paksang-aralin:

Teknolohiya ng Iba't Ibang Panahon

Sanggunian: PELC Yunit I C.2
Kagamitan: larawan ng mga kasangkapan at Gawain sa iba't ibang panahon

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aral

   Sagutin ng malakas ang mga tanong sa p.44

3. Pagganyak

   Ipakita at ipasuri ang mga sumusunod na larawan:

   a. paghiwa ng karne sa pamamagitan ng kutsilyong bato.
   b. Paggamit ng aboloryo at pulseras na kristal
   c. Paglilibing ng patay sa banga.
   Tungkol saan ang gawain?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Anong salita ang maaaring tumukoy sa lahat ng mga nasa larawan?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat (Gamitin ang Graphic Organizer)- nakasulat sa tsart

2. Pagpapalawak ng Aralin:

   Magkaroon ng maikling pagtatalo.
   Itanong: Maipagmamalaki ba ninyo ang uri ng teknolohiyag ginamit ng mg unang Pilipino? Bakit?

3. Pagpapahalaga
   Ano ang dapat gawin sa mga kasangkapang antigo sa inyong bahay?

IV. Ebalwasyon:

Isulat kung Tama o Mali

_____ 1. Nakagagawa ng kutsilyo, lagare, pangkayod, at pangkinis mula sa mga bato ang mga unang Pilipino?

_____ 2. Wala pa rind damit ang mga ninuno noong Panahon ng Bagong Bato.

_____ 3. Umunlad ang paggawa ng palayok noon Panahon ng Metal

V. Kasunduan:

Gumuhit ng mga larawan na nagpapakita ng pagbabago sa teknolohiya ng mga unang Pilipino.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nasusuri ang teknolohiyang ginamit ng mga unang Pilipino sa Panahon ng Bato sa Panahon ng Metal.

II. Paksang-aralin:

Teknolohiya ng Iba't Ibang Panahon

Sanggunian: PELC Yunit I C.2
Kagamitan: chart

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aral

   Sagutin ng malakas ang mga tanong sa p.44

3. Pagganyak

   Ipakita at ipasuri ang mga sumusunod na larawan:

   a. Paggamit ng itak sa bakal
   b. Paghabi ng tela
   c. Paghuli ng hayop sa pamamagitan ng bato

   Tungkol saan ang gawain?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad

   Anong salita ang maaaring tumukoy sa lahat ng mga nasa larawan?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat (Gamitin ang Graphic Organizer)- nakasulat sa tsart

2. Pagpapalawak ng Aralin:

   Magkaroon ng maikling pagtatalo.
   Itanong: Maipagmamalaki ba ninyo ang uri ng teknolohiyag ginamit ng mg unang Pilipino? Bakit?

3. Pagpapahalaga
   Ano ang dapat gawin sa mga kasangkapang antigo sa inyong bahay?

IV. Ebalwasyon:

Isulat kung Tama o Mali

_____ 1. Umunlad ang paggawa ng palayok noon Panahon ng Metal

_____ 2. Sa panahon lamang ng Metal natutong magbungkal ng lupa ang mga unang Pilipino?

_____ 3. Ginamit ang bakal noong Panahon ng Lumang Bato.

V. Kasunduan:

Sumulat ng isang talata ukol sa pagbabago ng teknolohiya ng mga unang Pilipino.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- Naihahambing ang uri ng teknolohiyang ginamit ng mga unang Pilipino sa Panahon ng Bato at sa Panahon ng Metal.

II. Paksang-aralin:

Teknolohiya ng Iba't Ibang Panahon
Sanggunian: PELC Yunit I C.2
Kagamitan: chart

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aralan ang mga teknolohiyang ginamit ng mga unang Pilipino sa Panahon ng Bato at sa Panahon ng Metal.

3. Pagganyak

   Ipakita at ipasuri ang mga sumusunod na larawan:

   a. Paggamit ng palayok na yari sa bato.
   b. Paggawa ng palakol sa pamamagitan ng pagpapanday
   c. Paggamit ng bangka
   d. Pagsusuot ng damit na yari sa pinukpok na balat ng kahoy.

   Tungkol saan ang gawain?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad

   Anong salita ang maaaring tumukoy sa lahat ng mga nasa larawan?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat (Gamitin ang Graphic Organizer)- nakasulat sa tsart

2. Pagpapalawak ng Aralin:

   Magkaroon ng maikling pagtatalo.
   Itanong: Maipagmamalaki ba ninyo ang uri ng teknolohiyag ginamit ng mg unang Pilipino? Bakit?
3. Pagpapahalaga
   Ano ang dapat gawin sa mga kasangkapang antigo sa inyong bahay?

IV. Ebalwasyon:

Sumulat ng isang talata ukol sa pagbabago ng teknolohiya ng mga unang Pilipino.

V. Kasunduan:

Gumuhit ng mga larawan na nagpapakita ng pagbabago sa teknolohiya ng mga unang Pililpinio.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- Napaghahambing ang dalawang un ng pagmamay-ari ng lupa ng mga Pilipino.

II. Paksang-aralin:

Pagmamay-ari ng Lupa

Sanggunian: PELC Yunit I C.3
Kagamitan: titulo ng lupa, concept mapping na naglalahad ng paraan ng pamamay-ari ng lupa ng ating mga ninuno.

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral

   Hulaan kung anong panahon ang inilalarawan.

   Hal. a. Natuto silang manghuli ng hayop para sa kanilang pagkain.

   b. Nagpatayo ng bahay na angkop sa kanilang kapaligiran

3. Pagganyak

   Alamin ang mga kasagutan sa mga sumusunod na tanong na ibinigay bago ang araw na tatalakayin ang paksang aralin. Gumawa ng talangguhit na bilog upang ipakita ang datos.

   a. Ilan ang nakatira sa bahay na nakatayo sa sariling lupa?
   b. Ilan ang nangungupahan? Kung nangungupahan magkano ang upa sa loob ng isang buwan?

B. Panlinang na Gawain:


1. Paglalahad
   Paano nakamit ng inyong mga magulang ang lupang kinatatayuan ng inyong bahay?
2. Pagbibigay-hinuha
   Paano kaya ang pagmamay-ari ng lupa noong unang panahon?
3. Pag-uulat ng naatasang mag-aaral
4. Pagtalakay/Pagpapatunay
   Paano ang pagmamay-ari ng lupa ng mga unang Pilipino

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   Gamtin ang Concept Mapping

   May dalawang paraan ng pagmamay-ari ng lupa noong unang panahon. Ito ay maaaring pambarangay o ari ng barangay at maaari din itong pampribado.



IV. Ebalwasyon:

Isulat ang B kung ang lupang tinutukoy ay lupang pambarangay o pantribu at P kung ang lupang tinutukoy ay lupang pampribado.

_____ 1. Lupang nasa paligid ng barangay.

_____ 2. Lupang binubungkal ng mga alipin para sa datu at maharlika.

_____ 3. Lupang pinapaupahan ng datu sa kaniyang nasasakupan.

_____ 4. Lupang di mataba at di nililinang

_____ 5. Lupang nasa Tagaytay o gulugod ng bundok.

V. Kasunduan:

Integrasyon: Filipino

Sumulat ng isang talata tungkol sa “Ang Suliranin sa Lupa sa Mindanao”.

Sundin ang mga gabay sa pagsulat ng talata.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Naiisa-isa ang mga patakarang pangkabuhayan ng mga Espanyol

II. Paksang-aralin:

Mga Patakarang Pangkabuhayan ng mga Espanyol

Sanggunian: PELC Yunit D. A.1
Kagamitan: mapa ng Pilipinas

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Pagganyak

   Gumamit ng Concept Cluster

   Ipakilala sa mga bata ang kahulugan ng Kaunlaran


B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Sa araling tatalakayin, matutuklasan ninyo kung ano ang kahulugan ng kaunlaran sa mga Pilipino ng dumating ang mga Espanyol sa ating bansa.
2. Pagtatalaga sa isang pag-uulat.
3. Pagtalakay
   - Paano ipinatutupad ng mga Espansyol ang pagsasaka? Pangkabuhayan?
   - Anu-ano ang mga bagong industriya na itinuro sa mga Pilipino?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

Gumamit ng Semantic Web.



IV. Ebalwasyon:

Piliina ng titik ng tamang sagot

1. Aling lalawigan ang tinatawag na Palabigasan ng Pilipinas?

   a. Samar c. Bohol

   b. Leyte d. Nueva Ecija

2. Anong kautusan ang ipinatupad ni Jose Raon sa pagpapaunlad ng kabuhayan?

   a. Pagtatanim ng produktong bagay sa klima ng lalawigan.

   b. Paggamit ng makabagong pamaraan sa pagsasaka.

   c. Pagtatatag ng monopolyo sa tabako.

   d. Paglinang sa likas na yaman ng Pilipinas.

V. Kasunduan:

Gumawa ng talaan ng mga kabutihang dulot ng iba’t ibang patakarang pangkabuhayan.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nasusuri ang patakarang pangkabuhayan ng mga Espanyol sa Pilipinas

II. Paksang-aralin:

Mga Patakarang Pangkabuhayan ng mga Espanyol

Sanggunian: PELC Yunit D. A.1
Kagamitan: mapa ng Pilipinas

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral

   Ano ang kahulugan ng kaunlaran
3. Pagganyak

   Bakit mahalaga ang pagiging masipag sa pagtupad sa iba't ibang gawaing pangkabuhayan tulad ng pagsasaka at paghahayupan?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Sa araling tatalakayin, matutuklasan ninyo kung ano ang kahulugan ng kaunlaran sa mga Pilipino ng dumating ang mga Espanyol sa ating bansa.
2. Pagtatalaga sa isang pag-uulat.
3. Pagtalakay
   - Paano nakatutulong sa kaunlaran ng mga patakarang pangkabuhayan sina Gob. Hurtado de Corcuera at Jose Basco y Vargas?
   - Paghambingin ang patakarang pangkabuhayan ni Corcuera kay Jose Basco y Vargas.
   - Anong palatuntunan ng pamahalaan ngayon ang nakatutulong sa pagpapalaki sa kita ng

ating pamahalaan?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

Nakabubuti sa kabuhayan ng mga Pilipino ang pagbabagong ipinakilala ng mga Espanyol. Nagpakilala sila at itinatag ang iba't ibang patakarang pangkabuhayan tulad ng:

- pagpapaunlad ng pagsasaka sa pamamagitan ng pagpapakila ng mga bagong halaman tulad ng mais, papaya, kamote, bayabas, kalabasa, tisko, kamatsile, kamoteng kahoy, atsuete, at tabako.

- Pagpapaunlad ng kabuhayan sa pamamagitan ng pagpapakilala ng kabayo, baka, kambing, tupa at buriko at marami pang iba.

IV. Ebalwasyon:

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang kinalabasan ng patakarang pangkabuhayan ni Jose Basco?
   a. Lumiit ang kita ng pamahalaan
   b. Nagkautang ang mga Pilipino
   c. Natuto ang mga Pilipino ng wastong paraan ng pagsasaka
   d. Napabayaan ang mga lupang sakahan
2. Alin ang totoo sa mga sumusunod na kaisipan?
   a. Ang lupa ay pag-aaring panlahat ng barangay sa kasalukuyang panahon
   b. Ang maramihang pag-aari ng lupa ng iisang tao ay tinuturing ng mga Pilipino
   c. Bago pa man dumating ang Kastila, ang lupa ay hati-hati na sa maykapangyarihan
   d. Walang sagot

V. Kasunduan:

Ibigay ang sariling opinion ukol sa' suliranin sa pagmamay-ari ng lupa ng mga taga-Quiapo.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Naipaliliwanag ang sistemang kasama at ang epekto nito sa pamumuhay ng mga magsasaka.

II. Paksang-aralin:

Ang Sistemang Kasama at ang Epekto Nito

Sanggunian: PELC Yunit II A.1.2.1 p.1
Kagamitan: mga larawan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral

   Anu-ano ang mga patakarang pangkabuhayan ipatupad ng mga sumusunod:

   a. Hurtado de Corcuerra

   b. Jose Basco y Vargas

   c. Jose Raon

3. Pagganyak

   Sino sa inyong mga magulang ang magsasaka? Pag-aari ba nila ang lupang sinasaka o isa lamang silang kasama.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad

   Ano ang kahulugan ng kasama?

2. Pagbasa ng teksto
3. Pagtalakay

Paano ang sistemang kasama na pinaiiral noong panahon ng Kastila?

Ihambing ang sistemang Kasama noon at sa kasalukuyan. Alin ang higit na mabuti? Bakit?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

Ang sistemang kasama na pinaiiral noon ay hindi makatarungan sa mga magsasaka sapagka't sila naming nagsasaka ang umuupa sa lupa. Ang may-ari ng lupa ang higit na nakikinabang.

2. Pagpapalawak ng aralin

Ibigay ang matapat na opinion ukol sa isyu ng sistemang kasama.

Kung ikaw ang may-ari ng lupa, paano mo pinaiiral ang sistemang kasama? Bakit?

IV. Pagtataya:

Anu-anong mga pagpapahalaga ang natutuhan mo na sa palagay mo ay makatutulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan?

V. Kasunduan:

Kapanayamin ninyo ang ilan sa mga magsasaka ng inyong barangay at alamin ang mga suliranin ng mga ito.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nailalarwan ang polo y servicios o ang sapilitang paggawa.

II. Paksang-aralin:

Ang Polo y Servicios

Sanggunian: BEC PELC II A 1.2.2 pah 2

Pamana V

Kagamitan: larawan g mga kalalakihang nagtatrabaho

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral: Ilahad ag intrview sa mga magsasaka.
3. Pagganyak: Ipakita ang mga larawang nakasaad sa kagamitan. Pag-usapan ito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad: Ang mga larawan ay nagpapakita ng apilitang paggawa sa mga kalalakihan noong panahon ng Kastila. Ito ay lalong kilala sa tawag na ”Polo y Servicios”.

2. Pagpaparinig ng ulat ukol sa aralin.

Ang Polo y Sevicios

Isa rin ring uri ng buwis ang sistemang polo. May tungkuling magbigay ng serbisyo ang mga kalalakihang ula 16 hanggang 60 taong gulang. Umaabot sa 40 na araw sa loob ng isang taon ang sapilitang paggawa. Polista ang tawag sa mga Pilipinong naglilingkod sa sistemang

polo. Ang mga taong kabilang sa prciplla na kayang mgbaydad sa mga Kastila ng takdang halaga na tinatawag na ”falla” ay nakaligtas sa sapilitang paggawa.

3. Pagtalakay.
   a. Anong uri ng buwis ang sistemang polo?
   b. Bakit nagkaroon ng ganitong uri ng Buwis?
   c. Anu-anong gawain ang ipinagagawa sa sapilitang paggawa?
   d. Ano ang tawag sa takadang halaga upang makaiwas ka sa sapilitang paggawa?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:
   Ano ang Polo y Sevicios?

IV. Ebalwasyon:

Alin sa mga sumusunod na pangunguap ang nagsasad ng wastong kaisipang? Lagyan ng tsek ( )

1. Ang sistemang polo ay isang patakarang pangkabuhaayan.
2. Umaabot ng 40 ng araw sa loob ng isang taon ang sapilitang paggawa.
3. Polista ang tawag sa taong nagtatrabaho sa sistemang polo.
4. Vinta ang ibinababayad ng taong ayaw magtrabaho sa sistemang polo.
5. Ang gobernadorcillo ang namamahala sa sistemang polo.

V. Kasunduan:

Sa iyong palagay nakatulong ba sa kaunlaran ng Pilipino ang polo y servicios?

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Natatalakay ang epekto ng sapilitang paggawa.

II. Paksang-aralin:

Ang Polo y Servicios

Sanggunian: BEC PELC II A 1.2.2 pah 2

Pamana V

Kagamitan: larawan g mga kalalakihang nagtatrabaho

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral: Ano ang polo y Servicios?.
3. Pagganyak: Ipakita ang mga larawang nakasaad sa kagamitan. Pag-usapan ito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad: Ang mga larawan ay nagpapakita ng apilitang paggawa sa mga kalalakihan noong panahon ng Kastila. Ito ay lalong kilala sa tawag na ”Polo y Servicios”.

2. Pagpaparinig ng ulat ukol sa aralin.

Ang Polo y Sevicios

Isa rin ring uri ng buwis ang sistemang polo. May tungkuling magbigay ng serbisyo ang mga kalalakihang ula 16 hanggang 60 taong gulang. Umaabot sa 40 na araw sa loob ng isang taon ang sapilitang paggawa. Nagbunga ito ng di-magandang epekto sa mga Pilipino sapaka’t marami sa mga magulang ay nagnais na makabayad na lamang ng ”falla” upang

hindi magtrabaho ang kanilang mga anak. Nagbunga ito ng maling pagpapahalaga sa paggawa at maling gawain ng gobernadorcillo.

3. Pagtalakay.
   a. Anong uri ng buwis ang sistemang polo?
   b. Bakit nagkaroon ng ganitong uri ng Buwis?
   c. Kung ikaw at isang polista noon, ano ang gagawi mo?
   d. Kung ikaw naman ay isa sa mga namamahala noon, paano mo ipatutupad ang patakaran ng sapilitang paggawa?
   e. Ano sa akala mo ang dapat baguhin? Bakit?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:
   Ano ang epekto ng sapilitang paggawa o Polo y servicos sa mga Pilipino?

IV. Ebalwasyon:

Sagutin ng mula sa puso.

Sang ayon ka ba sa sistmang polo? Bakit?

V. Kasunduan:

Gumupit ng larawan ng na nagpapakita ng paggawa ng mga tao. At idikit ito sa inyong kwaderno?

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Naipapaliwanag ang nagging reaksiyon ng mga Pilipino sa patakarang ito tulad ng pag-iwas sa sapilitang paggawa.

II. Paksang-aralin:

Reaksiyon ng mga Pilipino sa Polo y Servicios

Sanggunian: BEC PELC II A 5 pah 2

Pamana V

Kagamitan: larawan g mga kalalakihang nagtatrabaho

III. Pamamaraan:


A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral: Ipaliwanag ang mga sumusunod.
   a. polo y sevicios
   b. polista
   c. falla
   d. gobernadorcillo
3. Pagganyak: Ipakita ang mga larawang nakasaad sa kagamitan. Pag-usapan ito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad: May naging iba't-ibang reaksyong ang mga Piipino sa itinakdang sapilitang paggawa. Alamin antin ang mga ito ayon sa ulat.

2. Pagpaparinig ng ulat ukol sa aralin.



3. Pagtalakay.
   a. Saan napupunta ang buwis na sinisingil sa mga Pilipino?
   b. Paano timaggap ng mga Pilipino ang pagtaas ng buwis?
   c. Ano ang indulto de comercio?
   d. Paano ito nakaapekto sa ating kabuhayan?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:
   Ano ang di magandang reaksyon ng mga Pilipino sa sapilitang paggawa o polo y servicios?

IV. Ebalwasyon:

Itala ang mga naging dahilan ng hinanakit at galit ng mga Pilipino sa patakarang sapilitang paggawa o polo y sevicios na pinaiiral ng mga Kastila.

V. Kasunduan:

Itala ang mga kaisipang nabuo ukol sa ”polo y servicios”.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nailalarawan ang iba't-ibang uri ng panahanan.

II. Paksang-aralin:

Panahanan ng mga Unang Pilipino

BEC PELC II B 1.1.1 pah 2

Pamana V

Kagamitan: larawan ng mga lugar na tinitirhan ng mga tao.


III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapin o isyu.
2. Balik-aral: Ano ang reaksyon n mga Piliino sa polo y sercicios?.
3. Pagganyak: Ipakita ang mga larawang nakasaad sa kagamitan. Pag-usapan ito

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad: Gumamit ng concept map.



2. Pagbibigay hinuha.
   Ano kaya ang uri ng tahanan noong panahaon ng Kastila?

3. Pagpapangkat.
4. Pangkatang gawin
5. Pagtalakay.

    - Bago talakayin ang binasa, magbalik-aral sa mula'y pagkatukalas ni Magella at ang mga pangyayari na pakikisalamuha sa mga unang Pilipino.
    - Magpakita ng dalawang uri ng panahanan, layu-layong tirahan at magkakalapit na trahan sa isang lugar. Suriin ang larawan at itanong: Kung ang layunin ay turuan ang mga tao ng makabagong pagsaaka, sa aling ayos ng panahanan madaling matuturuan ang mga magsasaka? Bakit?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:
   Anu- ano ang iba't-ibang uri ng panahanan noong unang panahon?

IV. Ebalwasyon:

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Saang panahanan nakatira ang mga taong ang ikanabubuhay ay pangingisda?
2. Saan naman nakatira ang mga taong ang ikinabubuhay ay pagsasaka?
3. Nais ilipit ng mga pari ang tirahan ng mga tao upang _____.
4. Ano ang ikinabubuhay ng mga taong nakatira malapit sa kabundukan?
5. Sa anong panahanan madaling turuan ang mga Pilipino?

V. Kasunduan:

Ano ang naging suliraning kinaharap ng mgamisyonero sa pagtuturo ng Katolisismo sa mga tao?

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nasasabi ang dahilan ng pagkakatatag ng iba't-ibang uri ng panahanan.

II. Paksang-aralin:

Panahanan ng mga Unang Pilipino

Sanggunian: BEC PELC II B 1.1.2 pah 2

Pamana V

Kagamitan: larawan ng mga lugar na tinitirhan ng mga tao.


III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral: Ano ang reaksyon n mga Piliino sa polo y sercicios?.
3. Pagganyak: Ipakita ang mga larawang nakasaad sa kagamitan. Pag-usapan ito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad: Gumamit ng concept map.



2. Pagbibigay hinuha.
   Ano kaya ang uri ng tahanan noong panahaon ng Kastila?

3. Pagpapangkat.

4. Pangkatang gawin
5. Pagtalakay.

   - Magpakita ng dalawang uri ng panahanan, layu-layong tirahan at magkakalapit na trahan sa isang lugar. Suriin ang larawan at itanong: Kung ang layunin ay turuan ang mga tao ng makabagong pagsaaka, sa aling ayos ng panahanan madaling matuturuan ang mga magsasaka? Bakit?
   - Ano ang naging suliranin ng mga misyonero sa pagpapalaganp ng Kristiyanismo?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:
   Ano ang ginawang pag-aangkop ng mga Pilipino a bago nilang panahanan??

IV. Ebalwasyon:

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Saang panahanan nakatira ang mga taong ang ikanabubuhay ay pangingisda?
2. Saan naman nakatira ang mga taong ang ikinabubuhay ay pagsasaka?
3. Nais ilipit ng mga pari ang tirahan ng mga tao upang _____.
4. Ano ang ikinabubuhay ng mga taong nakatira malapit sa kabundukan?
5. Sa anong panahanan madaling turuan ang mga Pilipino?

V. Kasunduan:

Ilarawan ang makabagong panahanan sa kasalukuyan tulad ng BLISS, tenement houses, subdivision, town houses at condominium.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Natatalakay ang dahilan na pagkakatatag ng mga Pilipino sa kanilang panahanan.

II. Paksang-aralin:

Panahanan ng mga Unang Pilipino

Sanggunian: BEC PELC II B 1.1.3 pah 2

Pamana V

Kagamitan: larawan ng mga lugar na tinitirhan ng mga tao.

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral: Ano ang reaksyon n mga Piliino sa polo y sercicios?.
3. Pagganyak: Ipakita ang mga larawang nakasaad sa kagamitan. Pag-usapan ito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad: Gumamit ng concept map.

   Ito ang iba't-ibang lugaar na tinitirhan ng mga tao. Ang mga tao sa ating bansa ay maaring tumira sa;

   a. taabing dagat
   b. kapatagan
   c. bundok
   d. lungsod
2. Pagbibigay hinuha.
   Paano kaya ang ginawang pag-aangkop ng mga pilipino sa bago nilang panahanan?

3. Pagpapangkat.

4. Pangkatang gawin
5. Pagtalakay.

   - Magpakita ng dalawang uri ng panahanan, layu-layong tirahan at magkakalapit na trahan sa isang lugar. Suriin ang larawan at itanong: Kung ang layunin ay turuan ang mga tao ng makabagong pagsaaka, sa aling ayos ng panahanan madaling matuturuan ang mga magsasaka? Bakit?
   - Ano ang naging suliranin ng mga misyonero sa pagpapalaganp ng Kristiyanismo?
   - Ano ang nangyari sa mga Pilipinong di narating ng gamisyonero?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   Ano ang ginawang pag-aangkop ng mga Pilipino sa bago nilang panahanan?

IV. Ebalwasyon:

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Saang panahanan nakatira ang mga taong ang ikanabubuhay ay pangingisda?
2. Saan naman nakatira ang mga taong ang ikinabubuhay ay pagsasaka?
3. Nais ilipit ng mga pari ang tirahan ng mga tao upang _____.
4. Anong uri ng kapaligiran ang mhirap marating ng mgamisyonero?
5. Sa anong panahanan madaling turuan ang mga Pilipino?

V. Kasunduan:

Sumulat ng isang talata ukol sa inyong opinion sa isyu ng sapilitang paglilipat ng mga katutubo ng mga pari. Sundin ang gabay sa pagsulat ng talata.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nailalarawan ang kinalaman ng kapaligirang pisikal ng sa mga Pilipinng hindi nalipat ng tirahan.

II. Paksang-aralin:

Panahanan ng mga Unang Pilipino

Sanggunian: BEC PELC II B 1.1.4 pah 2

Pamana V

Kagamitan: larawan ng mga lugar na tinitirhan ng mga tao.

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral: Ano ang reaksyon n mga Piliino sa polo y sercicios?.
3. Pagganyak: Ipakita ang sandtable na naglalarawan ng kanilang panahanan. Pag-usapan ito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad: Gumamit ng concept map.

   Ito ang iba't-ibang lugaar na tinitirhan ng mga tao. Ang mga tao sa ating bansa ay maaring tumira sa;

   a. taabing dagat
   b. kapatagan
   c. bundok
   d. lungsod
2. Pagbibigay hinuha.
   Paano kaya ang ginawang pag-aangkop ng mga pilipino sa bago nilang panahanan?
3. Pagpapangkat.

4. Pangkatang gawin
5. Pagtalakay.

    - Magpakita ng dalawang uri ng panahanan, layu-layong tirahan at magkakalapit na trahan sa isang lugar. Suriin ang larawan at itanong: Kung ang layunin ay turuan ang mga tao ng makabagong pagsaaka, sa aling ayos ng panahanan madaling matuturuan ang mga magsasaka? Bakit?
    - Ano ang naging suliranin ng mga misyonero sa pagpapalaganp ng Kristiyanismo?
    - Ano ang nangyari sa mga Pilipinong di narating ng gamisyonero?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

    Ano ang ginawang pag-aangkop ng mga Pilipino sa bago nilang panahanan?

IV. Ebalwasyon:

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Saang panahanan nakatira ang mga taong ang ikanabubuhay ay pangingisda?
2. Saan naman nakatira ang mga taong ang ikinabubuhay ay pagsasaka?
3. Nais ilipit ng mga pari ang tirahan ng mga tao upang _____.
4. Anong uri ng kapaligiran ang mhirap marating ng mgamisyonero?
5. Sa anong panahanan madaling turuan ang mga Pilipino?

V. Kasunduan:

Gumupit ng mga larawan ng mga makbagong panahanan sa kasalukuyan tulad ng BLISS, tenement houses, subdivision, town houses at condominium. At idikit ito sa inyong kwaderno.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nahihinuha ang epekto ng kalakalan ng pagbubukas ng daungang Maynila.

II. Paksang-aralin:

Epekto ng kalakalan ng pagbubukas ng daungang Maynila.

Sanggunian: BEC PELC II C 1.1 pah 2

Pamana V

Kagamitan: mapa ng Pilipinas

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aral: Maglahad ng mga kaisipang nbuo ukol sa “polo y servicios”
3. Pagganyak:

   Ipakita ang mapa ng Pilipinas. Hanapin ninyo ang pook kung saan matatagpuan ang Maynila. Dito rin matatagpuan ang Look ng Maynila.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad:

   Ipakita ang larawan ng kalakalang galyon. Ito ang barkong nagdadala ng mga kalakal noong panahon ng Kastila sa iba’t-ibang daungan sa mundo.

2. Pagbibigay hinuha.

   Ano kaya ang idinulot sa ating bansa sa pagbubukas ng daungan ng Maynila?

3. Pagkakaroon ng Panel Discussion.
4. Pagtalakay.

   - Sinu-sino ang mga gobernador heneral na nagtaguyod ng pakikipagkalakalan ng ating bansa sa silangan?
   - Ano ang paniniwala nina Lavezares, de Vera at Careri ukol sa Maynila/ Patunayan ito.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   Ano ang mga naging epekto sa mga Pilipino ng pagbubukas ng daungan ng Maynila sa Silangan?

IV. Pagtataya:

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Nang buksan ang daungan ng Maynila, maraing kalakal buhat sa silangan ang ipinagbili sa Mehiko ng mga mangangalakal na taga-Maynila. Ano ang maaaring mangyari?
2. Dahil sa pagbubukas ng daungan ng Maynila, bumagal ang pag-unlad ng kabuhayan dahilan sa pangangalakal ang pinagtutunan ng pansin ng mga opisyales. Sa kbilang dako, nakatulon ito sa malaking kinikita ng pamahalaan. Ano ang ipinakikita nito?

V. Kasunduan:

Magsiyasat ukol sa ma sumusunod:

1. Anu-ano ang natutunan ng mga Mehikano sa ating bansa?
2. Anu-ano ang natutunan ng mga Piliino sa mga Mehikano?

3. Ano ang Kalakalang Galyon?

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nakapagbibigay ng reaksiyon tungkol sa epekto ng kalakalang galyon sa pamumuhay ng mga Pilipino.

II. Paksang-aralin:

Ang Kalakalang Galyon.

Sanggunian: BEC PELC II C 1.2 pah 2

Pamana V

Kagamitan: larawan ng kalakalang galyon, mapa ng Pilipinas

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral: Maglahad ng mga kaisipang nbuo ukol sa “polo y servicios:
3. Pagganyak:

   Ipakita ang mapa ng Pilipinas. Hanapin ninyo ang pook kung saan matatagpuan ang Maynila. Dito rin matatagpuan ang Look ng Maynila.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad:

   Ipakita ang larawan ng kalakalang galyon. Ito ang barkong nagdadala ng mga kalakal noong panahon ng Kastila sa iba’t-ibang daungan sa mundo.

2. Pagbibigay hinuha.

   Ano kaya ang idinulot sa ating bansa sa pagbubukas ng daungan ng Maynila??

3. Pagkakaroon ng Panel Discussion.

4. Pagtalakay.
   - Sinu-sino ang mga gobernador heneral na nagtaguyod ng pakikipagkalakalan ng ating bansa sa silangan?
   - Ano ang paniniwala nina Lavezares, de Vera at Careri ukol sa Maynila/ Patunayan ito.
   - Ano ang galyon? Paano naktulong ito sa ating kalakalan?
   - Anu-ano ang magaganda at di-magaganadang epekto nito?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   Paano naimpluwensiyahan ng kalakalang galyon ang ating pamumuhay?

IV. Ebalwasyon:

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Nang buksan ang daungan ng Maynila, maraing kalakal buhat sa silangan ang ipinagbili sa Mehiko ng mga mangangalakal na taga-Maynila. Ano ang maaaring mangyari?
2. Dahil sa kalakalang galyon, bumagal ang pag-unlad ng kabuhayan dahilan sa pangangalakal ang pinagtutunan ng pansin ng mga opisyales. Sa kbilang dako, nakatulon ito sa malaking kinikita ng pamahalaan. Ano ang ipinakikita nito?

V. Kasunduan:

Iguhit ang mapa ng pilipinas at Mehiko upang ilarawan ang ruta ng Kalakalang Galyon.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nabibigyang katwiran ang naging reaksiyon ng mga Pilipino sa Kristiyanismo

II. Paksang-aralin:

Ang Relihiyon ng Pamahalaan

Sanggunian: BEC PELC II C 1.2 pah 2

Pamana V

Kagamitan: plaskard

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral

   Gamitin ang dugtong-tanungan

   a. Italyanong naniwala na ang pinakamagandang lugar sa buong mundo lalo na sa pakikipagkalakalan sa dakong silangan.

   b. Ang tindahan ng mga Tsino sa Maynila

3. Pagganyak

   Basahin o isadula ang komikstrip sa p. 70

   Itanong: Ano sa palagay ninyo ang uri ng lathalaing dapat ipabasa at dulang dapat itanghal noon panahong iyon?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   - ❖ Pag-usapan ng plano ng kabayanan sa p. 68
   - ❖ Pansinin na magkalapit ang simbahan at munisipyo
   - ❖ Ipahiwatig din ang pagtutulungan ng simbahan at pamahalaan sa pamamahala sa bayan.
2. Pagbibigay-hinuha

   Paano kaya matutulungan ng simbahan (pari) at pamahalaan (alkalde mayor) para sa kaayusan at kagalingan ng parokya.
3. Pagpapangkat ng klase sa tatlong pangkat
   a. Pagpapakilala sa Kristiyanismo
   b. Pagpapalaganap ng Kristiyanismo
   c. Mga Reaksiyon sa Katolisismo
4. Pagkalap ng datos at impormasyon o Gawaing-pangkat
5. Pag-uulat
6. Pagtalakay

   Sa pagtalakay, kailangang masagot ang mga sumusunod na tanong:

   Para sa unang pangkat:
   - ❖ Sinong opisyal ng pamahalaan ang may direktong tungkulin ukol sa pagpapalaganap ng kristyiyanismo?
   - ❖ Anu-ano ang tungkulin ng mga kura paroko at misyonero?
   - ❖ Paano ipinakilala ang Kristiyanismo?

   Para sa Ikalawang pangkat:
   - ❖ Paano pinalaganap at pinanatili ang Kristiyanismo?
   - ❖ Paano pinabalik ng mga misyonero ang paniniwala ng mga nasa kabundukan?

   Para sa Ikatlong pangkat:
   - ❖ Anu-ano ang mga nagging reaksiyon ng mga Pilipino sa Krisityanismo?
   - ❖ Paano pinatunayan ng ilang Pilipino na sumasampalataya sila sa Kristiyanismo?
   - ❖ Anu-ano ang ginawang pagbabago ng mga Pilipino sa relihiyon?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   Ano ang pinakamahalagang impluwensiya ng pananakop ng Kastila?

IV. Ebalwasyon:

Piliin ang titik ng tamang sagot

1. Alin sa sumusunod ang reaksiyon ng mga sumasampalataya sa Katolisismo?

   a. Nagtatag ng Cofradia
   b. Nagpabinyag
   c. Nagsipag-alsa
   d. Nagtago sa kuweba

2. Alin ang hindi sumasampalataya sa Katolisismo?

   a. Sumasamba sa mga diwata at anito.
   b. Sumasamba sa prusisyon kung pista.

c. Nagdarasal sa simbahan

d. Isinasagawa ang mga itinuturo ng mga misyonero

V. Kasunduan:

Mangalap ng impormasyon tungkol sa pagdiriwang ng Islam. Ihambing ito sa pagdiriwang ng relihiyong Katoliko.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nasasabi ang bahaging ginagampanan ng simbahan sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo at sa pamamahala ng bansa

II. Paksang-aralin:

Ang Relihiyon ng Pamahalaan

Sanggunian: BEC PELC II C 1.2 pah 2

Pamana V

Kagamitan: plaskard

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral

   Gamitin ang dugtong-tanungan

   a. Italyanong naniwala na ang pinakamagandang lugar sa buong mundo lalo na sa pakikipagkalakalan sa dakong silangan.

   b. Ang tindahan ng mga Tsino sa Maynila

3. Pagganyak

   Basahin o isadula ang komikstrip sa p. 70

   Itanong: Ano sa palagay ninyo ang uri ng lathalaing dapat ipabasa at dulang dapat itanghal noon panahong iyon?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   - ❖ Pansinin na magkalapit ang simbahan at munisipyo
   - ❖ Ipahiwatig din ang pagtutulungan ng simbahan at pamahalaan sa pamamahala sa bayan.
2. Pagbibigay-hinuha

   Paano kaya matutulungan ng simbahan (pari) at pamahalaan (alkalde mayor) para sa kaayusan at kagalingan ng parokya.
3. Pagpapangkat ng klase sa tatlong pangkat
   a. Pagpapakilala sa Kristiyanismo
   b. Pagpapalaganap ng Kristiyanismo
   c. Mga Reaksiyon sa Katolisismo
4. Pagkalap ng datos at impormasyon o Gawaing-pangkat
5. Pag-uulat
6. Pagtalakay

   Sa pagtalakay, kailangang masagot ang mga sumusunod na tanong:

   Para sa unang pangkat:
   - ❖ Sinong opisyal ng pamahalaan ang may direktong tungkulin ukol sa pagpapalaganap ng kristyiyanismo?
   - ❖ Anu-ano ang tungkulin ng mga kura paroko at misyonero?
   - ❖ Paano ipinakilala ang Kristiyanismo?

   Para sa Ikalawang pangkat:
   - ❖ Paano pinalaganap at pinanatili ang Kristiyanismo?
   - ❖ Paano pinabalik ng mga misyonero ang paniniwala ng mga nasa kabundukan?

   Para sa Ikatlong pangkat:
   - ❖ Anu-ano ang mga nagging reaksiyon ng mga Pilipino sa Krisityanismo?
   - ❖ Paano pinatunayan ng ilang Pilipino na sumasampalataya sila sa Kristiyanismo?
   - ❖ Anu-ano ang ginawang pagbabago ng mga Pilipino sa relihiyon?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   Anu-ano ang naging reaksiyon ng mga Pilipino sa Kristiyanismo?

IV. Ebalwasyon:

Basahin ang mga tanong sa ibaba. Kung ito ay nagpapahiwatig ng tungkulin sa simbahan isulat ang titik S sa puwang. Kung pamahalaan naman, isulat ang titik P

____ 1. Sino ang nagpapatupad ng utos ng hari?

____ 2. Sino ang nagtuturo ng utos ng simbahan?

____ 3. Sino ang gumagawa ng tuntunin para sa mga mamamayan?

____ 4. Sino ang nagtuturo ng kagandahang asal at pananampalataya sa Panginoon?

____ 5. Sino ang pumipili ng mga nagbabalik sa dating paniniwala?

V. Kasunduan:

Magtala ng iba’t ibang pag-aalsa na naganap laban sa simbahan.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Nailalarawan ang paaralang itinatag ng mga pari at misyonero

II. Paksang-aralin:

Ang Sistema ng Ekukasyon
Sanggunian: Batayang Aklat pp. 77-80
Manwal ng Guro pp. 42-44
Kagamitan: larawan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aral

   Ipaliwanag kung paano ipinakilala at pinalaganap ng simbahan at pamahalaan ang Kristiyanismo.

3. Pagganyak

   Pag-usapan ang iba't ibang uri ng paaralan sa Pilipinas.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Sa araling tatalakayin, malalaman ninyo ang dahilan ng Espanya sa pagtatatag ng mga paaralan ng Espanyol sa ating bansa
2. Pagbibigay-hinuha
3. Basahin ang Teksto
4. Pagtalakay/Pagpapatunay
   - ❖ Patunayan na ang mga unang mag-aaral ay matalino.
   - ❖ Ilarawan ang mga paaralang itinatag ng mga pari at misyonero.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat: Anu-ano ang mga unang paaralan na naitatag sa ating bansa?

IV. Ebalwasyon:

Isulat ang tinutukoy

_____ 1. Pook kung saan unang itinatag ang mga paaralang pamparokya.

_____ 2. Nagtatag ng unang paaralang pamparokya.

_____ 3. Mahalagang impluwensiya ng pagsakop ng mga Espanyol.

V. Kasunduan:

Anu-ano ang dahilan ng Espanya sa pagtatatag ng mga paaralan ng Espanyol sa ating bansa?

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Naipaliliwanag ang epekto ng edukasyong kolonyal sa pagpapahalaga ng mga Pilipino

II. Paksang-aralin:

Ang Sistema ng Ekukasyon
Sanggunian: Batayang Aklat pp. 77-80
Manwal ng Guro pp. 42-44
Kagamitan: larawan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.

2. Balik-aral

   Ipaliwanag kung paano ipinakilala at pinalaganap ng simbahan at pamahalaan ang Kristiyanismo.

3. Pagganyak

   Pag-usapan ang iba't ibang uri ng paaralan sa Pilipinas.

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Sa araling tatalakayin, malalaman ninyo ang dahilan ng Espanya sa pagtatatag ng mga paaralan ng Espanyol sa ating bansa
2. Pagbibigay-hinuha
3. Basahin ang Teksto
4. Pagtalakay/Pagpapatunay
   - ❖ Ipaliwanag ang epekto ng edukasyong kolonyal sa pagpapahalaga ng mga Pilipino.
   - ❖ Sa pagtalakay, ipakita ang isang timeline ang mga kolehiyo na itinatag ng mga heswita at Dominiko (Sangguniin ang pp. 77-79)

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

Anu ang naging epekto ng edukasyong kolonyal sa pagpapahalaga ng mga Pilipino?

IV. Ebalwasyon:

Isulat ang tinutukoy

_____ 1. Kastilang nagsabi na ang mga batang Pilipino ay may hilig at kakayahan sa musika.

_____ 2. Unang paaralang panlalaki na naitatag.

_____ 3. Unang paaralang pambabae na naitatag.

_____ 4. Ang pinakamatandang kolehiyo/pamantasan na natatag.

_____ 5. Taon nang unang mabuksan ang mga paaralang bayan na tinuturuan ng pamahalaan.

V. Kasunduan:

Itala sa kuwaderno ang mga paaralang natatag noon panahon ng Kastila.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- ❖ Napaghahambing ang mga tradisyunal at di-tradisyunal na bahaging ginagampanan ng babae.

II. Paksang-aralin:

Pagpapabuti ng Katayuan ng mga Babae
Sanggunian: Batayang aklat pp. 79-80
Manwal ng Guro pp. 42-44
Kagamitan: larawan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral: Magbigay ng mga mahahalagang natutuhan kahapon.
3. Pagganyak

   Ipakita ang larawan ng iba't ibang gawaing bokasyunal at pag-usapan ito. Sa mga gawaing ito alin ang angkop sa mga babae?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Panahon pa ng Kastila ay pinangalagaan na ang katayuan ng mga babae. Ito ay ating tatalakayin ngayon.
2. Pagbibigay-hinuha
   Ano kaya ang ginawa ng mga Kastila upang napabuti ang katayuan ng mga babae?
3. Pakikinig sa isahang pag-uulat.
4. Pagtalakay
   - ❖ Anu-ano ang mga paaralang pambabae na natatag?
   - ❖ Ano ang beaterio? Anu-ano ang mga beateriong natatag?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   Ang mga natatag na paaralan para sa babae ay may layuning ihanda ang kababaihan alin man sa pagiging ina ng tahanan o sa pagmamadre.

IV. Ebalwasyon:

Ipaliwanag:

Paano natin maipakikita ang paggalang sa kababaihan?

V. Kasunduan:

Paghambingin ang tradisyunal na bahaging ginagampanan ng mga babae at sa di-tradisyunal na bahaging ginagampanan nito.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin:

- Natatalakay ang pangangailangan sa pagpapabuti ng katayuan ng mga babae.

II. Paksang-aralin:

Pagpapabuti ng Katayuan ng mga Babae
Sanggunian: Batayang aklat pp. 79-80
Manwal ng Guro pp. 42-44
Kagamitan: larawan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. Balitaan ng napapanahong usapn o isyu.
2. Balik-aral

   Magbigay ng mga mahahalagang natutuhan kahapon.
3. Pagganyak

   Ipakita ang larawan ng iba't ibang gawaing bokasyunal at pag-usapan ito. Sa mga gawaing ito alin ang angkop sa mga babae?

B. Panlinang na Gawain:

1. Paglalahad
   Panahon pa ng Kastila ay pinangalagaan na ang katayuan ng mga babae. Ito ay ating tatalakayin ngayon.
2. Pagbibigay-hinuha
   Ano kaya ang ginawa ng mga Kastila upang napabuti ang katayuan ng mga babae?
3. Pakikinig sa isahang pag-uulat.
4. Pagtalakay
   - Paano pinangangalagaan at pinapaunlad ang mga kababaihan noon? Ihambing ito sa mga paraang ginawa ng pamahalaan sa kasalukuyan?

- ❖ Anu-ano ang ang mga paaralang normal para sa kababaihan ang natatag?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Paglalahat:

   Paano natin maipapakita ang paggalang sa kababaihan?

IV. Ebalwasyon:

Alamin ang saloobin ng mga bata sa pamamagitan ng tseklis na ito. Ipasagot ang mga tanong sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek sa kaukulang hanay. Pagkatapos, hingin ang paliwanag sa pinili nilang sagot.

Ano sa palagay mo?	Sang-ayon	Hindi Sang-ayon	Hindi Tiyak
1. Ang asignatura sa gawaing pantahanan ay makatutulong sa mga babae.			
2. Kailangan ang pag-aaral ng relihiyon sa lahat ng paaralan			
3. Kailangang mga pari ang magtuturo sa paaralan.			
4. Makatutulong sa kabuhayan ang paaralang bokasyonal.			
5. Mahalaga sa mga Pilipino ang mga pinag-aralan.			

V. Kasunduan:

Paghambingin ang mga asignatura noon at asignatura ngayon?

2nd

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Nasusuri ang ginagawang pang-angkop ng mga Pilipino sa kulturang ipinakikilala ng Espnayol.

Pagpapahalaga: *Pagpapahalaga sa Kulturang Pilipino*

II. PAKSA: Pag-angkop ng mga Pilipino sa Kulturang Ipinakikilala ng Espanyol

Sanggunian: PELC 1. B. 3. 1 p.8

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 81-86 ,Pamana pp. 97-100

Kagamitan: larawan, aklat, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Ano ang kahalagahan ng pagtatatag ng paaralan sa layuning maituro ang pamumuhay ng isang Kristiyano?

2. *Pagganyak:*

Magpakita ng hal. kung paano nababago ang nayo ng isang bagay tulang ng sumusunod:

a. Ang dating simpleng yari ng damit ay gumaganda kapag nilagyan ng palamuti o binurdahan

b. Gumaganda ang bahay kapag nilalagyan ng kurtina at palamuti.

c. Ang iginuguhit ng larawan ay magiging maganda kapag kinulayan.

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

Pagmamasid sa mga larawan na nagpapakita ng pagbabago na ginagawa pa rin hanggang ngayon.

2. *Pagtatalakay:*

- Anu-ano ang mga kulturang ipinakikilala ng mga Espanyol sa mga Pilipino?
- Anu-anong babasahin ang inilimbag at bakit?
- Paano naimpluwensiyahan ng mga Espanyol ang mga Pilipino sa larangan ng pagpinta at paglilok?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalahat:*

Tinanggap, isinagawa at iniangkop ng mga Pilipino ang kulturang ipinakilala ng mga Espanyol.

2. *Paglalapat:*

- Dapat pa bang ipagpatuloy ang pagdiriwang ng mga pista?
- Paano ito isasagawa?

3. *Pagpapahalaga:*

Paano pinahahalagahan ng mga Pilipino ang mga kulturang ipinakilala ng mga Espanyol?

IV. PAGTATAYA:

Isulat ang tamang sagot.

1. Anu-ano ang mga kulturang ipinakilala ng mga Espanyol sa mga Pilipino?
2. Ano ang babasahing inilimbag tungkol sa relihiyon?
3. Paano iniangkop ng mga Pilipino ang kulturang ipinakilala ng mga Espanyol?

V. TAKDANG-ARALIN:

Maghanda sa pagsasalaysay tungkol sa kung ano ang kulturang ipinakilala ng mga Espanyol.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Napaghahambing ang uri ng pamahalaang sentral at pamahalaang lokal.

Pagpapahalaga: *Pagsunod sa Pamahalan*

II. PAKSA: Ang Pamahalaang Sentral at Pamahalaang Lokal.

Sanggunian: PELC II C. 1. p.9

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 88-92

Pamana pp. 74-80

Kagamitan: aklat, larawan, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Sinu-sino ang kinikilalang Pilipino sa larangan ng musika, sining at panitikan

Sabihin kung saang larangan sila nakilala.

2. *Pagganyak:*

Ilahad ang sumusunod na kuwentong "Sina Jun, Pol at Ernie".

Magkaibigan sina Jun at Pol. Nang mag-away sina Ernie at Pol, nakisali si Jun. gusto niyang tulungan si Pol. Nasugatan at napilayan si Jun nang siya'y lusubin ni Ernie. Napagkasunduan nila na itigil na ang pag-aaway.

Itanong: Ano kaya ng nangyari kay Jun?

Paano kaya malulutas ang knilang suliranin?

Ano ang dapat niyang gawin upang gumaling ang sugat at makalakad na muli?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

May kaugnayan ang kuwento sa inyong pag-aaralan ngayun. Habang binabasa ang aralin, alamin kung paano magkatulad ang kuwento at ang mga sitwasyon sa digmaan ng Espanya at Inglatera. Alamin ang ginawa ng Espanya upang malutas ang suliranin.

Ipabasa ang “Ang Pilipinas sa Iba’t ibang Panahon , pp. 88-92 at magkaroon ng Panel Discussion.

Ang isang panel ay tatalakayin ang pamahalaang sentral at ang kabilang panel naman ay tatalakay sa pamahalaang lokal.

2. *Pagtatalakay:*

a. Sa pamamagitan ng “panel discussion” ilarawan sa pisara ang paghahambing.

b. Sino ang namuno sa pamahalaang lokal? Pamahalaang sentral?

Saan matatagpuan ang pamahalaang sentral? Pamahalaang lokal?

Anu-anong batas ang pinasusunod ng pamahalaang sentral? Pamahalang lokal?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalahat:*

Ano ang kaibahan ng pamahalaang sentral sa pamahalaang lokal?

2. *Paglalapat:*

Ano ang masasabi mo sa ating pamahalaan noon at pamahalaan ngayon?

3. *Pagpapahalaga:*

    Paano mo isasagawa ang mga iba’t ibang batas na ipinag-uutos ng pamahalaan?

IV. PAGTATAYA::

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang pamahalaang sentral?
    a. pinakamaliit na yunit ng pamahalaan
    b. pinakapunong pamahalaan
    c. pamahalaang lalawigan
2. Ano ang pamahalaang lokal?
    a. pamahalaang pambansa
    b. pamahalaan ng lalawigan o pueblo
    c. pamahalaang military
3. Sino ang pinaka mataas na opisyal na hinirang ng hari sa pamahalaang sentral?

V. TAKDANG-ARALIN:

Itala sa kuwaderno ang lahat ng kaibahan ng pamahalaang sentral sa pamahalaang lokal.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

Naiisa-isa ang mga opisyales at ang kanilang mga tungkulin

Pagpapahalaga: *Makataong Pagganap sa Tungkulin*

II. PAKSA: Opisyales sa Pamahalaang Espanyol at ang Kanilang Tungkulin

Sanggunian: PELC II. C. 1.1 p.9, BEC p. 8

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 93-95 ,Pamana pp. 74-80

Kagamitan: larawan, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Paghambingin ang pamahalaang sentral at pamahalaang local

2. *Pagganyak:*

Pagpapakita ng mga larawan ng mga opisyales ng pamahalaan.

Itanong: Magkakaiba ba ang kanilang tungkulin?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

Pag-uulat ng mga piling mag-aaral tungkol sa mga opisyales at tungkulin nila.

2. *Pagtatalakay:*

   - Sino ang pinakamataas na opisyales ng pamahalaang sentral?
   - Anu-ano ang kanyang mga tungkulin?
   - Sino-sino ang kanyang mga opisyales sa pamahalaang lokal at anu-ano ang kanilang mga tungkulin?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalahat:*

   Sino-sino ang mga opisyales sa pamahalaan ng Panahong Espanyol? Anu-ano ang kanilang mga tungkulin?

2. *Paglalapat:*

   Kung ikaw ay isa sa mga opisyales ng pamahalaan, paano mo gagampanan ang iyong tungkulin?

3. *Pagpapahalaga:*

   Paano mo maipapakita ang makataong pagganap sa tungkulin kung ikaw ay isang opisyal ng pamahalaan?

IV. PAGTATAYA::

Sabihin ninyo ang mga tungkulin ng:

1. gobernador – heneral
2. alcalde mayor
3. gobernadorcillo

4. cabeza de barangay.

V. TAKDANG-ARALIN:

Itala ang mga opisyales at ang tungkulin ng bawat isa.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

Nasasabi ang tungkulin ng audiencia, residencia at visita at ang epekto nito.

Pagpapahalaga: *Mahusay na pagganap sa tungkulin*

II. PAKSA: Tungkulin ng Audencia, Residencia at Visita at ang Epekto nito.

Sanggunian: PELC II. C. 1.2 p.9

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 88-89

Kagamitan: aklat, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Sino-sino ang mga opisyales at anu-ano ang mga tungkulin ng bawat isa sa kanila?

2. *Pagganyak:*

Itanong: Ano ang tungkulin ng guro sa paaralan? Ano ang tungkulin ng hukuman? Ano ang tungkulin ng Pulis? Ang mga katanungang ito ay may kaugnay sa ating aralin ngayun.

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

Pag-uulat ng mga mag-aaral tungkol sa tungkulin ng audencia, residencia at visita?

2. *Pagtatalakay:*

Ano ang audencia? Kalian ito itinatag? Anu-ano ang mga tungkulin nito? Ano ang kaibahan ng residencia sa visita? Bakit kung minsan hindi maganda ang visita?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalahat:*

Anu-ano ang mga tungkulin ng audencia, residencia at visita at ang epekto nito?

2. *Paglalapat:*

Ano ang katumbas ng audencia, residencia at visita ngayon?

3. *Pagpapahalaga:*

Paano natin mapapanatili ang mahusay na pagganap sa tungkulin?

IV. PAGTATAYA:

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang kataas-taasang hukuman ng Kolonya ng Pilipinas?

   a. Corte Suprema b. Corte de Pueblo c. Audencia Real

2. Kailan itinatag ang Audencia Real?

   a. noong Mayo 5, 1583 b. noong Mayo 5, 1983 c. noong Hunyo 19, 1807

3. Ano ang tungkulin nito?

   a. nagpayo sa goberndor at nagsisiyasat sa mga katiwalian ng mga opisyal

   b. namahala sa pamahalaang sentral

   c. nagsasanay sa mga kawal

V. Takdang-Aralin

Itala sa kuwaderno ang mga tungkulin ng audencia, residencia at visita.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Nakapagbibigay ng katibayan sa pagkamalikhain ng mga Pilipino

Pagpapahalaga: *Pagpapahalaga sa pagiging malikhain ng mga Pilipino.*

II. PAKSA: Katibayan sa Pagkamalikhain ng mga Pilipino sa Musika, Sining at Panitikan.

Sanggunian: PELC II. B. 3. 2 p.8

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon

Kagamitan: larawan,, tsart, aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Paano naiangkop ng mga Pilipino ang kulturang ipinakilala ng Espanyol?

2. *Pagganyak:*

Pagpapakita ng mga larawan ng mga Pilipinong mahusay sa pag-awit, mga gawang sining at panitikan.

Ano ang ipinakikita nito.

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

Pag-uulat ng mga piling mag-aaral sa mga katibayan na ang Pilipino ay may pagkamalikhain sa larangan ng musika, sining at panitikan?

2. *Pagtatalakay:*

- Paano naipakita ng gma Pilipino ang kanilang pagkamalikhain sa larangan ng musika, sining at panitikan?
- Anu-ano ginagawa nila pag ma Flores de Mayo at prusisyon?
- Ano ang iginuguhit na larawan sa paligid sa kisame ng simbahan?
- Sino ang kilalang ama ng pagpinta?
- Sino ang kinikilalang “Huseng Sisiw?”
- Ano ang isinulat ni Baltazar?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalahat:*

Anu-ano ang mga katibayan na nagpapakita na may pagkamalikhain ang mga Pilipino sa larangan ng musika, sining at panitikan?

2. *Paglalapat:*

Halimbawa, ikaw ay marunong umawit, paano mo maipakikita ang iyong pagiging mahusay sa larangan ng musika?

3. *Pagpapahalaga:*

Paano mo napapahalagahan ang pagiging malikhain ng mga Pilipino?

IV. PAGTATAYA::

Magbigay ng mga limang katibayan na pagiging malikhain ng mga Pilipino sa larangan ng musika, sining at panitikan.

V. TAKDANG-ARALIN:

Itala ang mga Pilipino na naging sikat sa larangan ng musika, sining at panitikan.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Naipapaliwanag ang epekto ng pagbubukas ng Maynila sa kalakalang pandaigdig sa pagbuo ng diwang makabansa.

Pagpapahalaga: *Pagpapahalaga sa kaayusang panlipunan at pampanitikan.*

II. PAKSA: Epekto ng Pagbubukas ng Maynila sa Kalakalang Pandaigdig sa Pagbuo ng Diwang makabansa.

Sanggunian: BEC D. 6 p.8

Kagamitan: watawat, tape recorder, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. Ipakita ang watawat ng Pilipinas at pag-usapan ito.

Itanong: Ano ang isinasagisag ng watawat?

Bakit natin itinataas ang watawat?

Ibinababa ng may paggalang?

Anong damdamin ang ipinakikita ng mga Pilipino sa tuwing makikita an gating watawat?

Anong diwa ang nasa kalooban ng mga Pilipino?

2. Sumulat ng tatlong pangungusap na nagpapakita ng pagkamakabansa.

B. Panlinang na Gawain:

1. Iparinig sa tape recorder ang “Pagbubukas ng Pilipinas sa Kalakalang Pandaigdig.

   Sino-sino ang mga dayuhang mangangalakal ang dumating sa bansang Pilipinas?

   Anu-ano ang kanilang dala?

   Anu-ano ang natutuhan ng ilang Pilipino sa kanila?

   Ano ang natutuhan mula sa kilalang manunulat?

2. Hingan ang mga bata ng paliwanag kung nakatulong ba ang pagbubukas ng Maynila sa kalakalang Pandaigdig.

3. Ipasuri sa mga bata ang sumusunod:

   a. Nang buksan ang Maynila sa kalakalang pandaigdig, dumami ang mga dayuhang mangangalakal.

   b. Iba’t ibang kaisipan at kaalaman ang dala ng mga dayuhan.

   c. dahil sa pakikipag-ugnayan, natutuhan ng isang Pilipino ang tungkol sa himagsikang Amerikano at Pranses.

4. Hayaang magpaliwanag ang mga bata sa epekto ng pagbubukas ng Maynila sa Kalakalang Pandaigdig.

C. Pangwakas na Gawain:

1. Pagbubuod:

   - Patnubayan ang mga bata sa pagbuo ng kaisipan.
   - Maganda ba ang naging epekto ng pagbubukas ng Maynila sa kalakalang pandaigdig?
   - Nakatulong ba ng malaki sa mga Pilipino ang pagbubukas ng Maynila sa kalakalang pandaigdig sa pagbuo ng diwang makabansa?

2. Sikaping masabi ng mga bata ang pagpapahalaga sa kaayusang panlipunan at pampulitika.
3. Pagsasanay:
   a. Kopyahin sa inyong sagutang papel ang mga pangungusap na nagpapahiwatig ng pagiging makabansa.
      - Hindi pagtangkilik sa mga produktong gawa sa Pilipinas.
      - Paggalang sa watawat ng Pilipinas.
      - Pagbili ng mga imported na chocolate at iba pang gamit.
      - Tangkilikin ang mga sapatos na gawa sa Marikina.

- Ipagmalaki ang bansang PIlipinas kahit saan man naroroon.

b. Hayaang magpaliwanag ang bata sa kanilang mga sagot.

IV. PAGTATAYA::

Sagutin ng tama o mali at ipaliwanag.

_____ 1. Nang buksan ang Maynila sa kalakalang pandaigdig dumami ang mga dayuhang mangangalakal sa bansa.

_____ 2. Iba-ibang kaisipan at kaalaman ang dala ng mga dayuhan sa Pilipinas.

_____ 3. Walang natutuhan ang mga Pilipino sa mangangalakal na dayuhan.

V. TAKDANG-ARALIN:

Itala ang buod ng pangyayari sa pagbubukas ng Pilipinas sa kalakalang pandaigdig.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Natatalakay ang epekto ng pamunuang demokratiko ng Espanya sa pagbuo ng diwang makabansa.

Pagpapahalaga: *Pagiging makabansa*

II. PAKSA: Epekto ng Pamunuang Demokratiko ng Espanya sa Pagbuo ng Diwang Makabansa.

Aralin: Pagtalakay sa epekto ng pamunuang demokratiko ng Espanya sa pagbuo ng diwang makabansa.

Sanggunian: BEC D.8 p.8

Kagamitan: tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Pag-usapan ang salitang “demokrasya.”



Kalayaang

Mag-aral

2. *Pagganyak:*

Anong pamahalaan mayroon ang Pilipinas?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

Ipabasa sa mga bata ang pangungusap na nagpapatunay na nakatulong ang pamunuang demoktratiko ng Espanya sa pagbuo ng diwang makabansa.

2. *Pagtatalakay:*

a. Talakayin ang mga sumusunod:

- Nagpadala sa ating bansa ng mga bagong pinunong demokratiko. Naging magandang pagkakataon ito sa mga Pilipino. Unti-unti nilang pinarating ang kanilang hiling at daing sa pamahalaan.
- Malaya silang makapag-usap tungkol sa mga nais nilang pagbabago.
- Malayang naipakita ng mga Pilipino ang sagisag ng kalayaan tulad ng pagkakabit ng pulang laso.

b. Batay sa ating tinalakay.

Ano ang ipinakita ng mga Pilipino sa panahong ito?

c. Magbigay ng halimbawa sa pangungusap na nagpapatunay ng pagiging makabansa.

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalahat:*

Patnubayan ang mga bata sa pagbuo ng kaisipan.

- malaki ang naitulong at kapaki-pakinabang ba ang naging epekto ng pamunuang demokratiko ng Espanya sa pagbuo ng diwang makabansa?
- Bakit nila ginawa ang lahat ng ito? Para kanino nila ito iniuukol?

2. *Paglalapat:*

Sumulat ng isang epekto ng pamunuang demokratiko ng Espanya sa pagbuo ng diwang makabansa.

IV. PAGTATAYA::

Bilugan ang bilang ng pangungusap na tumutukoy sa epekto ng pamunuang demoktratiko ng Espanya sa pagbuo ng diwang makabansa.

1. Nagtagumpay ang himagsikan laban sa pamahalaan Reyna Isabel II.
2. Ang demokratikong pamunuan ng Espanya ang nakatulong ng malaki sa Pilipinas.
3. Si Legaspi ang demokratikong pinuno ng Espanya.

V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng 5 paraan kung paano mo ipakikita ang pagiging makabansa.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Nakapagbibigay sa sariling opinion tungkol sa pagiging martir ng tatlong paring Gomez, Burgos at Zamora.

Pagpapahalaga: *Paggalang sa Tatlong Pari: Gomez, Burgos at Zamora.*

II. PAKSA: Opinyon Tungkol sa Pagiging Martir ng Tatlong Pari: Gomez, Burgos at Zamora.

Aralin: Pagbibigay ng sariling opinion tungkol sa pagiging martir ng tatlong pari: Gomez, Burgos at Zamora.

Pagbibigay ng paggalang sa tatlong pari: Gomez, Burgos at Zamora.

Sanggunian: PELC II. D. 1.3

BEC D.9 p.8

Kagamitan: tape recorder, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. Ipakita ang larawan ng tatlong pari: Gomez, Burgos at Zamora.

Itanong: Sino ang tatlong pari na gumising sa damdaming makabansa noong unang panahon?

Ano ang naging dahilan upang mag-alsa ang mga Pilipino?

Anu-ano ang kanilang nagawa sa bansa?

2. Pag-usapan ang salitang “martir”.



nagpapaubaya Matitisin

Mapagpamahal

B. Panlinang na Gawain:

1. Tumawag ng ilang bata at ipabasa.

    - Pag-amin sa kasalanan ng kapatid.
    - mahatulan dahil sa kasalanan ng iba.
    - Pagtitiis ng hirap para sa pamilya.

2. Hingin ang mga bata ng paliwanag kung bakit kailangan gawin ng isang tao ang mga pangungusap sa itaas.

    Ano ang kanyang katangiang ipinakita?

3. Iparinig ang : “Ang pagkamatay ng Tatlong Paring Martir.”

4. Talakayin:

    a. Kailan ginanap ang pag-aalsa sa Cavite?
    b. Sinu-sino ang mga nag-aalsa?
    c. Ano ang gustong mangyari ng tatlong pari?

C. Pangwakas na Gawain:

1. Pagbuo ng kaisipan:

    a. Ano ang opinion mo tungkol sa pagiging martir ng tatlong pari?

    b. Ano ang dapat nating ibigay o ipagkaloob sa kanila bilang sukli sa kanilang pagiging martir.

2. Sa anong paraan natin maipakikita ang paggalang sa tatlong pari?

3. Pagsasanay:

Lagyan ng tsek; (✔) ang pangungusap na nagpapakita ng pagglang sa tatlong pari: Gomez, Burgos at Zamora.

1. Pagbasa at pagsasalin sa kanilang nagawa sa bansa.
2. Pagwawalang-halaga sa kanilang nagawa sa bansa.
3. Itago ang mga larawan nila ng may pagmamahal at pag-iingat.

IV. PAGTATAYA::

Sumulat ng sariling opinion tungkol sa pagiging martir ng tatlong apri: Gomez, Burgos at Zamora.

V. TAKDANG-ARALIN:

Maghanda sa isang debate tungkol sa:

Martir ba ang tatlong pari?

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Naipapaliwanag ang paraan ng pakikipaglaban ng mga natataning Pilipino upang makamit ang minimithing kalayaan.

Pagpapahalaga: Pagpapahalaga sa Kalayaan

II. PAKSA: Paraan ng Pakikipaglaban ng mga Natatanging Pilipino Upang Makamit ang Minimithing Kalayan.

Aralin: Pagpapaliwanag ng mga paraan ng pakikipaglaban ng mga natatanging Pilipino upang makamit ang minimithing kalayaan.

Pagsasabi ng pagpapahalaga sa kalayaan.

Sanggunian: PELC II D.2

BEC D. 10 p.8

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. Pag-usapan ang iba't ibang dayuhang sumakop sa bansa noong unang panahon.

   Ano ang dahilan ng kanilang pagsakop?

2. Anong salita ang maiuugnay sa salitang "malaya".



may sariling pamahalaan

walang nakikialam

Mga Pilipino ang namumuno

3. Kailan natin ipinagdiriwang ang araw ng kalayaan?

   Paano natin ito nakamit?

B. Panlinang na Gawain:

1. Pag-uulat ng mga bata (4 nga bata) tungkol sa “Pakikipaglaban Para sa Kalayaan”.
2. Ipasagot sa mga bata.
   a. Anu-anong paraan ang ginawang pakikipaglaban ng mga Pilipino?
   b. Ano ang sinabi ni Sultan Kudarat?
   c. Paano nakipaglaban si Sanciano?
   d. Ano ang ginawa ni Rizal na pakikipaglaban?
   e. Anong uri g pakikipaglaban ang ginawa ni del Pilar? Binifacio? Aguinaldo? Mabini?
3. Ipaliwanag ang ginawang pakikipaglaban ng mga sumusunod na bayani upang makamit ang kalayaan.
   a. Jose Rizal
   b. Apolinario Mabini

C. Pangwakas na Gawain:

1. Pagbuo ng kaisipan:

   Isulat ang iba’t ibang paraan ng pakikipaglaban ng mga natatanging Pilipino upang makamit ang minimithing kalayaan.

2. Paano natin naipakita ang pagpapahalaga sa kalayaan?
3. Sumulat ng isang paraan ang pakikipaglaban sa mga unang Pilipino upang makamit ang kalayaan. Ipaliwanag ito kung paano nagtagumpay.
4. Sagutin ng tama o mali ang mga pangungusap kung may pagpapahalaga sa kalayaan.
   - paghihimagsik sa Cavite
   - utak ng himagsikan
   - tuta ng mga dayuhan

IV. PAGTATAYA::

Ipaliwanag sa sariling pangungusap:

1. Ang batas ay para sa lahat.
2. Nagpapahayag ng himagsikan sa Pugad Lawin.
3. Pakikipaglaban sa larangan ng panulat.

V. TAKDANG-ARALIN:

Sinu-sino ang mga bayaning Pilipino ang nakipaglaban sa mga dayuhan upang makamit ang kalayaan?

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

- Naiisa-isa ang mga bayaning Pilipino at ang kanilang mga nagawa tungo sa kalayaan ng bansa.

Pagpapahalaga: *Pagpapahalaga sa kalayaan ng bansa.*

II. PAKSA: Mga Bayaning Pilipino at ang Kanilang mga Nagawa Tungo sa Kalayaan ng Bansa.

Sanggunian: BEC 2.1 p.7

PELC D. 2.1 p. 16

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 114-119

Kagamitan: larawan, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Anu-ano ang mga paraan ng pakikipaglaban ng mga natatanging Pilipino upang makamit ang minimithing kalayaan?

2. *Pagganyak:*

Ipakita ang larawan ng mga bayani.

Sinu-sino ang mga ito?

Ano ang nagawa nila sa bayan?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

Pagganap ng mga piling mag-aaral sa bayani at sabihin ang ginawang paraan tungo sa kalayaan. Pipili ang guro ng gaganap bilang:

- Rizal, Bonifacio, Aguinaldo, Mabini, del Pilar
- Sultan Kudarat, Sancianoo

2. *Pagtatalakay:*

a. Anu-ano ang mga ginawa ng mga bayani tungo sa kalayaan ng bansa?

b. Sino ang tinaguriang “Utak ng Himagsikan ng Pilipinas”?

c. Ilarawan ang papel na ginagampanan ni Aguinaldo sa kalayaan ng bansa.

d. Sa palagay ninyo, mabisa bang lahat ang kanilang nagawa tungo sa kalayaan ng bansa? Bakit?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalagom:*

Sinu-sinong bayaning Pilipino ang may ginawang paraan tungo sa kalayaan ng bansa?

2. *Paglalapat:*

Sino sa mga bayani ang gusto mong gayahin? Bakit?

3. *Pagpapahalaga:*

Bakit mahalga ang ginawang paraan ng mga bayani para sa minimithing kalayaan?

IV. PAGTATAYA::

Ibigay ang tamang sagot.

1. Kilala sa tawag na Plaridel.
2. Sino ang sumulat ng “Ang Pag-unlad ng Pilipinas”.
3. Tinaguriang “Utak ng Himagsikan”.

V. TAKDANG-ARALIN:

Nangalap pa ng mga bayaning nakagawa ng paraan tungo sa kalayaan ng bansa at itala sa inyong kuwaderno.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

- Nakapagpapahayag ng mga pagpapahalagang ipinakikita ng mga bayaning Pilipino.

Pagpapahalaga: *Pagiging matapat at mapagmalaki sa sariling bansa.*

II. PAKSA:

Aralin: Pagpapahayag ng mga Pagpapahalagang Ipinakikita ng mga Bayaning Pilipino.

Sanggunian: BEC III. A. 1 p.7

PELC III. A.1 p.14

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp.114-119

Kagamitan: larawan, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Sino-sinong mga bayani ang nakagawa ng paraan tungo sa kalayaan?

2. *Pagganyak:*

Ipakita ang larawan ng mga bayani.

Sabihin kung ano ang kanilang nagawa.

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

   Pumili ng ilang piling mag-aaral upang ipakita ang pagpapahalagang nagawa ng mga bayaning Pilipino.

2. *Pagtatalakay:*

   a. Anu-ano ang mga nagawa ng mga bayaning Pilipino na hanggang sa ngayon ay pinahahalagahan pa ng mga Pilipino?

   b. Sinu-sino pang bayaning Pilipino ang nakagawa ng kahalintulad kay Sultan Kudarat?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalagom:*

   Ihayag ang mga pagpapahalagang ipinakita ng nagawa ng mga bayaning Pilipino.

2. *Paglalapat:*

   Anong pagpapahalaga ang gagawin mo sa ipakitang nagawa ng mga bayaning Pilipino.

3. *Pagpapahalaga:*

   Paano mo ipakikita ang pagpapahalaga sa mga nagawa ng mga bayaning Pilipino? Tulad nina:

   a. Rizal
   b. Bonifacio
   c. del Pilar
   d. Aguinaldo
   e. Sancianco

IV. PAGTATAYA:

Gumawa ng maikling talata tungkol sa pagpapahalaga sa ipinakitang nagawa ng mga bayaning Pilipino.

V. Takdang-Aralin

Bakit kailangang pahalagahan ang ipinakitang nagawa ng mga bayaning Pilipino?

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

- Natatalakay ang uri ng pamahalaang military at pamahalaang sibil.

Pagpapahalaga: *Magalang na Pagsunod*

II. PAKSA:

Aralin: Pamahalaang Militar at Pamahalaang Sibil

Sanggunian: PELC III. A.1 p.15

BEC III. A. 1 p.21

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp.126-130

Kagamitan: larawan, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Anu-ano ang pagpapahalagang ipinakikita ng nagawa ng mga bayaning Pilipino?

2. *Pagganyak:*

Ipakita ang mga larawan ng mga dayuhang sumakop sa atin.

Sinu-sino ang mga nasa larawan?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

   Bumuo ng dalawang pangkat para ilahad ang pamahalaang military at pamahalaang sibil.

2. *Pagtatalakay:*

   - Kailan itinatag sa ating bansa ang pamahalaang military?
   - Sino ang namuno sa pamahalaang military?
   - Anu-ano ang mga ipinatutupad dito?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalagom:*

   Ano ang masasabi mo sa pamahalaang military at pamahalaang sibil?

2. *Paglalapat:*

   Paghambingin ang pamahalaang military at pamahalaang sibil.

3. *Pagpapahalaga:*

   Bakit mahalaga ang pamahalaang military at pamahalaang sibil sa ating bansa?

IV. PAGTATAYA::

Piliin ang titik ng tamang sagot:

1. Ano ang unang uri ng pamahalaan ng unang Republika ng Pilipinas?

   a. diktatoryal b. demokratiko c. military

2. Kailan itinatag ang pamahalaang military?

   a. Agosto 14, 1898 b. Hunyo 12, 1898 c. Hulyo 4, 1901

V. TAKDANG-ARALIN:

Isulat ang buod ng pangyayari sa panahon ng pamahalaang militar at pamahalang sibil.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Natatalakay ang ginawang pamamahala ng mga Amerikano sa mga Pilipino.

Pagpapahalaga: *Paggalang sa Pamahalaan*

II. PAKSA:

Aralin: Pamamahala ng mga Amerikano sa mga Pilipino

Sanggunian: PELC III. A.1 p. 15

BEC III. A.1 P.21

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon

Kagamitan: larawan, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Paghambingin ang pamahalaang military at pamahalaang sibil.

2. *Pagganyak:*

Pagmasdan ang mga larawan.

Anong uri ng pamamahala ang ginawa ng mga Amerikano sa ating bansa?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

   Paggamit ng aklat sa pagkalap ng impormasyon tungkol sa ginawang pamamahala ng mga Amerikano sa mga Pilipino.

2. *Pagtatalakay:*

   - Anu-ano ang mga ginawang pamamahala ng mga Amerikano sa mga Pilipino?
   - Anu-ano ang pagbabagong naganap sa simula pa lamang ng pamamahala ng mga Amerikano?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalagom:*

   Anu-ano ang ginawang pamamahala ng mga Amerikano sa Pilipino?

2. *Paglalapat:*

   Ano ang kaugnayan ng pamamahala ng Amerikano sa kasalukuyang pamamahala?

3. *Pagpapahalaga:*

   Bakit mahalaga ang ginawang pamamahala ng mga Amerikano sa mga Pilipino?

IV. PAGTATAYA::

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang muling itinatag sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano?
   a. Kataas-taasang Hukuman
   b. Batasang Pambansa
   c. Mababang Kapulungan.
2. Kailan nagsimula ang digmaang Amerikano – Pilipino?

a. Pebrero 14, 1899 b. Pebrero 4, 1899 c. Pebrero 24, 1899

3. Aling komisyon ang nagmungkahi ng pagtatatag ng pamahalaang sibil sa Pilipinas?

a. Ikalawang Komisyon c. Komisyon ng Kasunduan sa Paris

b. Komisyon Schurman

V. TAKDANG-ARALIN:

Itala sa kuwaderno ang mga ginawang pamamahala ng mga Amerikano sa mga Pilipino.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Naipapaliwanag ang mga hakbang na ginawa ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan.

Pagpapahalaga: *Pagiging makabansa - makabayan*

II. PAKSA: Mga Hakbang na Ginawa ng mga Pilipino Upang Makamit ang Kalayaan

Sanggunian: PELC III. A. 2.1 p. 11

BEC p. 21

Pamana pp. 134-137

Kagamitan: larawan, aklat, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balitaan*
2. *Balik-Aral:*

Anu-ano ang hakbang na ginawa ng pamahalaan para sa unti-unting paglilipat ng mga Pilipino ng kapangyarihang mamahala?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Pagbuo ng hinuha:*

Anu-ano ang mga hakbang na ginawa ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan?

2. *Paglalahad:*

Paggamit ng aklat sa pagkalap ng impormasyon tungkol sa mga hakbang na ginawa ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan?

3. *Pagtatalakay:*

- Ano ang itinatag ng pamahalaan bilang paghahanda sa pagsasarili?
- Anu-ano ang mga samahan at kilusan ang itinatag para sa kasarinlan ng Pilipinas?
- Sino-sinong bayani ang kabilang sa tumulong upang maisakatuparan ang kasarinlan ng Pilipinas?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

Maraming mga hakbang na ginawa ang mga Pilipino upang makamit ang kalayaan tulad ni Andres Bonifacio na nakpaglaban sa pamamagitan ng sandata, si Jose Rizal ay sa pamamagitan ng panulat at marami pang ibang magigiting na Pilipino.

2. *Paglalapat:*

Ano ang dapat mong gawin para makamit mo ang kalayaan, kung ikaw ay nasa panahong tayo ay nasasakupan ng mga dayuhan?

IV. PAGTATAYA::

Piliin ang tamang sagot. Bulugan lamang ang titik.

1. Hindi kinilala ng mga Amerikano ang Unang Republika dahil
   a. ayaw nila kay Aguinaldo bilang pangulo.
   b. may sarili silang hangarin na masakop ang Pilipinas
   c. nakapagbayad na sila sa mga Espanyol
2. Ang insidenteng naging mitsa ng digmaang Pilipino-Amerikano ay nangyari sa _____.
   a. Pinagbarilan Bridge b. San Juanico Bridge c. Pinaglabanan Bridge
3. Si Gregorio del Pilar ay namatay sa gulang na _____.

a. 24 taong gulang b. 34 taong gulang c. 25 taong gulang

V. TAKDANG-ARALIN:

Ipaliwanag ang mga hakbang na ginawa ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Natutukoy ang mahahalagang pangyayaring may kinalaman sa pagkakamit ng kalayaan/malayang pamahalaan.

Pagpapahalaga: *Pahalagahan ang Kalayaan*

II. PAKSA: Mahahalagang Pangyayaring may Kinalaman sa Pagkakamit ng Kalayaan at Malayang Pamahalaan

Sanggunian: PELC III. A. 2.2 p. 16

BEC III. A. 4.4 p. 21

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 131-132

Kagamitan: larawan, aklat, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Anu-ano ang mga hakbang na ginagawa ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan?

2. *Pagganyak:*

Sinu-sinong bayani ang nagtanggol sa ating bansa upang makamit ang kalayaan?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

    Pangkatin ang klase sa apat. Papiliin n glider ang bawat pangkat. Magpalabunutan ang apat na pangkat sa activity card ng gawain tulad ng sumusunod:

    a. paglalarawan ng pagkahuli kay Gregorio del Pilar

    b. paglalarawan ng Misyong Os-rox (Osmenia – Roxas)

    c. paglalarawan ng Batas Jones noong Agosto 29, 1916

    d. paglalarawan ng labanan ng Amerikano at Muslim.

2. *Pagtatalakay:*

    a. Ibigay ang kaugnayan ng pamamahala ng Amerikano sa kasalukuyang pamahalaan.

    b. Isalaysay ang pakikipaglabang ginawa ng ilang bayaning Pilipino noong panahon ng Amerikano.

    c. Ipaliwanag ang mga hakbang na ginawa ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan.

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalagom:*

    Paghambingin ang pamahalaang military at pamahalaang sibil noong panahon ng Amerikano.

2. *Paglalapat:*

    Ano ang mahahalagang pangyayari sa ngayon ang maaari nating maihalintulad sa ating paksa?

3. *Pagpapahalaga:*

    Sa inyong palagay, kung hindi matatapos ang labanan, ano ang magiging sanhi? Bakit?

IV. PAGTATAYA::

Isulat ang limang mahahalagang pangyayaring may kinalaman sa pagkakamit ng kalayaan at malayang pamahalaan.

V. TAKDANG-ARALIN:

Itala mo sa kuwaderno ang mahahalagang pangyayaring may kinalaman sa pagkakamit ng kalayaan at malayang pamahalaan na kahalintulad ng pangyayari noong panahon ng Amerikano.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Natatalakay ang ginawang pagtutol ng mga bayaning Pilipino sa mga patakaran sa pamamahala ng mga Amerikano sa Pilipinas.

Pagpapahalaga: *Naipagmamalaki ang mga bayaning Pilipino.*

II. PAKSA: Ang ginawang pagtutol ng mga bayaning Pilipino sa mga patakaran sa pamamahala ng mga Amerikano sa Pilipinas.

Sanggunian: PELC III. A. 2.3 p.17

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 132-135

Kagamitan: larawan, aklat, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Anu-ano ang mahahalagang pangyayari na may kinalaman sa pagkakamit ng kalayaan at malayang pamahalaan?

2. *Pagganyak:*

Ipakita ang larawan ng mga bayani.

Itanong: Sino ang nasa larawan?

Ano pa ang masasabi mo kay (bayani)?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

Pagsasadula:

Ang mga tauhan: Antonio Luna, Gregorio del Pilar, Heneral Miguel Malvar, mga Muslim at mga datu.

Ipakikita kung paano ang ginawang pagtutol sa mga patakaran sa pamamahala ng mga Amerikano sa Pilipinas.

2. *Pagtatalakay:*

Itanong: Saan umanib si Antonio Luna at ano ang kanyang ipinatupad?

Bakit inilibing na may parangal si Gregorio del Pilar?

Saan siya nakipaglaban?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

Anu-ano ang ginawang pagtutol ng mga bayaning Pilipino sa mga patakaran sa pamamahala ng mga Amerikano sa Pilipinas.

2. *Paglalapat:*

Kung ikaw ay isang bayani, makikipaglaban ka rin ba para sa iyong bayan? Bakit?

IV. PAGTATAYA:

Piliin ang titik ng tamang sagot:

1. Sino ang bayani ng Pasong Tirad?

a. Marcelo H. del Pilar

b. Gregorio H. del Pilar

c. Miguel Malvar

2. Sino ang nagpatupad ng disiplinang military?
    a. Antonio Luna
    b. Juan Luna
    c. Emili Aguinaldo
3. Saan lumaganap ang kilusang gerilya?
    a. Ilocos Sur
    b. Batangas
    c. Bicol at Kabisayaan

V. Takdang-Aralin

Gumuhit ng isang larawang nagpapakita ng labanan.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Naipaliliwanag ang mga hakbang na ginawa ng pamahalaan para sa unti-unting paglilipat sa mga Pilipino ng kapangyarihang mamahala.

Pagpapahalaga: *Paggalang sa pamahalaan*

II. PAKSA: Mga hakbang na ginawa ng pamahalaan para sa unti-unting paglilipat sa mga Pilipino ng kapangyarihang mamahala.

Sanggunian: PELC III. A. 1.2 p. 10

BEC p. 21

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 130-135

Kagamitan: larawan, aklat, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Anu-ano ang mga ginawang pamamahala ng mga Amerikano sa mga Pilipino?

2. *Pagganyak:*

Ipakita ang mga larawan.

Pag-awit ng awiting "Ang Bayan Ko".

Sino ang pangulong pinatalsik sa pamamagitan ng People Power?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

Ang guro ay pipili ng mag-aaral na mag-uulat tungkol sa mga bayaning nag-ambag upang makamit ang kalayaan tulad nina Gregorio del Pilar, Antonio Luna, Emilio Aguinaldo at Andres Bonifacio.

2. *Pagtatalakay:*

Sino ang nag-atas na ihanda ang pagbibigay sa mga Pilipino ng pagkakataong mamahala?

Anu-ano ang dapat isaalang-alang sa pagtatatag ng sariling pamahalaan?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalagom::*

Ipaliwanag ang mga hakbang na ginawa ng pamahalaan para sa paglilipat ng pamamahala sa mga Pilipino.

2. *Paglalapat:*

Bakit kailangan ng ilipat sa mga Pilipino ang kapangyarihang mamahala?

3. *Pagpapahalaga:*

Bakit kailangan sa mga Pilipino na mapunta ang pamamahala?

IV. PAGTATAYA:

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pangulong nag-atas na handa ang pagbibigay sa mga Pilipino ng pagkakataong mamahala.

a. Francis Burton Harisson

b. Pangulong McKinley

c. Heneral Weslly Meritt

2. Anong dalawang partido ang tutol na ilipat ang pamamahala sa mga Pilipino?

   a. Republika at Demokratiko

   b. Pamunuang Nacionalista

   c. Partido Liberal

3. Ano ang kailangang isinaalang-alang para makatulong sa mga Pilipinong namahala sa sarili?

   a. salapi

   b. Pamunuang Pilipino

   c. Batas Kapayapaan at Katapatan

V. TAKDANG-ARALIN:

Itala ang mga hakbang na ginawa ng pamahalaan para sa unti-unting paglilipat sa mga Pilipino ng kapangyarihang mamahala.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Nailalarawan ang uri ng panahanan ng mga Pilipino.

Pagpapahalaga: *Magalang na pakikinig*

II. PAKSA: Ang uri ng panahanan ng mga Pilipino.

Sanggunian: PELC B. 1.1 p. 19

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 136

Kagamitan: larawan, aklat, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Anu-ano ang ginagawang pagtutol ng mga bayaning Pilipino sa mga patakaran na sa pamamahala ng mga Amerikano sa Pilipinas?

2. *Pagganyak:*

Ipalarawan sa mga mag-aaral ang sariling pamayanan.

Ipakita ang larawan ng pamayanan noon.

Itanong: Kagaya din ba nila ang pamayanan ngayon?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

   Pag-uulat ng piling mag-aaral tungkol sa paksang tatalakayin.

2. *Pagtatalakay:*

   Ano ang napansin ng mga Amerikano sa panahanan ng mga Pilipino?

   Ano ang ginawa ng pamahalaan sa mga taong nakatira sa pamayanang layu-layo?

   Ano ang ipinagawa ng Amerikano upang magkalapit ang mga pangkat.

   Kung ikaw ay Amerikano, ano pa ang maari mong gawin upang mabago ang pamayanan?

3. Ano ang dapat mong gawin kung may tanong nag-uulat?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Pagbubuo ng kaisipan:*

   Ano ang masasabi mo sa uri ng panahanan ng mga Pilipino?

2. *Paglalapat:*

   Kung ihahalintulad ang pamayanan noon sa pamayanan mo ngayon, masasabi mo bang ang pamayanan mo ay makabago?

IV. PAGTATAYA::

Sagutin ng tama o mali.

_____ 1. Maraming daan at tulay ang ipinagawa ng mga Pilipino.

_____ 2. Napansin ng mga Amerikano ang malalayong panahanan sa mga lungsod.

_____ 3. Kinakailangang pulungin ang mga taong nakatira sa mga pamayanang ito.

V. TAKDANG-ARALIN:

Sa inyong kuwaderno, iguhit ang pamayanan noon at ang pamayanan ngayon ayon sa napag-aralan.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Naipaliliwanag ang dahilan ang pagbuo ng mga lungsod.

Pagpapahalaga: *Pagpapanatili ng kalinisan ng mga lungsod.*

II. PAKSA: Ang dahilan ng Pagbuo ng mga Lungsod.

Sanggunian: PELC B. 1.2 p. 19

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 137

Pamana pp. 97-100

Kagamitan: larawan, aklat, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Ilarawan ang uri ng panahanan ng mga Pilipino sa panahon ng mga Amerikano.

Anu-ano ang mga pagbabagong naganap sa pamayanan natin ngayon mula sa panahon ng mga Amerikano?

2. *Pagganyak:*

Itanong: Nakarating nab a kayo sa Luneta Park? Sa Manila Zoo? Sa Nayong Pilipino?

Ipalarawan ang mga lugar na nabanggit.

Magpakita ng mga larawan ng mga nasabing mga lugar?

Itanong: Ganito ba ang lugar na napuntahan ninyo?

Saan matatagpuan ang mga lugar na ito?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

Pag-uulat ng piling mag-aaral tungkol sa paksang tatalakayin.

2. *Pagtatalakay:*

Anu-ano ang naitatag sa lungsod?

Bakit naitatag sa lungsod ng Maynila at Cebu?

3. Kung ikaw ay nasa lungsod, anong kaugalian ang dapat mong taglayin?

Ano ang maari mong gawin upang mapanatili ang kagandahan ng lungsod?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Pagbuo ng Kaisipan:*

Paano nabuo ang mga lungsod?

2. *Paglalapat:*

Para sa iyo, ano pa ang maaaring basehan ng pagbuo ng mga lungsod?

IV. PAGTATAYA::

Sumulat ng isang maikling talata tungkol sa kung paano nabuo ang mga lungsod.

V. TAKDANG-ARALIN:

Anu-ano ang mga dahilan ng pagbabago sa populasyon ng pamayanan/bansa?

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Nahihinuha ang mga dahilan ng pagbabago sa populasyon ng pamayanan/bansa.

Pagpapahalaga: *Pagpaplano ng pamilya*

II. PAKSA: Mga Dahilan ng Pagbabago sa Populasyon ng Pamayanan/Bansa.

Sanggunian: PELC B. 1.1.3 p. 19

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 136-138

Kagamitan: larawan, aklat, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Anu-ano ang mga dahilan ng pagbuo ng mga lungsod?

2. *Pagganyak:*

Ipakita ang mga larawan ng sinaunang pamayanan at ng makabagong pamayaan sa panahon ng mga Amerikano.

Itanong: Anu-ano kayang mga pagbabago ang naganap sa lipunan?

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

Pag-uulat ng piling mag-aaral para sa pagkalap ng impormasyon tungkol sa paksa.

2. *Pagtatalakay:*

   - Sa pagdating ng mga Amerikano, alin ang higit na binigyang-pansin?
   - Anu-ano ang ginawa nila para sa kalusugan ng mga tao?
   - Ano ang naitatag ng lumaki ang populasyon?

3. Bakit mas malaki ang populasyon ngayon kaysa noon? Ano ang dapat gawin ng bawat mag-asawa upang matustusang mabuti ang mga magiging anak?

IV. PAGTATAYA::

Punan ang tamang salita ang bawat patlang upang mabuo ang talata.

Higit na binigyang pansin ng mga Amerikano ang _(1)__ ng kapaligiran at ang _(2)__ ng mga mamamayan. Pinuksa nila ang mga _(3)__ sa paligid na sanhi ng kumakalat na _(4)__. Nagpatayo sila ng mga _(5)__ at iba pang sentro ng _(6)__. Nabigyan ng lunas ang mga maysakit. Nabawasan ang mga namamatay. Dahil dito, dumami ang tao at lumaki ang _(7)__.

Sa paglaki ng populasyon, naitatag ang ilang _(8)__. Agad din nilang binigyang pansin ang _(9)__ at _(10)__. Naniniwala ang mga Amerikano na mahalaga ang mga ito sa _(11)__ ng bansa at sa _(12)__ ng mga mamamayan sa iba't ibang panahanan.

Maraming _(13)__ at _(14)__ ang ipinagawa ng mga Amerikano na siyang nagdugtong sa La Union at Benget.

Nagtayo rin ang bagong pamahalaan ng mga _(15)__. Pinalitan din nila ang mga paaralang yari sa pawid at kawayan.

V. TAKDANG-ARALIN:

Punan ng tamang salita ang bawat talaan.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Nasusuri ang ginagawang pang-angkop ng mga Pilipino sa kulturang ipinakikilala ng Espnayol.

Pagpapahalaga: *Pagpapahalaga sa Kulturang Pilipino*

II. PAKSA: Pag-angkop ng mga Pilipino sa Kulturang Ipinakikilala ng Espanyol

Sanggunian: PELC 1. B. 3. 1 p.8

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 81-86

Pamana pp. 97-100

Kagamitan: larawan, aklat, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. *Balik-Aral:*

Ano ang kahalagahan ng pagtatatag ng paaralan sa layuning maituro ang pamumuhay ng isang Kristiyano?

2. *Pagganyak:*

Magpakita ng halimbawa kung paano nababago ang nayo ng isang bagay tulang ng sumusunod:

a. Ang dating simpleng yari ng damit ay gumaganda kapag nilagyan ng palamuti o binurdahan

b. Gumaganda ang bahay kapag nilalagyan ng kurtina at palamuti.

c. Ang iginuguhit ng larawan ay magiging maganda kapag kinulayan.

B. Panlinang na Gawain:

1. *Paglalahad:*

Pagmamasid sa mga larawan na nagpapakita ng pagbabago na ginagawa pa rin hanggang ngayon.

2. *Pagtatalakay:*

- Anu-ano ang mga kulturang ipinakikilala ng mga Espanyol sa mga Pilipino?
- Paano naimpluwensiyahan ng mga Espanyol ang mga Pilipino sa larangan ng pagpinta at paglilok?

C. Pangwakas na Gawain:

1. *Paglalahat:*

Tinanggap, isinagawa at iniangkop ng mga Pilipino ang kulturang ipinakilala ng mga Espanyol.

2. *Paglalapat:*

Dapat pa bang ipagpatuloy ang pagdiriwang ng mga pista? Paano ito isasagawa?

3. *Pagpapahalaga:*

Paano pinahahalagahan ng mga Pilipino ang mga kulturang ipinakilala ng mga Espanyol?

IV. PAGTATAYA:

Isulat ang tamang sagot.

1. Anu-ano ang mga kulturang ipinakilala ng mga Espanyol sa mga Pilipino?

2. Ano ang babasahing inilimbag tungkol sa relihiyon?
3. Paano iniangkop ng mga Pilipino ang kulturang ipinakilala ng mga Espanyol?

V. Takdang-Aralin

Maghanda sa pagsasalaysay tungkol sa kung ano ang kulturang ipinakilala ng mga Espanyol.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Nasusuri ang kinalaman ng pag-unlad ng transportasyon at komunikasyon sa pamumuhay ng mga Pilipino.

Pagpapahalaga: *Pagiging masikap, malikhain*

II. PAKSA: Pag-unlad ng Transportasyon at Komunikasyon sa Pamumuhay ng mga Pilipino.

Sanggunian: PELC II B.2 p.6

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 136-138

Pamana pp. 161-162

Kagamitan: larawan, tsart, aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Anu-ano ang naitalang dahilan ng mga pagbabago sa populasyon ng pamayanan/bansa?

2. *Pagganyak:*

Pagpapakita ng larawan ng iba't ibang uri ng transportasyon at komunikasyon tulad ng eroplano, telepono, tegrapo, cellphone, computer, LRT, e-mail, MRT, atbp.

Itanong: Ano ang masasabi ninyo sa uri ng trasportasyon at komunikasyon noon at ngayon?

B. Panlinang na Gawain

1. *Paglalahad:*

Pag-uulat ng bawat pangkat tungkol sa mga kinalaman sa pag-unlad ng transportasyon at komunikasyon sa pamumuhay ng mga Pilipino.

2. *Pagtatalakay:*

- Anu-ano ang ginawa ng mga Amerikano para mapabuti ang transportasyon at komunikasyon?
- Anu-ano ang mga makabagong kasangkapang pang komunikasyon ang ipinakilala sa atin ng mga Amerikano?
- Anu-ano ang mga makabagong sistema ng transportasyon at komunikasyon ang pag-unlad ng bansa?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

Paano nakatulong ang pag-unlad ng sistema ng transportasyon at komunikasyon sa pamumuhay ng mga Pilipino?

2. *Paglalapat*

Paano ka nakatutulong sa pag-unlad n gating transportasyon at komunikasyon?

IV. PAGTATAYA::

Lagyan ng tsek (✔) kung ang tinutukoy ay pag-unlad n gating transportasyon at ekis (x) kung sa larangan ng komunikasyon.

_____ 1. Nagkaroon din ng mga trambiyang de-elektrisidad o trains.

_____ 2. Taong 1911, pinalipad ang unang eroplano sa Maynila.

_____ 3. Taong 1916 binili ng pamahalaang Pilipino ang Manila-Dagupan Railway.

V. TAKDANG-ARALIN:

Iguhit ang mga makabagong pamamaraan upang mapabilis an gating transportasyon at komunikasyon, tulad ng MRT, LRT, cellphone, atbp.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Nasusuri ang sistema ng edukasyon relihiyong ipinakilala ng mga Amerikano.

Pagpapahalaga: *Pagiging maka-Diyos, pagpapahalaga sa relihiyon*

II. PAKSA: Sistema ng Relihiyong Ipinakilala ng mga Amerikano

Sanggunian: PELC II B.3 p.19

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 138-140

Pamana pp. 152-155

Kagamitan: larawan, tsart, aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Anu-ano ang uri ng sistema ng edukasyon ang ipinakilala ng mga Amerikano?

2. *Pagganyak:*

Itanong kung ano ang relihiyon ng mga bata.

Alam ba niyo kung kanino nagmula ang inyong mga relihiyon?

Kung kayo ang papipiliin, anong relihiyon ang nais nyo?

Bakit?

B. Panlinang na Gawain

1. *Paglalahad:*

Pagsasagawa ng isang panel discussion tungkol sa sistema ng relihiyong ipinakilala ng mga Amerikano.

2. *Pagtatalakay:*

- Ano ang dalang relihiyon ng mga Amerikano?
- Anu-anong sekta ng relihiyong Protestantismo ang naitatag dito sa atin?
- Ano namang sektang panrelihiyon ang itinatag din ng mga Amerikano?
- Ano ang Aglipayano?
- Sinu-sino ang namumuno rito?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

Anu-ano ang mga relihiyong ipinakilala ng mga Amerikano sa mga Pilipino?

2. *Paglalapat:*

Kung ikaw ang tatanungin, anong relihiyon ang iyong pipiliin at bakit?

IV. PAGTATAYA::

Sagutin kung TAMA o MALI.

_____ 1. Katolisismo lang ang relihiyong kinikilala ng pamahalaang Espanyol.

_____ 2. Aglipayano ay isang sektang pangrelihiyon na itinatag noong pamamahala ng Amerikano.

_____ 3. Sa Konstitusyon ng Malolos noong 1899, isinasaad ang paghihiwalay ng simbahan at estado.

V. TAKDANG-ARALIN:

Isulat ang buod ng sistema ng relihiyong ipinakilala ng mga Amerikano.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Naipaliliwanag ang mga programang pangkabuhayang pinaiiral ng Estados Unidos sa Pilipinas.

Pagpapahalaga: *Pagiging makabansa*

II. PAKSA: Programang Pangkabuhayan PInaiiral ng Estados Unidos sa Pilipinas

Sanggunian: PELC II C.2 p.19

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 144-145

Pamana pp. 158-161

Kagamitan: larawan, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Anu-ano ang mga patakarang pangkabuhayang pinaiiral ng mga Espanyol sa Pilipinas.

Talakayin ito.

2. *Pagganyak:*

Sino-sino sa inyo ang may mga sariling lupa na sinasaka ng inyong mga magulang?

Paano kayo nagkaroon ng sariling lupa?

B. Panlinang na Gawain

1. *Paglalahad:*

   Pag-uulat ng bawat pangkat sa mga programang pangkabuhayan pinaiiral ng Estados Unidos sa Pilipinas.

2. *Pagtatalakay:*

   - Kailan naganap ang malayang kalakalan?Ano ang isinasaad ng malayang kalakalan?
   - Bakit maraming Pilipino ang tutol sa malayang kalakalan?
   - Ano ang Batas Homestead?
   - Ano ang isinasaad ng batas na ito?
   - Sino ang sumalungat sa batas Homestead? Bakit?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

   Anu-anong programa pangkabuhayan ang pinaiiral ng Estados Unidos sa Pilipinas?

   Ano ang isinasaad ng bawat programang pangkabuhayang ito?

2. *Paglalapat:*

   Paghambingin ang kalagayan ng kabuhayan noong panahon ng Espnayol at panahon ng Amerikano.

   Alin ang higit na nakatulong sa pamumuhay ng mga Pilipino?

IV. PAGTATAYA::

Piliin at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod ang patakarang pangkabuhayan pinaiiral ng mga Amerikano sa bansa?
   a. kalakalang galyon
   b. monopolyo sa tabako
   c. malayang kalakalan

2. Aling batas ang nag-aalis ng tiyak na kota ng mga kalakal na iluluwas ng Pilipinas sa Estados Unidos?

    a. Batas Cooper

    b. Batas Payne-Aldrich

    c. malayang kalakalan

V. TAKDANG-ARALIN:

Sumulat ng maikling talata tungkol sa opinion mo sa mga programang pangkabuhayang pinaiiral ng Estados Unidos sa Pilipinas.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Nasusuri ang sistema ng edukasyong ipinakilala ng mga Amerikano.

Pagpapahalaga: *Pagpapahalaga sa Edukasyon*

II. PAKSA: Sistema ng Edukasyong Ipinakilala ng mga Amerikano

Sanggunian: PELC II. B. 3 p.19

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 140-142

Pamana pp. 152-155

Kagamitan: larawan, tsart

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Paano nakatulong ang transportasyon at komunikasyon sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga Pilipino?

2. *Pagganyak:*

Pagtatanong sa mga bata.

- Nasaan kayo ngayon?
- Ano ang ginagawa nyo rito?
- Bakit kayo nag-aaral?

B. Panlinang na Gawain

1. *Paglalahad:*

Pag-uulat ng mga piling mag-aaral tungkol sa sistema ng edukasyon ipinakilala ng mga Amerikano?

2. *Pagtatalakay:*

- Ano ang paraan ng pamumuhay ang itinuro ng mga Amerikano?
- Kung ang simbahan ang sagisag ng Espanya, ano naman ang sa mga Amerikano?
- Anu-ano ang layuning pag-edukasyon ng mga Amerikano?
- Dahilan sa layuning ito ng mga Amerikano, ano ang kanilang ginawa?
- Ano ang panukala ng Komisyong Taft?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

Ano ang dapat mong gawin upang marating mo ang pinakamataas na uri ng edukasyon?

IV. PAGTATAYA::

Piliin at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang sagisag ng sibilisasyong Amerikano?
   a. paaralan
   b. simbahan
   c. watawat
2. Sa Espanyol, layunin ng edukasyon na ihanda ang tao upang maging anak ng Diyos, ano naman ang sa Amerikano?
   a. maging mabuting pari at madre
   b. mabuting mamamayan ng bansa

c. mabuting tagasunod ng pari

V. TAKDANG-ARALIN:

Isulat ang buod ng sistema ng edukasyong ipinakikilala ng gma Amerikano.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Natatalakay ang mga natutuhan na panahon ng Komonwealt na nakatulong sa pagpapabuti ng kabuhayan ng bansa.

Pagpapahalaga: *Pagmamahal sa kalayaan ng bansa.*

II. PAKSA: Pagtalakay sa mga Natutuhan sa Panahon ng Komonwealt ng Nakatulong sa Pagpapabuti ng Kabuhayan ng Bansa.

Sanggunian: PELC III. C. 3 p.25

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 150-154

Pamana pp. 152-155

Kagamitan: larawan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Magbigay ng patakaran ng Bansa sa paglutas ng mga suliraning pangkabuhayan.

B. Panlinang na Gawain

1. *Pagganyak:*

Sa kasalukuyang panahon, nakatulong ba ang pagkakatatag ng pamahalaang komonwealt. Ipaliwanag.

2. *Paglalahad:*

   Pag-uulat ng piling bata tungkol sa paksa.

3. *Pagtatalakay:*

   Sagutin ang mga tanong:

   a. anong malaking pagbabago sa pamahalaan ang naganap sa panahon ng komonwealt?

   b. Paano ito nakatulong sa panlipunang kaunlaran?

   c. Sa inyong palagay, mahalaga bas a isang bansa ang pagkakaroon ng pambansang wika? Bakit?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

   Ano ang naidulot sa ating bansa ng pagkakatatag ng Pamahalaang Komonwealt?

2. Paano mapapahalagahan ang kalayaan ng bansa?

3. *Pagsasanay*

   Paano kaya makatutulong sa pagpapanatili ng kalayaan ng bansa?

IV. PAGTATAYA::

Magbigay ng limang (5) halimbawa ng pagkakatulad ng kasalukuyang pamahalaan sa pamahalaang komonwealt?

V. TAKDANG-ARALIN:

Basahin ang aklat sa **Hekasi V** pp. 155-160 – Aralin 2.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Natatalakay ang balangkas at layunin ng pagtatag ng pamahalaang Komonwealt.

Pagpapahalaga: *Pagmamahal sa Bayan*

II. PAKSA: Pagtalakay ng Balangkas at Layunin ng Pagtatag ng Pamahalaang Komonwealt.

Sanggunian: PELC IV 4.1 p.27

Pamana pp. 174-178

Kagamitan: larawan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Anu-ano ang mga natutuhan sa panahon ng Komonwealt na nakatulong sa kasalukuyang pamahalaan?

B. Panlinang na Gawain

1. *Pagganyak:*

Kung kayo ay magtatag ng isang samahan, ano ang una ninyong dapat na gawin?

2. *Paglalahad:*

Pagbasa sa Batayang Aklat – Pamana pp. 174-178.

3. *Pagtatalakay:*

Ano ang layunin ng pagtatatag ng Pamahalaang Komonwealt?

Bakit hindi ito agad napagtibay ng pamahalaang Amerika?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

Ano ang balangkas ng pamahalaang Komonwealt? Ano ang layunin nito?

IV. PAGTATAYA::

Sagutin ang mga tanong:

1-3. Ano ang tatlong sangay ng pamahalaang Komonwealt?

4. Ano ang pangunahing layunin ng pagkatatag ng pamahalaang komonwealt?

5. Sino ang naging pangulo nito?

V. TAKDANG-ARALIN:

Basahin ang Batayang Aklat sa Hekasi pp. 151 – 152

Ang Pilipinas sa Iba’t ibang Panahon.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Nailalarawan ang suliraning pangkabuhayan sa panahon ng Komonwealth

Pagpapahalaga: *Magalang na pagsunod*

II. PAKSA: Mga Suliraning Pangkabuhayan sa Panahon ng Komonwealth

Sanggunian: PELC IV C.1 p.33

BEC IV. C.1 P.23

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 161-164

Kagamitan: Aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Ano ang naging epekto ng malayang kalakalan sa kabuhayan ng bansa?

B. Panlinang na Gawain

1. *Pagganyak:*

Itanong: Ano ang ibig sabihin ng suliranin? Pagbigayin ng halimbawa

Sabihin na ang aralin ay tungkol sa Suliraning Pangkabuhayan sa Panahon ng Komonwealt.

2. *Paglalahad:*

Paglalarawan ng mga sumusunod sa suliraning pangkabuhayan sa panahon ng Komonwealt.

a. pagsisimula ng kabuhayan sa bansa
b. malayang kalakalan ng Pilipino at Estados Unidos
c. pamamahala ng mga dayuhan.

3. *Pagtatalakay:*

- Ano ang pinakamabigat na suliranin ng pamahalang Komonwealt?
- Ano ang itinatadhanang batas ng Batas Tydings Mcduffie bilang pagwawakas ng malayang kalakalan ng Pilipino at Estados Unidos?
- Ano ang nakita ni Pangulong Quezon sa biglang pagtatapos ng malayang kalakalan?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Paglalahat:*

Anu-ano ang mga suliraning pangkabuhayan sa panahon ng Komonwealt?

2. *Paglalapat:*

Paano ka nakakatulong sa mga suliraning pagkabuhayan natin ngayon?

IV. PAGTATAYA::

Ilarawan ang mga sumusunod.

a. apgsisimula tungkol sa kabuhayan ng bansa
b. pamamahala ng mga dayuhan
c. malayang kalakalan ng Pilipino at Estados Unidos

V. TAKDANG-ARALIN:

Gumawa ng maikling talata tungkol sa patakaran ng pamahalaan sa paglutas ng mga suliraning pangkabuhayan.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Nailalahad ang programa ng pamahalaan para sa mga Muslim.

Pagpapahalaga: *Paggalang sa Relihiyon ng iba*

II. PAKSA: Paglalahad ng Programa ng Pamahalaan para sa mga Muslim

Sanggunian: PELC IV A. 2.1 p.28

Batayang Aklat sa HEKASI IV -

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 151-152

Kagamitan: larawan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Nagbibigay ng mga Programang Pampamahalaan ng Komonwealt.

B. Panlinang na Gawain

1. *Pagganyak:*

Ang mga Muslim ba sa Mindanao ay mga Pilipino?

Ano ang dapat nating gawin sa kanila bilang mga Muslim?

2. *Paglalahad:*

Pagbasa sa Batayang Aklat – Pamana pp. 151 - 152

3. *Pagtatalakay:*

Anu-ano ang mga programang binalangkas ng Pamahalaang Komonwealt para sa mga Muslim?

Ano ang layunin ng Programa?

Sa kasalukuyang panahon, ano sa palagay ninyo ang dahilan ng kaguluhan sa Mindanao? Ipaliwanag.

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

Anu-ano ang mga programa ng pamahalaan para sa mga Muslim ng Panahon ng Komonwealt? Sa kasalukuyang panahon?

2. Ano ang dapat gawin natiin sa mga kababayan nating Muslim kung pag-uusapan ang relihiyon?

IV. PAGTATAYA::

Magbigay ng 5 programa para sa mga Muslim n gating pamahalaan.

V. TAKDANG-ARALIN:

Magbigay ng patotoo na ang pamahalaan ay may magandang programa para sa mga Muslim.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Naiisa-isa ang mga programa para sa karatungang panlipunan

Pagpapahalaga: *Mapabuti ang kalagayan ng mahihirap*

II. PAKSA: Mga Programa para sa Karatungang Panlipunan

.

Sanggunian: PELC IV A.2.3 p.23

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon

Kagamitan: larawan, tsart, aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Paano nalinang ang Wikang Pambansa?

2. *Pagganyak:*

Ipakita ang larawan ng iba't ibang uri ng hanapbuhay.

Itanong: Alin sa mga ito ang nais mong tularan?

Magkano ang gusto mong suweldo?

Ilang oras ang gusto mong trabaho?

B. Panlinang na Gawain

1. *Paglalahad:*

Pag-uulat ng bawat pangkat tungkol sa paksang tatalakayin habang ang mga tagapakinig ay nangangalap ng impormasyon mula sa pag-uulat.

2. *Pagtatalakay:*

Anong programa ang nagtakda ng P1.00 bilang pinakamababang pasahod?

Anong programa ang may layuning mapabilis ang paglutas ng suliranin ng manggagawa at pangasiwaan?

Anong programa ang nagtakda ng walong oras na ang pagtatrabaho?

Ano ang isinasaad sa Saligang Batas ng 1935?

Kung ikaw ay si Pangulong Quezon, ano ang parusang maaari mong ipataw sa mga pangasiwaang hindi tumutupad sa mga itinakdang batas?

3. Kung ikaw ay nagpapabilang sa mayamang angkan na may sariling pabrika o kompanya, paano ka makikisama sa mga manggagagawa mong mahihirap?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

Anu-ano ang mga programa para sa katarungang panglipunan?

2. *Paglalapat:*

May pagkakaiba ba ang katarungang panlipunan noon at ngayon?

IV. PAGTATAYA::

Sagutin kung TAMA o MALI.

_____ 1. Itinakda ng batas na P5.00 ang pinakamababang sahod sa isang araw.

_____ 2. Ang batas sa Walong Oras na Paggawa ay nagtatakda ng walong oras lamang na paggawa.

_____ 3. Sinikap ni Pangulong Quezon na mapigil ang pagsasamantala ng mayamang kapitalista sa mahihirap na manggagawa.

V. TAKDANG-ARALIN:

Magtanong sa mga sumusunod na kawani ng gobyerno kung magkano ang pinakamababa nilang sahod at ilang oras ang nakalaan para sa kanilang trabaho.

a. guro
b. miyembro ng Sangguniang Barangay
c. pulis o sundalo

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Nailalarawan ang uri ng pamahalaang naitatag sa paglipat ng mga taga-Luzon at taga-Visayas sa Mindanao.

Pagpapahalaga: *Tangkilikin at Paunlarin ang Sariling Panahanan*

II. PAKSA: Uri ng Pamahalaang Naitatag sa Paglipat ng mga taga-Luzon at taga-Visayas sa Mindanao.

Sanggunian: PELC IV. B.1 p.32

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 155-156

Kagamitan: larawan, tsart, aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Anu-ano ang mga programa ni Pangulong Quezon para sa Katarungang Panlipunan?

2. *Pagganyak:*

Ipakita ang larawan na may nagbubuhat ng bahay.

Itanong: Ano ang nakikita sa larawan?

Anong mensahe ang ipinahihiwatig sa larawan?

B. Panlinang na Gawain

1. *Paglalahad:*

Pag-uulat ng mga piling mag-aaral tungkol sa paksang tatalakayin habang ang ibang mag-aaral ay nagtatala ng datos para sa pagkalap ng impormasyon.

2. *Pagtatalakay:*

- Ano ang unang napiling pook panirahan?
- Ano ang bumuo sa Pambansang Pangasiwaan sa Pagpapatao sa Lupa?
- Ilan ang maingat na napiling mag-anak mula sa Luzon at Visayas?
- Ano ang layunin ng programang ito?
- Ano ang gagawin kung isa ang pamilya mo sa napiling ilipat?
- Kung ikaw ay isa sa mga pamunuan ng Pangasiwaan, papano mo hihikayatin ang mga tao?

3. Ano ang tawag sa kaugaliang Pilipino ang ipinamamalas ng bayanihan?

Naranasan mo nabang makipagbayanihan?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

Anu-anong uri ng panahanang naitatag sa paglipat ng mga taga-Luzon at taga-Visayas sa Mindanao?

2. *Paglalapat:*

Anong uri ng panahanan ang nais mo? Bakit?

IV. PAGTATAYA::

Punan ang patlang ng tamang salita upang mailarawan ang panahanang naitatag sa Mindanao.

Layunin ng Pambansang Pangasiwaan sa Pagpapatao sa Lupa na makabuo ng isang pamayanang ligtas at __(1) __, __(2)__ at kapakipakinabang, maligaya at __(3)__. Magkaroon din ng mamamayang may pagkakaisa at __(4)__ sa sariling kakayahan. Binigyan-diin ang paglinang sa kakayahan at __(5)__ ng bawat mamamayan.

V. TAKDANG-ARALIN:

Ilarawan ang inyong sariling panahanan. Gumawa ng isang maikling talata tungkol dito. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Natatalakay ang pinagmulan ng pagkilala sa kakayahan ng mga Kababaihan.

Pagpapahalaga: *Pagkilala sa kakayahan ng mga kababaihan*

II. PAKSA: Ang Pinagmulan ng Pagkilala sa Kakayahan ng mga Kababaihan.

Sanggunian: PELC IV. B. 2.1 p.32

Ang Pilipinas sa Iba't Iang Panahon pp. 156-157

Kagamitan: larawan, tsart, aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Ano ang kabutihang natamo ng paglipat ng mga taga-Luzon at taga-Visayas sa Minadanao?

2. *Pagganyak:*

Ganyakin ang mga bata sa pamamagitan ng pagpapakita ng larawan ng mga kababaihan.

Itanong: Ano ang napansin ninyo sa mga larawan?

Sila ay pare-parehong _____. (babae)

B. Panlinang na Gawain

1. *Paglalahad:*

   Pag-uulat ng mga piling mag-aaral tungkol sa paksang tatalakayin habang ang ibang mag-aaral ay nagtatala ng datos para sa pagkalap ng impormasyon.

2. *Pagtatalakay:*

   - Ano ang isa sa mahalagang nagawa ang pamahalaang Komonwealt sa mga kababaihan?
   - Sino ang nanguna sa kampanya upang makamit ng kababaihan ang karapatan ng pagboto?
   - Sino ang unang babaeng konsehal ng Maynila?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

   Anu-ano ang pinagmulan ng pagkilala sa kakayahan ng mga kababaihan?

2. *Paglalapat:*

   Dapat bang kilalanin ang kakayahan ng mga kababaihan? Bakit?

IV. PAGTATAYA::

Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B.

Hanay A	Hanay B
____ 1. Pangulo ng Women Citizen's League	a. Gng. Elisa R. Ochoa
	b. Dr. Maria Paz Mendoza Quezon
____ 2. Karapatan ng mga kababaihan	c. Bb. Carmen Planas
____ 3. Unang babaeng naging Mambabatas sa ating Kongreso	d. bumoto at maiboto
	e. Saligang Batas 1935
	f. Corazon C. Aquino

____ 4. Unang babeng naging Konsehal sa Maynila

____ 5. Batas na nagtadhana na may Karapatang bumoto ang mga babae

V. TAKDANG-ARALIN:

Basahin ang Batayang Aklat sa Hekasi pp. 151 – 152

Ang Pilipinas sa Iba’t ibang Panahon.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Nailalarawan ang suliraning pangkabuhayan sa panahon ng Komonwealt.

Pagpapahalaga: *Magalang na Pagsunod*

II. PAKSA: Mga Suliraning Pangkabuhayan sa Panahon ng Komonwealt

Sanggunian: PELC IV C.1 p.33

BEC IV. C.1. p.23

Ang Pilipinas sa Iba't Ibang Panahon pp.161-164

Kagamitan: aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Ano ang naging epekto ng malayang kalakalan sa kabuhayan ng bansa?

2. *Pagganyak:*

Itanong: Ano ang ibig sabihin ng suliranin?

Pagbigayin ng halimbawa.

Sabihin na ang aralin ay tungkol sa Suliraning Pangkabuhayan sa Panahon ng Komonwealt.

B. Panlinang na Gawain

1. *Paglalahad:*

Paglalarawan ng mga sumusunod sa suliraning pangkabuhayan sa panahon ng Komonwealt.

a. Pagsisimula sa kabuhayan sa bansa

b. Pamamahala ng mga dayuhan

c. malayang kalakalan ng Pilipino at Estados Unidos

2. *Pagtatalakay:*

- Ano ang pinakamabigat na suliranin ng pamahalaang Komonwealt?
- Ano ang itinadhanang batas ng Batas Tydings-Mcduffie bilang pangwawakas ng malayang kalakalan ng Pilipino at Estados Unidos?
- Ano ang nakita ni Pangulong Quezon sa biglang pagtatapos ng malayang kalakalan?
- Nakabuti ba ito? Bakit?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Paglalahad:*

Anu-ano ang mga suliraning pangkabuhayan sa panahon ng Komonwealt?

2. *Paglalapat:*

Paano ka nakatutulong sa mga suliraning pangkabuhayan natin ngayon?

IV. PAGTATAYA::

Ilarawan ang mga sumusunod:

a. pagsisimula tungkol sa kabuhayan ng bansa.

b. pamamahala ng mga dayuhan

c. malayang kalakalan ng Pilipino at Estados Unidos

V. TAKDANG-ARALIN:

Gumawa ng maikling talata tungkol sa patakaran ng pamahalaan sa paglutas ng mga suliraning pangkabuhayan.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Nakikilala ang mga pagbabagong panrelihiyon.

Pagpapahalaga: *Paggalang sa Relihiyon*

II. PAKSA: Pagbabagong Panrelihiyon

Sanggunian: PELC IV B. 3.2 p.32

Batayang Aklat sa HEKASI IV -

Ang Pilipinas sa Iba't ibang Panahon pp. 159-160

Kagamitan: larawan, tsart, aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Anu-ano ang mga pagbabagong pang-edukasyon sa panahon ng Komonwealt?

2. *Pagganyak:*

Ipakita ang larawan ng Simbahan.

Itanong: Ano ang makikita sa larawan?

Sino sa inyo ang regular na pumapasok sa saimbahan?

Anu-ano ang relihiyong alam ninyo?

B. Panlinang na Gawain

1. *Paglalahad:*

   Pagsasadula:

   Pangkatin ang mga bata ayon sa kanilang relihiyon.

   Isasadula ng bawat pangkat ang ilang sitwasyong nagaganap sa loob ng kani-kanikanilang bahay dalanginan.

   Pangkat I – Katoliko Pangkat - III – Rizalismo

   II – Iglesia ni Cristo IV – Born Again Christian

2. *Pagtatalakay:*

   - Ano ang relihiyon ngmga Pilipino noong panahon ng Kastila?
   - Ano naman ang pinayagang relihiyon sa bansa ng dumating ang mga Amerikano?
   - Anong batas ang nagtadhana ng paghihiwalay ng simbahan at ng pamahalaan?
   - Anu-ano ang nagawang tulong ng relihiyon sa mga tao?

3. Ano ang dapat mong gawin sa taong may ibang relihiyon?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

   Anu-ano ang mga pagbabagong panrelihiyon sa pamahalaang Komonwealt?

2. *Paglalapat:*

   Ano ang iyong relihiyon? Bakit itoang napili mo?

IV. PAGTATAYA::

Buuin ang nakarambol sa salita upang malaman ang mga relihiyong naitatag sa bansa noong panahon ng mga Amerikano.

1. O T A K S L I S O M I
2. N A L I S
3. O M S I T N A T E S T R O P
4. A G P I L Y A N A S M I O

V. TAKDANG-ARALIN:

Gumawa ng talaan ng mga relihiyon sa inyong barangay.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Nakikilala ang mga pagbabagong pang-edukasyon

Pagpapahalaga: *Pagpapahalaga sa edukasyon*

II. PAKSA: Pagbabagong Pang-Edukasyon

Sanggunian: PELC IV. B. 3.2 p.32

Ang Pilipinas sa Iba't Ibang Panahon pp.157-158

Kagamitan: larawan, tsart, aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Ano ang pinagmulan ng pagkilala sa kakayahan ng mga babae?

2. *Pagganyak:*

Ipakita ang larawan ng paaralan.

Itanong: Bakit kayo naririto sa paaralan?

B. Panlinang na Gawain

1. *Paglalahad:*

Pag-uulat ng piling mag-aaral tungkol sa paksang tatalakayin.

2. *Pagtatalakay:*

    Sa pamahalaang Komonwealt, ano ang binigyang pansin sa pagtuturo?

    Ano ang binigyang diin ni Pangulong Quezon tungkol sa paglinang ng diwang makabayan o nasyonalismo?

    Paano nalunasan ang suliranin tungkol sa pagdami ng hindi marunong bumasa at sumulat?

3. Paano mo pinahahalagahan ang edukasyon?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

    Anu-ano ang mga pagbabagong pang-edukasyon sa ilalim ng pamahalaang Komonwealt?

2. *Paglalapat:*

    May mga pagbabago bas a edukasyon sa kasalukuyan?

    Paano ka sumusunod dito?

IV. PAGTATAYA::

Sagutin ang mga tanong:

1. Anong edukasyon ang walang bayad?
2. Anu-ano ang binigyang-diin ng edukasyon?
3. Kailan nasabing nagsimula ang pagtuklas ng mga Pilipino sa kanilang bansa?

V. TAKDANG-ARALIN:

Itala ang mga pagbabagong pang-edukasyon sa panahon ng Komonwealt?

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

- Natatalakay ang paglinang ng pambansang wika.

Pagpapahalaga: *Pagmamahal sa Bayan*

II. PAKSA: Pagtalakay sa Paglinang ng Pambansang Wika

Sanggunian: PELC IV A. 2.2 p.28

Ang Pilipinas sa Iba't Ibang Panahon

Kagamitan: aklat

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain

1. *Balik-aral:*

Anu-ano ang programa ng pamahalaan sa mga Muslim?

B. Panlinang na Gawain

1. *Pagganyak:*

Anu-ano ang mga wikang etniko na alam ninyo dito sa Pilipinas?

Kung ikaw ang pamimiliin, alin dito ang gusto ninyong maging ating wikang pambansa?

2. *Paglalahad:*

Pag-uulat ng piling bata tungkol sa paksa.

2. *Pagtatalakay:*

   Sagutin ang mga tanong:

   a. Sino ang “Ama ng Wikang Pambansa?”

   b. Ano ang ahensya ng pamahalaan ang gumawa ng pagsusuri at pag-aaral sa ating pambansang wika?

   c. Bakit ninais ni Manuel L. Quezon na magkaroon ng wikang pambansa?

   d. Kailan ipinahayag na ang Tagalog ang wikang pambansa?

   e. Sang-ayon ka ba na magkaroon tayo ng isang wika?

C. Pangwakas na Gawain

1. *Pagbuo ng kaisipan:*

   Paano nalinang ang Pambansang Wika? Ipaliwanag.

2. Paano mo mapatutunayan na Tagalog ang wikang pambansa?

IV. PAGTATAYA::

Isulat sa isang talata kung paano ka makatutulong na malinang ang wikang pambansa.

V. TAKDANG-ARALIN:

Sabihin sa klase kung paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa bansa.

3rd

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Natutukoy ang mga pangyayari tungo sa pagkatatag ng Ikalawang Republika ng Pilipinas

II. PAKSANG-ARALIN:

Mga Pangyayari Tungo sa Pagkatatag ng Ikalawang Republika

Sanggunian: BEC-PELC V. A 1
Batayang Aklat sa HEKASI 5

Kagamitan: mga larawan ni Jose P. Laurel, Sergio Osmenia; at mga pangyayaring kaugnay sa paksa, bingo kard

Pagpapahalaga: Pakikilahok ng kusa at aktibo sa pangkatang gawain

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

   Magpaqalita ng mahahalagang pangyayari sa bansa.

2. ***Pagsasanay***

   Isulat ang petsa kung kailan naganap ang sumusunod na pangyayari sa bingo kard

HE	KA	SI
1	2	3
4	FREE	5
6	7	8

1. Pagkakatatag ng Maynila bilang pangunahing lungsod.

2. Pagkamatay ng tatlong pari sa pamamagitan ng garote.
3. Itinatag ang katipunan ni Andres Bonifacio.
4. Pinasinayaan ang Asamblea ng Pilipinas.
5. Pinagtibay ang Batas Jones.
6. Pagdating ng mga gurong Amerikano sa bansa.
7. Pinagtibay ang Batas Tydings - McDuffie.
8. Inihayag ang kalayaan ng Pilipinas sa Kawit, Cavite.

3. ***Balik-aral***

Ipaisa-isa ang mga natutuhan ng mga Pilipino sa pamahalaang Komonwelt.

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipakita ang larawan nina Jose P. Laurel at Sergio Osmenia. Magpabigay ng ilang mga kabatiran tungkol sa kanilang buhay.
2. Ipasuri ang mga lara wang may kaugnayan sa paksa.
3. Ipabuo ang suliranin.
   Anu-ano ang'mga naganap na pangyayari tungo sa pagkakatatag ng Ikalawang Republika?
4. Pangkatin ang mga bata sa paglikom ng mga datos. Paghandain sila ng pentel pen at manila paper .
5. Bigyan sila ng sapat na panahong maisagawa ang kanilang mga gawain.
   a. Ipaalala angpamantayan sa paggawa.
   b. Bigyan sila ng kalayaang pumili ng *graphic organizer* na kanilang gagamitin sa paglalahad ng kanilang sa got.
6. Gawaing Kolaborativ
   a. Ipakita ang inihandang pangkatang gawain ng mga bata.
   b. Bigyan ng ebalwasyon ang ginawang pag-uulat ng bawat pangkat.

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat****:*

May iba't ibang pangyayaring naganap tungo sa pagkakatatag ng Ikalawang Republika.

2. ***Paglalapat****:*

Pangkatang Gawain: Ipakita sa pamamagitan ng *time line* ang mga pangyayari tungo sa pagkakatatag ng Ikalawang Republika.

IV. PAGTATAYA:

Isulat ang petsa kung kailan naganap ang sumusunod na mga pangyayari.

1. Pagbomba sa Pearl Harbor
2. Ipinahayag ni Heneral Douglas MacArthur na open city ang Maynila.
3. Nasakop ng mga Hapones ang lungsod ng Maynila.

4. Pagbagsak ng Bataan.
5. Naitatag ang Ikalawang Republika ng Pilipinas.

V. KASUNDUAN:

Sagutin:
1. Paano ang ginawang pamamahala ng mga Hapones sa bansa?
2. Anong uri ng pamahalaan ang naitatag sa bansa? Sumangguni sa mga batayang aklat sa HEKASI.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Nailalarawan ang pamahalaang pambansang itinatag ng mga Hapones

II. PAKSANG-ARALIN:

Pamahalaang Pambansang Itinatag ng mga Hapones

Sanggunian:	BEC-PELC V. A 2 Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan:	larawan ng iba't ibang pangyayari, tsart
Pagpapahalaga:	Pagmamahal sa bayan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

   Magandang Umaga/Hapon Bayan

2. ***Pagsasanay***

   Isulat ang salitang tinutukoy ng tanong.

   Anong **M** ang itinatag ng mga Amerikano sa bansa?

   Anong ***J*** ang nagtakda ng kalayaan sa bansa sa oras na magkaroon ng matatag na pamahalaan?

   Anong **T** ang nagtatadhana sa pagkakatatag ng pamahalaang Komonwelt?

   Anong **B** ang kilalabilang pamahalaan ng mga unang Pilipino?

   Anong **W** ang nagbigay ng pangalan sa unang Gobernador Militar?

3. ***Balik-aral***

   Anu-anong mga pangyayari ang naganap sa sumusunod na mga petsa?

   1. Disyembre 7, 1941
   2. Disyembre 8, 1941
   3. Disyembre 26, 1941

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipaawit ang Pilipinas Kong Mahal. Pabigyang-kahulugan ang linyang *"Ang laya mo'y babantayan, Pilipinas kong hirang."*
2. Pag-usapan ang balangkas ng pamahalaang pambansa.
   a. Ano ang tinatawag na pamahalaan?
   b. Anu-anong mga kagawarang tagapagpaganap ang bumuo rito?
   c. Ano ang tawag sa namumuno sa bawat kagawaran?
   d. Sino ang itinalaga sa bawat kagawaran?
   e. Ano ang tungkulin ng Sanggunian ng Estado?
3. Pabuksan ang batayang aklat para sa karagdagang kaalaman.

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat****:*

   Ang pamahalaang pambansa ng Hapones ay binubuo ng piniling Komisyong Tagapagpaganap, Sanggunian ng Estado,-Komisyonado, at Tagapayong Hapones.

2. ***Paglalapat****:*

   Ipahambing ang pamahalaang pambansa sa kasalukuyan sa pamahalaang pambansa sa panahon ng mga Hapones.

IV. PAGTATAYA:

Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Nang sakupin tayo ng mga Hapones, nagtatag sila ng pambansang pamahalaan at tinawag nilang _____
   a. Sanggunian ng Estado
   b. Samahan ng Pangasiwaang Sentral
   c. Tagapayong Hapones
   d. Sangguniang Bayan
2. Ang bumubuo ng pamunuan ng *Philippine Executive Commission* ay _____.
   a. 4 b. 5 c. 6 d. 7

V. KASUNDUAN:

Anu-ano ang mga naging patakaran sa edukasyon sa panahon ng Hapones? Hanapin ang sagot sa sangguniang aklat.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Natatalakay ang naging patakaran ng pamahalaang Hapones sa edukasyon

II. PAKSANG-ARALIN:

Patakaran sa Edukasyon ng Pamahalaang Hapones
Sanggunian: BEC-PELC V. A 3
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: *Show Me Drill Board*
Pagpapahalaga: Kahalagahan ng edukasyon

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magpabalita ng mga patakaran sa edukasyon ng pamahalaan sa kasalukuyan.

2. ***Pagsasanay***

Punan ang patlang ng tamang sagot. Isulat sa *Show Me Dnll Board*

a. Ang mga bata noong panahon ng mga unang Pilipino ay nag-aaral sa kani-kanilang tirahan kaya nasasabing _____ ang kanilang edukasyon.
b. May sariling alpabeto ang mga ninunong tinatawag na _____.

3. ***Balik-aral***

Ipagunita ang nabuong paglalahat sa nakaraang aralin. Magbigay ng ilang katanungan tungkol dito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Pagbalik-aralan ang naging patakaran sa edukasyon ng pamahalaang Komonwelt.
2. Ipahinuha kung gayon pa rin ang mga patakaran sa edukasyon sa panahon ng Hapones.
3. Ilahad ang paksang-aralin.

4. Ipabuo ang suliranin.
   Anu-ano ang naging patakaran sa edukasyon sa panahon ng Hapones?
5. Bigyan ng sapat na panahon ang mga bata sa pagsasaliksik.
6. Gawaing Kolaborativ
   a. Presentasyon ng gawain ng bawat pangkat
   b. Ebalwasyon ng ipinakitang mga gawain
7. Pagtatalakayan at pagbubuo

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat**:*

   May iba't ibang patakaran sa edukasyon na pinairal sa panahon ngHapones.

2. ***Paglalapat**:*

   Paano mo maipakikita ang pagpapahalaga sa edukasyong tinatamasa mo ngayon?

IV. PAGTATAYA:

Punan ng tamang sagot ang mga patlang.

1. Naniniwala ang mga Hapones na makukuha nila ang pakikiisa ng mga Pilipino sa kanila sa pamamagitan ng pagpapairal ng patakaran sa _____.
2. Isa sa mga layunin ng edukasyong itinatag ng mga Hapones sa ating bansa ay ang pagpapalaganap ng wikang _____.
3. Maraming mga bata ang ayaw mag-aral sa panahon ng Hapones dahil mas nahikayat sila sa _____.

V. KASUNDUAN:

Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Ano ang naging uri ng panlipunang pamumuhay ng mga Pilipino sa panahon ng Hapones?
2. Bakit nagpalipat-lipat ng tirahan ang mga Pilipino?

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

1. Nailalarawan ang naging uri ng pamumuhay ng mga Pilipino
2. Nasasabi ang dahilan ng kanilang pagpapalipat-lipat ng tirahan

II. PAKSANG-ARALIN:

Uri ng Pamumuhay ng mga Pilipino
Sanggunian: BEC-PELC V. Blat 1.1
Batayang Aklat sa HEKASl 5
Kagamitan: ginupit na △ at □, mga larawan
Pagpapahalaga: Paggalang sa kuru-kuro ng iba.

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magpasadula ng isang napapanahong balita. Pag-usapan ang kahalagahan nito sa kasalukuyang buhay.

2. ***Pagsasanay***

Ang bawat bata ay may hawak na at △at □. Sabihing ipakita ang kung ang △ isinasaad ng pangungusap ay tama at kung □ mali.

a. Isa sa mga panlipunang pagbabago sa panahon ng Komonwelt ay ang pagbibigay ng karapatan sa pagboto ng mga kababaihan.
b. Walang ibang relihiyon ang Komonwelt maliban sa Katolisismo.

3. ***Balik-aral***

Ipasabi ang nabuong paglalahat ng nakaraang aralin. Magtanong ng ilang bagay tungkol dito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Magpakita ng larawan ng magulong pamumuhay noong panahon ng Hapones.
   a. lpasuri ang mga larawan. Magpabigay ng mga palagay sa uri ng pamumuhay ng mga Pilipino noon at ng mga dahilan kung bakit palipat-lipat sila ng tirahan.
2. Ipaulat ang mga napag-usapang pala-palagay.
3. Pabuksan ang batayang aklat. Ipabasa ang teksto tungkol sa paksang aralin upang malaman kung tama ang mga pala-palagay na napagusapan.

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat**:*

   Anong uring pamumuhay ang dinanas ng mga Pilipino sa panahon ng Hapones?

2. ***Paglalapat**:*

   Pangkatin ang mga bata sa apat. Papiliin sila ng pangkatang gawaing itatanghal tulad ng dula-dulaan, pagguhit, pagkukwento, at panayam kaugnay ng tinalakay sa paksang-aralin.

IV. PAGTATAYA:

Isulat ang N kung naglalarawan sa uri ng pamumuhay ng mga Pilipino sa panahon ng mga Hapones at DN kung di naglalarawan.

_____ 1. Namumuhay sa takot ang mga Pilipino sa panahon ng Hapones

_____ 2. Lumaganap ang mga sakit dahil sa hirap ng buhay at kakapusan ng pagkain.

_____ 3. Bawat Pilipino ay may proteksyon ang buhay.

V. KASUNDUAN:

Sagutin:

Anu-ano ang mga pangunahing suliraning pangkabuhayan sa panahon ng Hapones?

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

1. Naiisa-isa ang mga pangunahing suliraning pangkabuhayan ng bansa
2. Nasusuri ang mga programa ng pamahalaan sa paglutas ng suliraning pangkabuhayan

II. PAKSANG-ARALIN:

Mga Suliraning Pangkabuhayan ng Bansa
Sanggunian: BEC-PELC V. B 2 at 3
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: plaskard, mga larawan
Pagpapahalaga: Pagtutulungan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

   Magpabalita tungkol sa mga suliraning pangkabuhayan ng bansa.

2. ***Pagsasanay***

   Ipabigay ang kahulugan hg mga sumusunod:
   a. Dummy b. kasama c. pag-aangkat d. pagluluwas

3. ***Balik-aral***

   Ipalarawan ang uri ng pamtimuhay ng mga Pilipino sa panahon ng Hapones.

B. Panlinang na Gawain:

1. Pagbalik-aralan ang mga suliraning pangkabuhayan sa panahon.ng Komonwelt. Ipabanggit ang mga programang pangkabuhayang isinagawa sa paglutas ng mga suliranin.
2. Magpakita ng mga larawan tungkol sa mga naging suliraning pangkabuhayan ng mga Pilipino sa panahon ng Hapones.
3. Ipasuri ang mga larawan.

4. Ilahad ang paksa.
5. Ipabuo ang suliranin.
    a. Anu-ano ang mga pangunahing suliraning pangkabuhayan ng bansa?
    b. Paano nilutas ang mga ito?

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat**:*

    Patnubayan ang mga bata upang makabuo ng paglalahat tungkol sa paksang-aralin

2. ***Paglalapat**:*

    Magpabigay ng mga halimbawa ng mga programa para sa kapakanan ng mga mamamayan.

IV. PAGTATAYA:

Alin sa mga sum usunod na paraan ang ginawa ng pamahalaan sa paglutas ng mga suliranin? Isulat sa sagutang papel ang mga titik ng tamang sagot.

a. Itinatag ang Sanggunian sa Pagpaplanong Pangkabuhayan.
b. Nagtanim ng mga gulay sa mga bakanteng lupa.
c. Iniutos ang pagtatanim ng mga halamang namumulaklak.
d. Itinatag ang Bigasang Bayan.

V. KASUNDUAN:

Sagutin:

Paano maiuugnay ang mga natutuhang paraan sa paglutas ng mga suliraning pangkabuhayan noon sa paglutas ng katulad na suliranin ngayon?

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Naiuugnay ang mga natutuhang paraan sa paglutas ng mga suliraning pangkabuhayan noon sa paglutas ng katulad na suliranin ngayon

II. PAKSANG-ARALIN:

Paglutas ng mga Suliraning Pangkabuhayan Noon at Ngayon
Sanggunian: BEC-PELC V. B 4
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan ng iba't ibang suliraning pangkabuhayan
Pagpapahalaga: Pagtutulungan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Pagsusuri sa isang editoryal kartun.

2. ***Pagsasanay***

Isulat ang T kung tama ang isinasaad sa pangungusap at M kung mali.

_____ a. Malayang kalakalan ang pinairal na patakarang pangkabuhayan ng mga Amerikano sa bansa.

_____ b. Ang Batas Homestead ay itinakda upang pangalagaan at magamit nang wasto ang mga lupang pambayan sa bansa.

_____ c. Ang makabagong paraan ng pagsasaka at patubig ay isa sa mga programang industriyalisasyon ng mga Amerikano para sa mga Pilipino.

3. ***Balik-aral***

a. Ipaisa-isa ang mga suliraning pangkabuhayang dinanas ng mga Pilipino sa panahon ng Hapones.
b. Magpabigay ng mga halimbawa ng mga programang isinagawa upang malutas ang mga

suliranin.

B. Panlinang na Gawain:

1. Magpakita ng larawan ng iba't ibang suliraning pangkabuhayan sa kasalukayan. Pag-usapan ito.
2. Itanong kung alin sa mga natutuhan sa mga nakaraang aralin ang maaaring gamitin sa paglutas ng mga suliraning nabanggit.
3. Itala ang mga kasagutan sa retrieval chart.


C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat**:*

Patnubayan ang mga batang makabuo ng paglalahat batay sa tinalakay sa paksang aralin.

2. ***Paglalapat**:*

Ipahambing ang mga suliraning pangkabuhayan noon sa mga suliraning pangkabuhayan sa kasalukuyan. Gamitin ang *Venn Diagram*.



Mga Sasakyang Pa	Mga Kagamitang P

ng-transportasyon	**ang komunikasyon**
hal.LRT	hal.telepono

M	S	T
	B	J
	W	

IV. PAGTATAYA:

Basahin ang mga pangungusap. Magbigay ng reaksyon.

1. May mga suliraning pangkabuhayan noon na may pagkakatulad sa mga suliraning pangkabuhayan sa kasalukuyan. Sang-ayon ka ba rito?
2. Bawat suliranin ay may kalutasan. Nakasalalay sa mga tao ang paghanap ng wastong paraan. Sang-ayon ka ba rito?

V. KASUNDUAN:

Pag-aralan ang lahat ng mga konseptong natutuhan sa bawat aralin. Maghanda sa pagsusulit.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Naiisa-isa ang mga pangulong nanungkulan at kanilang patakaran at programa sa pamamahala.

II. PAKSANG-ARALIN:

Mga Patakaran at Programa sa Pamamahala ng mga Pangulong Nanungkulan sa Ikatlong Republika

Sanggunian: BEC-PELC VI. Al
Batayang Aklat sa HEKASI 5

Kagamitan: mga larawan, *retrieval chart, cassette recorder, time line,* plaskard, at bola

Pagpapahalaga: Paggalang sa kapangyarihan ng kalayaan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Pagpapakita ng isang editoryal kartun ukol sa programa sa pamamahala. Magpabigay ng interpretasyon tungkol dito.

2. ***Pagsasanay***

Ipabigay kung anong panahon sa ating kasaysayan pinairal ang sumusunod na mga patakaran o programa sa pamamahala.

a. Sa isang pamahalaang sentralisado nagbubuhat ang mga kautusang ipinatutupad sa pamahalaang lokal.
b. May taong tagapagbalita ng mga batas na itinakdang ipasunod sa mga nasasakupan.

3. ***Balik-aral***

Magpabigay ng mga konseptong natutuhan sa mga nakaraang aralin sa pamamagitan ng laro, *passing the ball.* Magpatugtog ng isang masayang awitin habang ipinapasa ang maliit na bola. Paghinto ng tugtog, ang batang may hawak ng bola ang siyang sasagot. Sundin ang paraang ito sa mga susunod pang sasagot.

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipakita ang larawan ng pasinaya ng Ikatlong Republika. Bigyang diin ang pagtaas ng bandilang Pilipino at pagbaba ng bandilang Amerikano. Pabigyang kahulugan ito sa mga bata.
2. Isa-isang ipakita ang larawan ng mga pangulong nanungkulan sa Ikatlong Republika. Magpabigay ng ilang mga kaalaman ukol dito.
3. Ganyakin ang mga batang bumuo ng mga tanong.
   lnaasahang tanong:
   a. Sinu-sino ang mga pangulong nanungkulan sa Ikatlong Republika?
   b. Anu-ano ang kanilang mga naging patakaran at programa sa pamamahala ng bansa?

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

   May iba't ibang patakaran at programa sa pamamahala ng mga naging pangulo sa Ikatlong Republika na nagkaroon ng epekto sa pamumuhay ng mga Pilipino.
2. ***Paglalapat:***

   Gamitin ang teknik na MMM (Magpares - Mag-isip - Magbahagi). Magpabuo ng dalawahan. Pag-usapan ang kani-kanilang sagot sa tanong na ito. Alin sa mga naging patakaran at program o sa pamamahala ng mga naging pangulo sa Ikatlong Republika ang naibigan mo at bakit?

IV. PAGTATAYA:

Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na mga akronim na naitatag sa panunungkulan ng mga naging pangulo sa Ikadong Republika.

1. ACCFA
2. PACSA
3. ASEAN
4. MAPHILINDO
5. SEATO

V. KASUNDUAN:

Gumawa ng album tungkol sa talambuhay ng mga naging pangulo sa Ikatlong Republika.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Napipili ang mga natutuhan sa panahong ito na makatutulong sa paglutas ng mga suliraning panlipunan sa kasalukuyan.

II. PAKSANG-ARALIN:

Paglutas ng mga Suliraning Panlipunan
Sanggunian: BEC·PELC VI. A.2
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan, *Show Me Drill Board*
Pagpapahalaga: Kakayahan sa pagpili ng lunas sa suliranin

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magpabalita ng tungkol sa mga suliraning nangyayari sa lipunan sa kasalukuyan.


2. ***Pagsasanay***

Ipasulat kung sa anang panahon nangyari ang sumusunod na suliraning panlipunan.

a. Pagpapairal ng sapilitang paggawa
b. Pinamahalaan ng mga dayuhan ang ating ekanamiya.
c. Nagpalipat-lipat ng tirahan ang mga mamamayan.

3. ***Balik-aral***


Inilalarawan sa *time line* ang simula ng taon ng panunungkulan ng mga naging pangulo sa Ikatlong Republika. Isulat ang pangalan ng pangulang tinutukay sa bawat bilang.



1945 1950 1955 1960 1965 1975

B. Panlinang na Gawain:

1. Magpakita ng larawan ng iba't ibang suliraning panlipunan sa kasalukuyan. Pag-usapan ito.
2. Magpabasa rin ng mga ginupit na balita at magpabigay ng mga reaksyon.
3. Pagbalik-aralan ang mga tinalakay na programa/patakaran ng mga naging pangulo ng bansa. Itala ang mga ito sa pisara habang ibinibigay ng mga bata Gumamit ng *bubble map.*



4. Ilahad ang paksang tatalakayin.

5. Magpabuo ng tanong.

   Anu-ano ang natutuhan natin sa panahon ng Ikatlong Republika na makatutulong sa paglutas ng mga suliraning panlipunan sa kasalukuyan?

6. Pangkatin ang mga bata sa apat. Bigyan sila ng manila paper at pentelpen. Ipagawa ang mga sumusunod:

   a. Itala ang mga suliraning panlipunan sa kasalukuyan.

   b. Pumili ng mga patakaran/programa ng mga naging pangulo ng bansana maaaring makatulong sa paglutas ng suliraning naitala.

7. Bigyan ng sapat na panahon ang mga batang maihanda ang kanilang kasagutan.

8. Gawaing Kolaborativ

   a. Ipaulat ang nalikom ng bawat pangkat.

   b. Pabigyang halaga ang iniulat ng bawat pangkat.

9. Pagtatalakayan at pagbubuo

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat****:*

   May mga patakaran/programa sa pamamahala ng mga naging pangulo sa Ikatlong Republika na maaaring makatulong sapaglutas ng mga suliraning panlipunan sa kasalukuyan.

2. ***Paglalapat****:*

   Magpatanghal ng isang dula-dulaan tungkol sa larawan ng buhay sa kasalukuyan. Magpabigay ng reaksyon tungkol dito.

IV. PAGTATAYA:

Isipin ang kapaligiran ng inyong pamayanan. Anu-anong mga suliraning panlipunan ang inyong nararanasan? Anu-anong mga programa/patakaran ang maaaring gawin para sa paglutas ng mga suliraning ito?

V. KASUNDUAN:

1. Basahin ang tungkol sa kalagayan ng panlipunang pamumuhay ng mga Pilipino sa mga batayang

aklat sa HEKASI.

2. Bumuo ng mga hinuha tungkol sa layunin ng pamahalaan sa pagtatatag ng Pambansang Pangasiwaan ng Paglilipat-tirahan at Pagsasaayos.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Nahihinuha ang layunin ng pamahalaan sa pagtatatag ng Pambansang Pangasiwaan ng paglilipat-tirahan at pagsasaayos

II. PAKSANG-ARALIN:

Layunin sa Pagtatatag ng Pambansang Pangasiwaan ng Paglilipat-tirahan at Pagsasaayos
Sanggunian: BEC-PELC VI. B 1
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan, plaskard
Pagpapahalga: Pagkakaroon ng ambisyon

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magpabalita ng mga pangyayaring may kaugnayan sa paksa.

2. ***Pagsasanay***

Ipabigay ang kahulugan ng sumusunod na mga akronim. Ipapaliwanag ang mga layunin nito.

a. ACCFA b. ASEAN c. FACOMA d. PACSA e. RFC

3. ***Balik-aral***

Pagbalik.aralan ang tinalakay sa natapos na aralin. Magtanong ng ilang bagay tungkol dito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Magpakita ng larawan ng mga tirahan sa gilid ng ilog, ilalim ng tulay, estero, gayundin ng

mga dikit-dikit, at maruruming barung-barong. Pag-usapan ang mga ito.
2. Itanong kung ano ang epekto nito sa kalusugan, kaayusan, at kaligtasan ng mga naninirahan dito.
3. Sabihing ito ay isa sa mga naging suliranin sa lipunan noong Ikatlong Republika kaya naitatag ang Pambansang Pangasiwaan sa Paglilipattirahan at Pagsasaayos.

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

Ipasagat: Bakit naitatag ang Pambansang Pangasiwaan sa Paglilipattirahan at Pagsasaayas?

2. ***Paglalapat:***

Magpaguhit sa mga bata ng kanilang *dream house a* ninanais nilang panirahan. Ipasulat ang kanilang paliwanag tungkal dita at kung ana ang nararapat nilang gawin upang matama ang pangarap na ito.

IV. PAGTATAYA:

Ipasagat kung Tama oMali ang inihahayag sa mga pangungusap.

_____ 1. Itinatag ang Pambansang Pangasiwaan sa Paglilipat-tirahan at Pagsasaayas upang makapagpataya ng mga mababang-halagang pabahay.
_____ 2. Pinamahalaan nito ang pagbibigay ng maayas na tirahan sa mga iskwater.
_____ 3. Itinatag ita upang pangalagaan ang mga may sariling lupa at tirahan.
_____ 4. Layunin nitang tulungan ang mga iskwater na nais magsibalik sa kanilang sariling lalawigan.
_____ 5. Itinatag ito upang tulungan ang mga nagpapaupa ng mga apartment.

V. KASUNDUAN:

Basahin ang tungkal sa edukasyan sa Ikatlang Republika sa mga batayang aklat sa HEKASI.

1. Ano ang binigyang diin sa edukasyan?
2. Anu-anong mga pagbabago sa edukasyan ang naganap sa panahong ito?

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Naipaliliwanag ang binibigyang diin ng edukasyan sa Ikatlong Republika

II. PAKSANG-ARALIN:

Edukasyon sa Ikatlong Republika
Kagamitan: BEC-PELC VI. B 2
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: *letter fan,* mga larawan
Pagpapahalaga: Pag-unawa sa kahalagahan ng edukasyon

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magpabigay ng reaksyon tungkol sa sumusunod na mga ulo ng balita.
a. Bagong Kurikulum, Ipinatupad sa mga Paaralan
b. Ang Edukasyon ay para sa Lahat

2. ***Pagsasanay***

Ipakita ang titik ng wastong sagot. Gamitin ang *letter fan.*
1. Ang sistema ng edukasyon ng mga unang Pilipino ay _____.
   a. di-pormal c. maka Diyos
   b pormal d. maayos
2. Ang binigyang diin ng edukasyon sa panahon ng Espanyol ay ang pagtuturo ng _____.
   a. demokrasya c. Protestantismo
   b. Katolisismo d. pagbuburda

3. ***Balik-aral***

Pagbalik-aralan ang nabuong paglalahat sa nakaraang aralin.Magpabigay ng ilang mga kabatiran tungkol dito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Pag-usapang muli ang sistema ng edukasyon mula sa panahon ng mga ninuno hanggang sa panahon ng Hapones.
2. Iugnay ito sa paksang-aralin.
3. Magpabuo ng tanong.
   Paano ang sistema ng edukasyon sa panahon ng Ikatlong Republika?

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat****:*

   Ipasagot: Anu-ano ang binigyang diin ng edukasyon sa Ikatlong Republika?

2. ***Paglalapat****:*

   Ipahambing ang sistema ng edukasyon sa panahon ng mga Amerikano at sa Ikatlong Republika. Ipasabi ang dahilan ngpagbabago. Magpabigay ng mga patunay ng kahalagahan ng mga pagbabagong isinagawa sa edukasyon sa panahong ito.

IV. PAGTATAYA:

Isulat ang S kung sang-ayon ka sa sinasabi ng pangungusap at DS kung di ka sang-ayon.

___ 1. Ang pagtuturo ng mga gawaing mapapakinabangan tulad ng pagaalaga ng bibe, manok, at iba pa ay makatutulong sa pagtugon ng mga pangunahing pangangailangan ng tao.

___ 2. Ang pagpapatuloy ng maka-Amerikanong sistema ng edukasyon ay makabubuti sa pamumuhay ng mga Pilipino.

V. KASUNDUAN:

1. Sumulat ng reaksyon tungkol sa mga pagbabago sa edukasyon sa panahon ng Ikatlong Republika.
2. Basahin ang tungkol sa mga natatanging Pilipino sa larangan ng sining sa mga batayang aklat sa HEKASI. Itala ang mga katangi-tanging Pilipinong natanyag sa panitikan at musika.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Nakikilala ang mga katangi-tanging Pilipinong natanyag sa panitikan at musika

II. PAKSANG-ARALIN:

Mga Katangi-tanging Pilipinong Natanyag sa Panitikan at Musika
Sanggunian: BEC-PELCVI. B 3.1 .
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: *puzzle,* mga larawan
Pagpapahalaga: Kakayahan ng mga Pilipino

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magpabalita ng mga pangyayaring may kaugnayan sa paksa.

2. ***Pagsasanay***

Ipahanap sa *puzzle* ang pangalan ng mga naging tanyag sa larangan ng sining sa panahon ng Espanyol. Ipasabi ang kanilang natatanging nagawa.

D	A	M	I	A	N	N	M"	K	I	A	T
O	R	A	P	L	I	T	A	G	L	R	C
M	C	R	F	R	A	N	C	I	S	C	O
I	R	C	P	B	A	L	A	G	T	A	S
N	G	E	H	L	I	N	S	T	L	B	A
G	E	L	F	G	R	O	U	V	X	W	Y


O	Y	O	A	D	O	N	A	Y	L	P	R
E	R	L	I	N	D	A	L	O	P	E	Z
P	U	J	U	A	N	V	L	U	N	A	R
J	O	S	E	D	E	L	A	C	R	U	Z

3. ***Balik-aral***

Ipasabi ang nabuong paglalahat sa nakaraang aralin. Magtanong ng ilang bagay tungkol dito.

B. Panlinang na Gawain:

Ipabasa ang salitang SINING. Ipabigay ang kahulugan nito.



C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat****:*

May mga Pilipinong napatanyag sa panitikan at musika na may natatanging gawain tulad nina Amado V. Hernandez, Genoveva Matute, Antonio Molina, Lucio San Pedro, Nicanor Abelardo, atbp.

2. ***Paglalapat****:*

a. Iparinig sa mga bata ang mga kundimang "Bituing Marikit" at "Nasaan Ka Irog."
b. Itanong kung ano ang naramdaman nila nang mapakinggan ang mga awiting ito.

IV. PAGTATAYA:

Isulat ang pangalan ng tinutukoy sa sumusunod na pangungusap.

1. Isinulat niya ang Balarila ng Wikang Pambansa.
2. Nagkaroon siya ng koleksyon ng mga kwento at sanaysay na pinamagatang "Ako'y Isang Tinig."
3. Nagkamit siya ng Gantimpalang Pamanang Pangkultura ng Republika sa pagsulat ng tula.
4. Isinulat niya ang kwentong may pamagat na "Mga Piling Katha."
5. Kinatha niya ang kundimang may pamagat na "Bituing Marikit."

V. KASUNDUAN:

Ipasaliksik ang talambuhay ng mga napag-aralang natatanging Pilipino sa panitikan at musika.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Natatalakay ang mga bahaging ginampanan ng mga kababaihan sa paglutas ng mga suliraning panlipunan.

II. PAKSANG-ARALIN:

Mga Bahagirig Ginampanan ng mga Kababaihan sa Paglutas ng mga Suliraning Panlipunan
Sanggunian: BEC-PELC VI. B 4
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga plaskard
Pagpapahalaga: Pagmamalaki sa mga kababaihan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magpabalita ng tungkol sa mga natatanging gawain ng mga kababaihan sa kasalukuyan.

2. ***Pagsasanay***

Ipasabi kung ano ang natatanging nagawa ng sumusunod na mga kababaihan.

a. Carmen Planas
b. Josefa Llanes Escoda
c. Elisa Ochoa
d. Gregoria de Jesus
e. Marcela Agoncillo

3. ***Balik-aral***

Magpabigay ng mga Pilipinong napatanyag sa larangan ng panitikan at musika.

B. Panlinang na Gawain:

1. Pag-usapang muli ang mga suliraning panlipunang dinanas ng mga Pilipino sa Ikatlong Republika.
2. Sabihing may bahaging ginampanan ang mga kababaihan sa paglutas ng mga suliraning nabanggit.
3. Iugnay ito sa paksang-aralin.
4. Magpabuo ng tanong.
   Paano tumulong ang mga kababaihan sa paglutas ng mga suliraning panlipunan?

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat****:*

   May mga bahaging ginampanan ang mga kababaihan sa paglutas ng mga suliraning panlipunan sa panahon ng Ikatlong Republika.

2. ***Paglalapat****:*

   Magpabigay ng mga halimbawa ng mga kababaihan sa kasalukuyan na may natatanging nagawa para sa lipunan.

IV. PAGTATAYA:

Isulat ang T kung ang inihahayag sa pangungusap ay tama at M kung mali.

_____ 1. Ang mga babaeng dati ay pantahanan lamang ay nakilahok sa mga gawaing nakatulong sa pag-unlad ng kabuhayan.
_____ 2. Ang ibang mga babae ay pumasok sa pulitika at nahalal ng bayan.
_____ 3. Si Gng. Aurora Quezon ay tumulong sa pagtatatag ng mga Babaeng Iskawt sa Pilipinas.

V. KASUNDUAN:

Magsaliksik tungkol sa talambuhay nina:

1. Aurora Quezon
2. Geronima Pecson
3. Franeisea Reyes-Aquino

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Nasusuri ang mga dahilan ng paglaganap ng suliraning pangkabuhayan

II. PAKSANG-ARALIN:

Mga Dahilan ng Paglaganap ng Suliraning Pangkabuhayan at Epekto Nito
Sanggunian: BEC-PELC VI. C 1 at 2
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan, manila paper, pen tel pen
Pagpapahalaga: Pagmamalaki sa mga kababaihan

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magpabalita ng mga kaganapang kaugnay ng paksang aralin.

2. ***Pagsasanay***

Ipasagot ang pagsasanay na ito.
Narito ang mga suliraning pangkabuhayan sa panahon ng Hapones. Anu-anong mga hakbangin ang isinagawa upang malunasan ang mga ito?


a. kakulangan sa pagkain
b. pagkagutom
c. kawalan ng hanapbuhay

3. ***Balik-aral***

Pagbalik-aralan ang mga bahaging ginampanan ng mga kababaihan sa paglutas ng mga suliraning panlipunan.

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipakita ang larawan ng mga nasirang kabuhayan ng bansa matapos ang digmaan. Pag-usapan ito.
2. Ipabasa ang salitang pagpapatatag. Ipabigay ang kahulugan nito.



3. Ilahad ang paksa.
4. Magpabuo ng tanong.
   a. Anu-ano ang mga dahilan ng paglaganap ng suliraning pangkabuhayan?
   b. Paano nakaapekto sa pamumuhay ng mga Pilipino ang paglaganap ng suliraning pangkabuhayan?

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

   May iba't ibang dahilan ang paglaganap ng suliraning pangkabuhayang nakaapekto sa pamumuhay ng mga Pilipino.

2. ***Paglalapat:***

   Ipasagot ang sitwasyong ito.
   Kung may dumating sa inyong mga suliranin na may kinalaman sa inyong kabuhayan, paano ninyo ito haharapin?

IV. PAGTATAYA:

Ipagawa ang mga sumusunod:
1. Magbigay ng tatlong dahilan ng paglaganap ng suliraning pangkabuhayan.
2. Magbigay ng dalawang epekto ng paglaganap ng suliraning pangkabuhayan sa pamumuhay ng mga Pilipino.

V. KASUNDUAN:

Ipagawa ang mga sumusunod:
1. Sumulat ng isang talata tungkol sa sumusunod na paksa:
   Ang mga Suliraning Pangkabuhayan at Epekto Nito sa Pamumuhay
2. Maglikom ng kaalaman tungkol sa paraang isinagawa ng pamahalaan upang mapabuti ang kabuhayan ng bansa.

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Natutukoy ang mga paraang isinasagawa ng pamahalaan upang mapabuti ang kabuhayan ng bansa.

II. PAKSANG-ARALIN:

Mga Paraang Isinasagawa sa Pagpapabuti ng Kabuhayan ng Bansa
Sanggunian: BEC-PELC VI. C 3
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: *Show Me Drill Board*
Pagpapahalaga: Pagtitimpi

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magbalitaan tungkol sa mga programa/proyekto ng pamahalaang may kinalaman sa kabuhayan ng bansa.

2. ***Pagsasanay***

Ipasulat ang pangalan ng pangulo na naglunsad ng mga sumusunod na program o para sa kaunlaran ng bansa.

a. Nagtatag ng ACCFA
b. Nagpagawa ng mga poso artesyano
c. Nagpatupadng *FiIipinoRetailersAct*

3. ***Balik-aral***

Paggunita sa nabuong tsart sa nakaraang aralin. Magtanongng ilang bagay tungkol dito.

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipakita ang sumusunod na mga larawan mga industriyang pantahanan

- mga magsasaka at balikbayan
- mga paaralang pambayan
- mga gawaing panturismo

2. Pag-usapan ang isinasaad sa mga larawan.
3. Iugnay ito sa paksang-aralin.
4. Magpabuo ng tanong.
5. Anu-ano ang mga paraang isinasagawa ng pamahalaan upang mapabuti ang kabuhayan ng bansa?

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat****:*

Gabayan ang mga bata upang makabuo ng paglalahat

2. ***Paglalapat****:*

Ipasulat ang sagot.

Anu-ano ang maaari ninyong gawin upang makatulong sa pagpapabuti ng kabuhayan ng inyong pamilya?

IV. PAGTATAYA:

Sumulat ng limang paraang isinagawa ng pamahalaan upang mapabuti ang kabuhayan ng bansa.

V. KASUNDUAN:

Magbasa ng tungkol sa patakarang "Pilipino Muna."

1. Ipaliwanag ang patakarang ito.
2. Sino si Carlos P. Garcia? Ano ang kanyang kinalaman sa patakarang ito?

HEKASI V

Date: _____

I. LAYUNIN:

Napahahalagahan ang patakarang "Pilipino Muna"

II. PAKSANG-ARALIN:

Ang Patakarang "Pilipino Muna"
Sanggunian: BEC-PELC VI. C 4
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: larawan ng mga naging pangulo ng Ikatlong Republika
Pagpapahalaga: Pagtataguyod ng sariling atin

III. PAMAMARAAN:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

   Pagbabalitaan tungkol sa iba't ibang produkto ng bansa

2. ***Pagsasanay***

   Ipakita ang larawan ng mga naging pangulo sa Ikatlong Republika. Ipabigay ang mga patakarang kanilang pinairal sa bansa.

3. ***Balik-aral***

   Anu-ano ang mga paraang isinagawa ng pamahalaan upang mapabuti ang kabuhayan ng bansa?

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipakita ang larawan ni Pangulong Carlos P. Garcia. Magpabigay ng ilang kaalaman tungkol sa kanyang mga nagawa bilang pangulo ng bansa.
2. Ilahad ang paksa - Ang Patakarang "Pilipino Muna."
3. Magpabuo ng mga tanong.
   a. Ano ang patakarang "Pilipino Muna"?

b. Ano ang kahalagahan nito sa kabuhayan ng bansa?'

4. Ipabasa ang batayang aklat.
5. Pagtatalakayan at pagbubuo

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat****:*

Gabayan ang mga bata upang makabuo ng paglalahat.

2. ***Paglalapat****:*

Ipasulat ang sagot sa tanong na ito:

Nakabuti ba ang patakarang "Pilipino Muna" ni Pangulong Garcia sa pamumuhay ng mga Pilipino noon at ngayon? Ipaliwanag ang iyong sagot.

IV. PAGTATAYA:

Isulat ang S kung sang-ayon ka sa inihahayag sa pangungusap at DS kung hindi.

_____ 1. Nalinang ang nasyonalismo sa mga Pilipino nang pinairal ang patakarang "Pilipino Muna."
_____ 2. Nabigyan ng pagkakataon ang mga dayuhang makapagnegosyo bago ang mga Pilipino.
_____ 3. Naging mahalaga sa mga Pilipino ang patakarang ito sapagkat una munang nabigyan sila ng pagkakataong mapaunlad ang kabuhayan bago ang mga dayuhan.
_____ 4. Nararapat na makinabang ang mga dayuhang negosyante sa mga likas na yaman ng bansa.
_____ 5. Sa patakarang ito, ipinakita ni Pangulong Garcia ang kanyang pagiging makabansa.

V. KASUNDUAN:

Magtipon ng mga larawan tungkol sa mga produktong yari sa ating bansa, Isulat kung paano mo pagyayamanin ang mga ito.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

- Naiisa-isa ang mga pangyayaring nagbigay-ctaan sa pagtatakda ng BatasMilitar

II. Paksang-aralin

Mga Pangyayari sa Pagtatakda ng Batas Militar

Sanggunian: BEC-PELC VII. A 1
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan, plaskard, tsart

Pagpapahalaga: Pagiging sensitibo sa mga pangyayari sa kapaligiran

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magbalitaan tungkol sa mga pangyayari na may kinalaman sa pamamahala ng bansa.

2. ***Pagsasanay***

Ipabasa ang sumusunod na kawikaan. Ipapaliwanag ang mga ito.
"Ang palagiang pagpapaunlad ng karaniwang tao ang dapat maging layunin ng pamahalaan."

3. ***Balik-aral***

Magpabigay ng mga konseptong natutuhan sa mga nakaraang aralin.

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipakita ang salitang **Batas-Militar** na nasa plaskard. Magpabigay ng ilang mga kaalaman tungkol dito.

2. Ipakita ang larawan ni Pangulong Ferdinand Marcos. Iugnay ito sa araling tatalakayin.
3. Ipabuo ang suliranin.
   Anu-ano ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa, pagtatakda ng Batas Militar?

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

   May iba't ibang pangyayaring naganap sa bansa na nagbigay-daan sa pagdedeklara ng Batas-Militar.

2. ***Paglalapat:***

   Ano ang epekto ng mga rally at demonstrasyon sa pamumuhay ng mga Pilipino?

IV. Pagtataya

Isulat ang (✔) kung ang sumusunod na pangyayari ay may kinalaman sa pagtatakda ng Batas-Militar at (x) kung hindi.

_____ 1. Pagdami ng hanapbuhay.
_____ 2. Pagkakaroon ng mga pribadong hukbo.
_____ 3. Palaging may demonstrasyon sa kalye.
_____ 4. Pagdami ng mga komunista.
_____ 5. Tahimik na pagpapahayag ng damdamin.

V. Kasunduan

Anu-ano ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa pagbabago sa paraan ng pamamahala sa bansa? Sumangguni sa mga batayang aklat sa HEKASI.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

1. Nailalarawan ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa pagbabago sa paraan ng pamamahala sa bansa
1. Naibibigay ang ilang batas at tuntunin ng pamahalaan sa panahong ito

II. Paksang-aralin

Reaksyon ng mga Pilipino

Sanggunian: BEC-PELC VII. A 2 at 2.1
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: time line, mga plaskard

Pagpapahalaga: Pagsunod sa ipinatupad na mga tuntunin/batas

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magpalitan ng mga kaalaman tungkol sa mga batas sa pamamahalang pinaiiral sa kasalukuyan.

2. ***Pagsasanay***

Buuin ang sumusunod na time line sa pamamagitan ng pagsulat ng titik ng bawat pangulo sa taon ng simula ng kanilang panunungkulan.



1940 1950 1960 1970 1980 1990 2000

a. Elpidio Quirino
b. Ramon Magsaysay
e. Corazon Aquino
f. Fidel Ramos

c. Manuel Roxas
d. Ferdinand Marcos
g. Joseph Estrada
h. Diosdado Macapagal

3. ***Balik-aral***

Ipaisa-isa ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa pagtatakda ng Batas Militar.

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipakilos sa mga bata ang sumusunod na mga reaksyon ng mga tao.
   natakot nagalit nainis
   nagulat natuwa nanlaban
2. Iugnay ang mga reaksyong ito sa paksang aralin.
3. Ipabuo ang suliranin.
4. Anu-ano ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa pagbabago sa paraan ng pamamahala sa bansa?
5. Anu-ano ang mga batas at tuntunin ng pamahalaan sa panahong ito?

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat****:*

Gabayan ang mga bata sa pagbubuo ng paglalahat.

2. ***Paglalapat****:*

Nakatutulong ba ang pagpapairal ng curfew hour sa mga barangay sa kasalukuyan? Ipaliwanag ang sagot.

IV. Pagtataya

Isulat ang **T** kung ang ipinahahayag sa pangungusap ay tama at **M** kung mali.

___ 1. Tuwa at pangamba ang naramdaman ng mga mamamayan sa bansa.
___ 2. Nagtatag ng mga private armies ang mga pulitiko.
___ 3. Ipinagbawal ng pamahalaan ang pagdaraos ng mga demonstrasyon, rali at welga.
___ 4. Nauukol sa programa sa reporma sa lupa ang nilalaman ng Batas Pampanguluhan BIg. 1.
___ 5. Natuwa ang mga mamamayan dahil nabawasan nang malaki ang katiwalian ng mga tauhan sa iba't ibang tanggapan ng pamahalaan.

V. Kasunduan

Basahin ang tungkol sa mga suliraning pangkabuhayan sa panahon ng Batas-Militar. Gawin ang mga sumusunod:

1. Itala ang mga suliraning/programang panlipunan sa panahong ito.
2. Ipaliwanag ang mga paraang isinagawa ng pamahalaan sa paglutas ng mga suliranin.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

1. Natatalakay ang ilang suliraning/programang panlipunan sa panahong ito
2. Naipaliliwanag ang paraangisinagawa ng pamahalaan upang mapangalagaan ang kaligtasan ng bansa

II. Paksang-aralin

Mga Suliraning/Programang Panlipunan sa Panahon ng Batas-Militar

Sanggunian: BEC-PELC VII. Blat 2
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan, tsart

Pagpapahalaga: Pagiging mapamaraan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magpatanghal ng drama ukol sa mga balitang may kinalaman sa suliraning panlipunan sa kasalukuyan.

2. ***Pagsasanay***

Isulat ang (✔) kung ang pangyayari ay may kinalaman sa pagbibigay-daan sa Batas-Militar at (x) kung wala.

a. Lumubha ang paghihikahos ng mahihirap.
b. Lumaganap ang krimen.
c. Tahimik at maayos ang kapaligiran.

3. ***Balik-aral***

Ipasagot ang sumusunod na mga tanong.

a. Anu-ano ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa pagbabago sa paraan ng pamamahala sa

bansa?

b. Magbigay ng ilang mga tuntunin/batas na pinairal sa panahon ng Batas-Militar

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipakita sa telesine ang sumusunod na mga larawan.
   mga pook iskwater malaking populasyon
   mga rebelde programa sa lupa
2. Ipasuri ang mga larawan at hingan sila ng paliwanag ukol dito.
3. Ipabigay ang kahulugan ng suliraning panlipunan.
3. Ipabuo ang mga suliranin.
   a. Anu-ano ang mga suliranin at programang panlipunan sa panahon ng Batas-Militar?
   b. Anu-ano ang mga paraang isinagawa ng pamahalaan upang mapangalagaan ang kaligtasan ng bansa?

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

May mga suliraning panlipunan sa panahong ito na sinikap ng pamahalaan na ihanap ng kalutasan sa pamamagitan ng paglulunsad ng iba't ibang programa.

2. ***Paglalapat:***

Magpabigay ng ilang mga suliraning panlipunan sa kasalukuyan.
Ipatalakay ang mga program a ng pamahalaan para sa kalutasan ng mga ito.

IV. Pagtataya

Isulat ang **T** kung tama ang ipinahahayag ng pangungusap at **DT** kung di-tama.

_____ 1. Inilunsad ang BLISS bilang programang pabahay ng pamahalaan para sa mga pamilyang mabababa ang sweldo.
_____ 2. Tumutulong sa kaayusan ng pamahalaan ang NPA o New People's Army.
_____ 3. Nagdudulot ng iba't ibang sakit ang masisikip at maruruming paligid sa mga pook-iskwater.
_____ 4. May mabuti at di-mabuting epekto sa mga mamamayan ang ibang programa at proyekto ng pamahalaan.
_____ 5. Malaking tulong sa mga magsasakang walang sariling lupa ang reporma.sa lupa.

V. Kasunduan

Gumuhit ng mga larawang may kinalaman sa kalagayang panlipunan. Ipaliwanag ang iyong larawan.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

1. Natutukoy ang mga pagbabago sa Saligang-Batas ng 1973
2. Nahihinuha ang magiging epekto ng paggawad ng higit na kapangyarihan sa pangulo
3. Naipaliliwanag ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa Batas-Militar
4. Nasasabi ang mabuti at di-mabuting patakaran ng Batas-Militar

II. Paksang-aralin

Reaksyon ng mga Pilipino sa Patakaran ng Batas-Militar

Sanggunian: BEC-PELC VII. C 1-4
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mgaplaskard, Saligang-Batas

Pagpapahalaga: Pakikiisa at pakikilahok nang masigla sa mga gawain

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magbalitaan tungkol sa paksang may kinalaman sa aralin.

2. ***Pagsasanay***

Magpabigay ng paliwanag tungkol sa mga sumusunod:

Pagbabago sa pamamahala	mga batas at tuntunin
Programang panlipunan	pagtatakda ng Batas-Militar

3. ***Balik-aral***

Anu-ano ang programa ng pamahalaan sa paglutas ng mga suliraning panlipunan at pangkabuhayan?

B. Panlinang na Gawain:

1. Magbigay ng isang isyu sa klase. Hingan ng reaksyon ang mga bata tungkol dito.
2. Ipakita ang salitang Saligang-Batas ng Pilipino.
3. Iugnay ang mga ito sa paksang-aralin.
4. Ilahad ang apat na paksang tatalakayin.
5. Pangkatin ang mga bata sa apat. Magpalabunutan sa kanilang magiging paksa.
   - Pangkat I - Mga Pagbabago sa Saligang - Batas ng 1973
   - Pangkat II - Epekto ng Paggawad ng Higit na Kapangyarihan sa Pangulo
   - Pangkat III - Reaksyon ng mga Pilipino sa Batas-Militar
   - Pangkat IV - Mabuti at Di-mabuting Patakaran ng Batas Militar.

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

Gabayan ang mga bata upang makabuo ng paglalahat

2. ***Paglalapat:***

Ipatalakay ang mga probisyon sa Saligang-Batas ng 1987 na may kinalaman sa

sumusunod:

Uri ng Pamahalaan	Pinuno ng Bansa	Sangay ng Pamahalaan

IV. Pagtataya

Isa-isahin ang mga sumusunod:

A. Mga pagbabago sa Saligang-Batas ng 1973.
B. Epekto ng paggawad ng higit na kapangyarihan sa pangulo
C. Reaksyon ng mga Pilipino sa Batas Militar
D. Mabuti-at di-mabuting patakaran ng Batas Militar

V. Kasunduan

Maghanda para sa pagsusulit.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

- Nasasabi ang dahilan ng pagbagsak ng ekonomiya noong 1983


II. Paksang-aralin

Mga Dahilan ng Pagbagsak ng Ekonomiya noong 1983

Sanggunian: BEC-PELC VIII. Al
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan ng mga dahilan ng pagbagsak ng ekonomiya noong 1983

Pagpapahalaga: Pagkakaroon ng determinasyon

III. Pamamaraan:



A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magbalitaan tungkol sa kalagayan ng ekonomiya sa kasalukuyan.

2. ***Pagsasanay***

Punan ng wastong titik ang bawat kahon upang mabuo ang salitang tinutukoy.

1. namumuno sa bawat ministri

2. bilang ng tao



3. hininging pagbabago

R	E			R	M	

3. ***Balik-aral***

Anu-ano ang mabuti at di-mabuting patakaran ng Batas-Militar?

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipalarawan ang kapangyarihan ng pangulo sa Bagong Republika.
2. Pag-usapan ang mga larawang nagpapakita ng mga dahilan ng pagbagsak ng ekonomiya noong 1983.
3. Iugnay ito sa paksang-aralin.
4. Ipabuo ang suliranin.
   Anu-ano ang mga dahilan ng pagbagsak ng ekonomiya noong 1983?
5. Pabuksan ang batayang aklat upang makalikom ng mga datos.

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

May iba't ibang dahilan ang pagbagsak ng ekonomiya ng Pilipinas noong 1983.

2. ***Paglalapat:***

Paano nakaapekto sa pamumuhay ng mga Pilipino ang pagbagsak ng ekonomiya noong 1983?

IV. Pagtataya

Isulat ang **D** kung ang pangungusap ay nagsasabi ng dahilan ng pagbagsak ng ekonomiya at **DD** kung di dahilan.

_____ 1. Lumawak ang kapangyarihan ng pangulo.
_____ 2. Bumaba ang halaga ng piso.
_____ 3. Marami ang nawalan ng hanapbuhay.
_____ 4. Guminhawa ang pamumuhay sa barangay.
_____ 5. Iginalang ang karapatang pantao.

V. Kasunduan

Sagutin

Anu-anong mga programang pangkabuhayan ang isinagawa ng pamahalaan upang maiangat ang kabuhayan ng mga mamamayan?

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

1. Nailalarawan ang programang pangkabuhayan at ang epekto nito sa pamumuhay ng tao
2. Nabibigyang katwiran ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa mga patakaran ng pamahalaan

II. Paksang-aralin

Mga Programang Pangkabuhayan at Epekto Nito sa Pamumuhay ng Tao

Sanggunian: BEC-PELC VIII. A 2 at 3
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan

Pagpapahalaga: Pagsisikap at pagpupunyagi

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magbalitaan tungkol sa mga programang inilunsad ng pamahalaan sa kasalukuyan na may kinalaman sa pag-unlad ng kabuhayan ng mga mamamayan.

2. ***Pagsasanay***

Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod:
BLISS GSIS LRT MNLF NEDA

3. ***Balik-aral***

Ipaisa-isa ang mga naging dahilan sa pagbagsak ng ekonomiya noong 1983.

B. Panlinang na Gawain:

1. Pag-usapan ang mga lara wang nagpapakita ng kabuhayan ng bansa.

2. Iugnay ito sa paksang-aralin.
3. Ipabuo ang suliranin.
   Anu-ano ang mga programang pangkabuhayang inilunsad ng pamahalaan? .
4. Pabuksan ang batayang aklat upang makalikom ng mga datos.
5. Pabigyang katwiran ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa mga patakaran ng pamahalaan.

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

May iba't ibang programang pangkabuhayan ang inilunsad ng pamahalaan na nagkaroon ng epekto sa pamumuhay ng tao.

2. ***Paglalapat:***

Magpabigay ng mga reaksyon tungkol sa mga isyu na may kinalaman sa kabuhayan ng bansa.

IV. Pagtataya

Isulat ang T kung ang inihahayag ng pangungusap ay tama at M kung mali.

_____ 1. Ang Kilusang Kabuhayan at Kaunlaran (KKK) ay inilunsad upang bigyan ng kasanayan sa pamumuhunan ang mga tao.
_____ 2. Ang proyektong "Sariling Sikap" ay isinagawa upang malinang sa bawat mag-anak ang pag-asa sa kanilang sariling kakayahan.
_____ 3. Ang proyektong "Biyayang Dagat" ay inilunsad upang kumita nang malaki ang mga mangingisda.
_____ 4. Ang mga mamamayan ay naging maligaya sa mga patakaran ng pamahalaan.
_____ 5. Ang mga pinunong bayan ay hindi nagpataw ng buwis sa mga mamamayan.

V. Kasunduan

Sagutin:

Paano nakipaglaban ang mga Pilipino upang muling makamit ang demokrasya? Sumangguni sa mga batayang aklat sa HEKASI

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

- Natatalakay ang bahaging ginagampanan ng kababaihan sa panahong ito.

II. Paksang-aralin

Bahaging Ginagampanan ng Kababaihan sa Panahong Ito

Sanggunian: BEC-PELC VIII. B 1
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan

Pagpapahalaga: Pagpapahayag ng damdamin sa mapayapang paraan.

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magbalitaan tungkol sa mga gawaing ginagampa:na~ ng mga kababaihan sa kasalukuyang panahon.

2. ***Pagsasanay***

Itambal ang mga suliranin sa mga programang itinaguyod upang malutas ang mga ito.

Hanay A	Hanay B
_____ 1. Paglaki ng populasyon	a. pagpapatibay ng reporma sa lupa
_____ 2. Kakulangan ng hanapbuhay	b. pagpaplano ng pamilya
_____ 3. Mga magsasakang walang lupa	c. pagpapatayo ng mga pagawaan
_____ 4. Pag-unlad ng edukasyon	d. pagpapautang ng GSIS at SSS
_____ 5. Walang sariling bahay at lupa	

	e. pagtatakda ng “work-oriented” kurikulum f. pagtataguyod ng mga programang panlipunan.

3. ***Balik-aral***

Magpabigay ng mga konseptong natutuhan sa nakaraang aralin.

B. Panlinang na Gawain:

1. Magpakita ng larawan ng mga tanyag na babaing Pilipino. Magpabigay ng nalalaman tungkol sa bawat isa. Ilahad ang paksang-aralin.
2. Ipabuo ang suliranin.
3. Anu-ano ang bahaging ginagampanan ng mga kababaihan sa panahon ng Bagong Republika?
4. Pabuksan ang aklat upang makalikom ng mga datos.
5. Ipalarawan ang reaksyon ng mga Pilipino nang mawalang-halaga ang karapatan sa pagboto.

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat****:*

May iba't ibang bahaging ginampanan ang mga kababaihan sa panahon ng Bagong Republika.

2. ***Paglalapat****:*

Magpabigay ng halimbawa ng isang tanyag na babae. Ipalarawan arig kanyang natatanging gawain sa kaunlaran ng bansa.

IV. Pagtataya

Isulat ang T kung ang inihahayag ng pangungusap ay tama at M kung mali.

_____ 1. Nakilahok ang mga kababaihan sa mga gawaing makatutulong sa panlipunan at pangkabuhayang pagbabago sa pamahalaan.
_____ 2. Kulang sa kakayahan at kasanayan ang mga kababaihan sa pagganap ng mga gawaing makabubuti sa kalagayan ng bansa.
_____ 3. Nanatili lamang sa tahanan ang mga kababaihan sa panahong ito.
_____ 4. Naging aktibo sa iba't ibang larangan ang mga kababaihan sa panahong ito.
_____ 5. May iba't ibang bahaging ginampanan ang mga kababaihan sa pagbabagong pampulitika sa bansa.

V. Kasunduan

Sagutin:

Ilarawan ang EDSA Revolution noong Pebrero 23, 1986. Ipaliwanag kung bakit nagkaroon ng EDSA Revolution.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

1. Nailalarawan ang EDSA Revolution noong Pebrero 23, 1986
   a. Nasasabi ang tungkuling ginampanan ng media sa panahon ng "EDSA Revolution"
   b. Natatalakay ang kabayanihang ginawa ng mga Pilipino sa pakikiisa sa muling pagkakamit ng karapatan at kalayaan
2. Natatalakay ang epekto ng People Power para sa pagkakamit ng kalayaan

II. Paksang-aralin

Ang EDSA Revolution noong Pebrero 23, 1986

Sanggunian: BEC-PELC VIII. B 3-4
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan, mga plaskard

Pagpapahalaga: Pakikiisa at pagtutulungan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magbalitaan tungkol sa mahahalagang isyu sa kasalukuyan na may kaugnayan sa paksang-aralin.

2. ***Pagsasanay***

Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na akronim

EDSA KKK IMF RAM GABRIELA AFP

3. ***Balik-aral***

Anu-ano ang mga bahaging ginampanan ng mga kababaihan sa panahon ng Bagong

Republika?

B. Panlinang na Gawain:

1. Pag-usapan ang pagwawalang-halaga sa karapatan sa pagboto.
2. Magpakita ng mga larawan ng mga pangyayari sa Rebolusyon sa EDSA. Pag-usapan ito.
3. Ilahad ang paksa.
   Ipabuo ang suliranin.
4. Paano naganap ang EDSA Revolution noong Pebrero 23, 1986?

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

   Magbigay ng mga patnubay na tanong upang makabuo ng paglalahat ang mga bata.

2. ***Paglalapat:***

   Ipasagot: Paano mo maipakikita ang iyong pakikiisa at pakikipagtulungan sa isang magandang proyekto.

IV. Pagtataya

Magpasulat ng talata sa isa sa mga tatlong paksang inulat ng bawat pangkat.

V. Kasunduan

Pagbalik-aralan ang mga konseptong natutuhan sa mga aralin upang maging handa sa pagsusulit.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

1. Naibibigay ang patakaran ng isang demokratikong pamahalaan
2. Natatalakay ang mga paraan ng pangangalaga sa demokrasya at pagpapanatili nito

II. Paksang-aralin

Patakaran ng Demokratikong Pamahalaan

Sanggunian: BEC-PELC IX. A 1 at 2
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga plaskard

Pagpapahalaga: Pagmamahal sa kalayaan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magbalitaan tungkol sa mga kalayaang tinatamasa sa kasalukuyang pamamahala.

2. ***Pagsasanay***

Punan ng wastong salita ang bawat patlang upang mabuo ang pangungusap.

1. Ang naging uri ng pamahalaan sa Bagong Republika ay _____.
2. Ang pinunong tagapagpaganap ay ang
3. Ang pinakamataas na hukuman ay ang

3. ***Balik-aral***

Magpabigay ng mga konseptong natutuhan sa nakaraang mga aralin.

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipakita ang salitang demokratiko na nakasulat sa plaskard. Magpabigay sa mga bata ng kanilang nalalaman tungkol dito.
2. Iugnay ito sa paksang-aralin.
3. Ipabuo ang suliranin.
   a. Ano ang mga patakaran ng isang demokratikong pamahalaan?
   b. Paano mapangangalagaan at mapananatili ang demokrasya?
4. Pangkatin ang mga bata sa paglikom ng mga datos. Bigyan sila ng mamla paper at pen tel pen.
   a. Ipatala ang mga patakaran sa demokratikong pamahalaan.
   b. Ipatalakay ang mga paraan ng pangangalaga at pagpapanatili ng demokrasya.
5. Gawaing Kolaborativ
   a. Ipaulat ang ginawang grapikong presentasyon ng bawat pangkat.
   b. Pabigyang-halaga ang presentasyon ng bawat pangkat.

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

   Magbigay ng mga patnubay na tanong upang mabuo ang paglalahat.

2. ***Paglalapat:***

   Bumuo ng triads. Pag-usapan kung paano makatutulong ang mga mamamayan sa pagpapanatili ng demokrasya.

IV. Pagtataya

Isulat ang (✔) kung nagsasabi ng tungkol sa demokrasya at (x) kung hindi.

_____ 1. Sinusunod ang pasya ng pinuno ng bansa.
_____ 2. May karapatang tinatamasa ang mga mamamayan.
_____ 3. Inihahalal ng mga mama:nayan ang mimumuno sa bansa.
_____ 4. Iginagalang ang pasya ng nakararami.
_____ 5. Iisa ang pinanggagalingan ng kapangyarihan.

V. Kasunduan

Magpatala ng iba't ibang suliraning nararanasan sa bansa. Ipauri ang mga suliraning ito.

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

Naiisa-isa ang mga suliraning pampulitika, pangkabuhayan, at panlipunang kinakaharap ng bansa

II. Paksang-aralin

Mga Suliraning Pampulitika, Pangkabuhayan, at Panlipunang Kinakaharap ng Bansa

Sanggunian: BEC-PELC IX. A 4
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan

Pagpapahalaga: Pagiging mapagtimpi

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Magpatanghal ng isang drama-balita tungkol sa mga suliranin ng bansa sa kasalukuyang panahon.

2. ***Pagsasanay***

Anu-ano ang mga patakaran sa demokratikong pamamahala?

3. ***Balik-aral***

Paano mapangangalagaan ang demokrasya?

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipaliwanag ang tatlong uri ng suliranin.

Pampulitika - may kinalaman sa pamamahala ng bansa
Panlipunan - nauukol sa kalagayan ng pamumuhay at pakikipag-ugnayan sa isa't isa ng mga mamamayan
Pangkabuhayan - mga gawaing may kinalaman sa ikinabubuhay ng mga tao

2. Magpakita ng mga larawan ng iba't ibang uri ng suliraning kinakaharap ng bansa. Ipasuri ito.
3. Ipapangkat angmga suliranin.

Mga Suliranin		
Pampulitika	**Panlipunan**	**Pangkabuhayan**

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

May iba't ibang suliraning pampulitika, pangkabuhayan, at panlipunang kinakaharap ang bansa.

2. ***Paglalapat:***

Pangkatin ang mga bata sa tatlo. Bawat pangkat ay magpapakita ng sitwasyon tungkol sa mga suliranin ng bansa.

Pangkatin ang mga bata sa tatlo. Bawat pangkat ay magpapakita ng sitwasyon tungkol sa mga suliranin ng bansa.

Pangkat 1 - Suliraning Pampulitika
Pangkat 2 - Suliraning Pangkabuhayan
Pangkat 3 - Suliraning Panlipunan

Ipatanghal ang inihandang pangkatang gawain at pabigyang halaga ito.

IV. Pagtataya

Isulat ang, PP kung ang suliranin ay pampulitika, PK kung pangkabu- hayan, at PL kung panlipunan.

_____ 1. Pagbaba ng halaga ng piso at pagtaas ng presyo ng mga bilihin
_____ 2. Pagkakaroon ng coup d' etat
_____ 3. Pagkakaroon ng madalas na brownoutsa bansa
_____ 4. Pagbagsak ng moralidad
_____ 5. Pagrerebelde

V. Kasunduan

Sagutin:

Anu-ano ang mga paraang/programang isinagawa sa paglutas ng iba't ibang suliranin?

HEKASI V

Date: _____

I. Layunin

1. Natatalakay ang mga paraang/programang isinagawa sa paglutas ng mga suliraning ito
2. Natatalakay ang epekto ng mga patakaran at programang ito sa pamumuhay ng tao

II. Paksang-aralin

Mga Programang Isinagawa at Epekto Nito sa Pamumuhay ng Tao

Sanggunian: BEC-PELC IX. A 5 at 6
Batayang Aklat sa HEKASI 5
Kagamitan: mga larawan, mga plaskard

Pagpapahalaga: Pagiging mapamaraan

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain:

1. ***Balitaan***

Pagbabalitaan tungkol sa mga programang pangkabuhayan ng kasalukuyang administrasyon

2. ***Pagsasanay***

Ipabigay ang kahulugan ng mga sumusunod

a. ekonomiya
b. iboykot
c. amnestiya
d. kabalikat
e. reporma

3. ***Balik-aral***

Magpabigay ng mga halimbawa ng iba't ibang suliraning kinakaharap ng bansa.

B. Panlinang na Gawain:

1. Ipakita ang larawan ng mga naging pangulo ng bansa pagkatapos ng EDSA Revolution.
   Corazon Aquino Joseph Estrada
   Fidel Ramos Gloria Arroyo
2. Gunitain ang mga suliraning kinakaharap ng bansa.
3. Ilahad ang paksa.
4. Ipabuo ang suliranin.
   Anu-ano ang mga paraang/programang isiriagawa ng iba't ibang pangulong nanungkulan sa bansa upang malutas ang mga suliraning ito? Paano nakaapekto ang mga ito sa pamumuhay ng mga tao?
5. Gawaing Kolaborativ
   a. Presentasyon ng mga pangkatang gawain
   b. Pagtatanungan
   c. Pagbibigay-halaga sa mga ipinakitang pangkatang gawain

C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat**:*

   May iba't ibang paraang/programang isinagawa ang mga naging pangulo ng bansa upang malutas ang iba't ibang suliranin na nagkaroon ng epekto sa pamumuhay ng tao.

2. ***Paglalapat**:*

   Kung may dumarating na suliranin sa inyong pamilya, paano ninyo ito nilulutas?

IV. Pagtataya

Isulat kung sinong pangulo ang naglunsad ng sumusunod na mga programa ng pamahalaan para sa mga mamamayan.

1. Comprehensive Agrarian Reform Program para sa mga magsasaka
2. People Empowerment o ang pagbibigay-Iakas sa taong-bayan bilang kabalikat ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng bansa
3. Pagsugpo sa pagpupuslit at pagbibili ng droga sa bansa
4. Botika ng Bayan para sa pangangailangan ng mahihirap.
5. Economic Processing Zone para sa mga Pilipinong may kasanayang pangagham at panteknolohiya

V. Kasunduan

Maghanda para sa pagsusulit.